
Pansabadong mga Aralin sa Biblia
Sangay ng Nakatatanda



# Mga Aral Mula sa mga *Sulat ni Pedro* (II)

Vol. 100, No. 3
Hulyo-Setyembre, 2024

# Mga Nilalaman

1. Ang Nakamamanghang Pagtakas............5
2. Buong Sikap na Umaakyat sa Hagdan...10
3. Sa Kapurihan ay Ipagpauna ng Isa't isa ang Iba ..................................................15
4. Ang Pinakamataas na Hangarin............20
5. Pagsikapang Matiyak..............................25
6. Pinatatag ng Pangkasalukuyang Katotohanan 31
7. Propesiya para sa ating Kapakinabangan.........................................36
8. Kadalisayan sa Isang napakasamang Kapanahunan.............................................41
9. Pagpapahalaga sa Makalangit na Liwanag.......................................................47
10. Pagpapatatag ng Ating Kaisipan..........52
11. Karagdagang Panahon para sa Isang Layunin 57
12. Anong Uri ng Pagkatao? .......................62
13. Nagsusumikap Hanggang sa Wakas....67

*Pansabadong Mga Aralin sa Biblia*, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamang sa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maikli hangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [ ] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maalwang pagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga siniping babasahin ay mariing iminumungkahi.

**Mga Ilustrasyon:** GoodSalt on the front cover; Adobe Stock on pp. 25, 72; Map Resources on pp. 4, 46, 72.
Copyright © 2024 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA. Telephone: 1-540-362-1800 * www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

*Sabbath Bible Lessons* (USPS 005-118), Vol. 100, No. 3, Hulyo-Setyembre, 2024. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Copyright © 2024, printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

**U.S.A. AND CANADA**
**Contact:** Telephone 1-540-366-9400 * Fax 1-540-366-2814 * Website: www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

**Annual subscriptions in U.S.A.**: U.S. $16.95. Large print $24.95. International (airmail) $22.00. Single copies $5.50. Large print $8.50. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.
POSTMASTER, please send address changes to: *Sabbath Bible Lessons*, **P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.**

**AUSTRALIA**
**Contact:** Telephone 61-2-9627-7553 * Fax 61-2-9627-7554 * Website: www.sdarm.org.au * E-mail: info@sdarm.org.au

**Annual subscriptions in Australia:** AU $20.50 (individual copies $6.00). Other countries, economy air $26.00. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: *Sabbath Bible Lessons*, **P. O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.**

**SOUTH AFRICA**
**Contact:** Telephone & Fax 27-011-336-7064 * Website: www.sdarmsa.org.za * E-mail: admin@sdarmsa.org.za

**Annual subscriptions in South Africa:** R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: *Sabbath Bible Lessons*, **P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.**

# Paunang Salita

Ikaw ba ay naghahanap ng tagumpay sa iyong buhay Kristiyano? Kung gayon dumating ka sa tamang lugar:

"Sa ikalawang sulat na ipinahayag ni Pedro sa mga nagtamo ng 'katulad ng napakahalagang pananampalataya' ng sa kanya mismo, ang apostol ay inilahad ang banal na plano para sa pagpapalago ng Kristiyanong pag-uugali."—*The Acts of the Apostles,* p. 529.

"Ang unang kabanata ng Ikalawang Pedro ay puno ng pagtuturo, at tumatama sa pangunahing batayan ng tagumpay. Ang katotohanan ay nakakamanghang ipinasok sa kaisipan sa paraan kung paano ito ipinahayag sa kabanatang ito. Higit nating irekomenda ang pag-aaral ng mga salitang ito, at ang pagsasagawa ng mga tuntunin nito."—*The SDA Bible Commentary,* vol. 7, p. 942.

Napakahalaga na bumuo ng tunay na Kristiyanong mga pag-uugali sa isang panahon sa kasaysayan kung saan malapit na tayong tumayo nang walang Tagapamagitan na nagsusumamo para sa atin sa pinakabanal na lugar ng makalangit na santuwaryo! Sa mga solemneng saloobin ng isipan, ang mga mag-aaral sa Sabbath school sa buong mundo ay magtutuon ng pansin sa Mga Aral Mula sa Mga Sulat ni Pedro (II).

"Walang panahon na mas napakahalaga na dapat nating tanggihan ang ating mga sarili at pasanin ang krus araw-araw kaysa ngayon. Gaano katinding pagtanggi sa sarili ang handa nating gawin?"—Testimonies for the Church, for the Church9.

"Tayo ay dapat maging kabahagi ng banal na likas, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. . . .

"Walang ganoong bagay sa Salita ng Diyos na walang kondisyong paghirang—minsang biyaya, laging nasa biyaya. Sa ikalawang kabanata ng Ikalawang Pedro ang paksa ay ginawang simple at maliwanag. . . .

"Ang Banal na Kasulatan ay ninlinaw na ang mga dating nakakaalam ng paraan ng buhay at nagalak sa katotohanan ay nasa panganib na mahulog sa apostasya, at mawala. Kaya't kinakailangan ng isang desidido, araw-araw na pagkahikayat sa Diyos.

"Lahat ng nagsisikap na sang-ayunan ang doktrina ng paghirang, minsang biyaya, palaging nasa biyaya, ginagawa ito laban sa maliwanag na, 'Ganito ang sabi ng Panginoon.' . .

"Yaong mga tunay na nahikayat ay inilibing na kasama ni Kristo tulad ng Kanyang kamatayan, at ibinangon mula sa matubig na libingan tulad ng Kanyang muling pagkabuhay, upang lumakad sa panibagong buhay. Sa pamamagitan ng matapat na pagsunod sa katotohanan ay dapat gawing ang kanilang pagkatawag at pagkahirang ay tiyak."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 6, pp. 1114, 1115.

"Sa pamamagitan ng pagtingin at pagtulad sa buhay [ni Kristo] tayo ay mababago ayon sa Kanyang wangis. Ang kaluwalhatian ng langit ay sisinag sa ating buhay at magliliwanag sa iba. Sa trono ng biyaya ay matatagpuan natin ang tulong na kinakailangan natin upang tayo ay mamuhay nang gayon. Ito ang tunay na pagpapakabanal, at ano pang mataas na kalagayan ang ninanais ng mga mortal kaysa sa pag-uugnay kay Kristo tulad isang sanga na nakakabit sa puno ng ubas?"—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 306. Amen!

*Ang General Conference Sabbath School Department*

## Handog sa Unang Sabbath para sa isang Chapel, School, at Office sa Liberia




Kung minsan ay tinutukoy bilang isa sa mga huling hangganan ng Africa, ang Liberia ay isang mainit at maulan-ulan na bansa sa kanlurang baybayin ng kontinente ng Africa, na nasa hangganan ng Sierra Leone, Ivory Coast, Guinea, at Karagatang Atlantiko. Sa populasyon na mahigit 5 milyon, 85.3% ang nag-aangking Kristiyano (karamihan ay mga Protestante, kabilang ang Seventh-day Adventists), 12.6% ang nag-aangking Islam, 1.5% ang nag-aangkin ng walang relihiyon, at 0.6% ang sumusunod sa mga relihiyon ng tribo.

Ang pinakamatandang republika sa Africa, ang Liberia ay sinusubukan pa ring makabangon mula sa 14 na taon ng nagwawasak na digmaang sibil (1989–2003) na sumira sa kaayusan ng bansang ito, na itinuturing na isa sa 10 pinakamahirap sa mundo. Ang agrikultura ay nasira, at ang imprastraktura at mga industriya ay naiwan sa pagkawasak.

Sa gitna ng kahirapan, noong 2011, ang mga kapatid sa Liberia ay naakit sa mga doktrina ng Seventh Day Adventist Reform Movement sa pamamagitan ng website ng SDARM GC, www.sdarm.org, at ang gawain ay inorganisa dito noong 2012. Simula noon, ito ay umunlad mula sa kabiserang lungsod ng Monrovia hanggang sa tatlo sa 15 na bansa ng Liberia.

Bagama't tapos na ang sibil na krisis, makikita pa rin sa buong bansa ang mga galos ng mga sugat nito. Sira ang ekonomiya, at madalas mahirap makakuha ng trabaho dito kung hindi mangangako ng katapatan sa isang partidong pampulitika. Ang mga kalagayan ay nakapipinsala, ngunit ang ating pananampalataya ay nagpapatuloy.

Upang mapaunlad ang gawain sa Liberia, may agarang pangangailangan para sa mga head quarter gayundin ng isang lugar para sa pagsamba at para mapahusay ang ating mga gawaing medikal na misyon. Kinakailangan din na maglagay ng isang primaryang paaralan para sa ating mga anak na nahaharap sa mga hamon dahil kailangan nilang lumiban sa mga pagsusulit at mga karagdagang klase na naka-iskedyul sa Sabbath.

Noong 2019, isang kapatid na lalaki (na mula noong namatay) ay magiliw na nag-donate ng ilang lupain na nakatuon sa pagtatayo ng isang paaralan, sanitarium, at lugar para sa opisina. Upang simulan ang kapilya at ang mga kinakailangang proyektong ito, biniyayaan tayo ng isang acre na parcel sa Nyanforla (Collins Farm) sa lower Bong County, pati na rin ang isa pang parsela na humigit-kumulang 1/4 acre sa Monrovia.

Dahil dito, magiliw naming hinihiling sa lahat ng mga kapatid sa buong mundo na tulungan kami sa Mga Handog sa Unang Sabbath upang maabot namin ang mga layunin na kailangan para mapaunlad ang gawain ng Panginoon sa Liberia. Nagpapasalamat kami sa inyo nang maaga!

*Ang inyong mga kapatid na lalaki at babae mula sa Liberia*

# Ang Nakakamanghang Pagtakas

**SAUSAULUHING TALATA: "Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita." (2 Pedro 1:4).**

"O, ang mga may napakaliit na espirituwal na buhay ay mapagtanto na ang buhay na walang hanggan ay maipagkakaloob lamang sa mga taong naging bahagi ng banal na likas at nakatakas sa kabulukang nasa sanglibutan sa dahil sa masamang pita!"—*Testimonies for the Church,* vol. 9, p. 155.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol* 5 pp. 737 - 746;
*Thoughts From the Mount of Blessing, pp.* 76–78.

## *Linggo* *June 30*

**1. ISANG SULAT NA MAY LAYUNIN**

**a. Para kanino—at bakit—ang sulat na ito ipinaaabot, at paano ang lahat naging posible? 2 Pedro 1:1.**

---

"Napakarangal na tema nito para sa pagninilay-nilay—ang kabutihan ng Diyos at ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang pagninilay kay Kristo at sa Kanyang katuwiran ay hindi nag-iiwan ng puwang para sa katuwiran sa sarili, para sa pagluwalhati sa sarili. Sa kabanatang ito ay walang pagtigil. Mayroong patuloy na pagsulong sa bawat yugto ng kaalaman kay Kristo."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 942.

**b. Habang tayo ay tunay, masigasig na naghahanap sa Diyos sa Kanyang Salita, anong mga gantimpala ang saganang dumadaloy sa ating mga puso? 2 Pedro 1:2.**

---

"Kung ang tao ay nanghahawakan sa banal na likas, gumagawa sa plano ng pagdagdag, nagdaragdag ng biyaya sa biyaya sa pagpapasakdal ng Kristiyanong pag-uugali, gagawa ang Diyos sa plano ng pagpaparami. Sinabi Niya sa Kanyang salita: 'Ang biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Diyos, at kay Jesus na Panginoon natin.' "—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 148.

## 2. ANG PAGPAPALA NG PAGKILALA SA DIYOS

**a. Anong mapalad na katiyakan ang dumarating sa bawat isa sa atin—at pinahahalagahan sa mahihirap na mga panahon? Jeremias 24:7; Job 22:21–23, 29.**

---

"Ang ating pag-asa ay ang patuloy na pinalalakas ng kaalaman na si Kristo ang ating katuwiran. Hayaang ang ating pananampalataya ay manatili sa pundasyong ito, sapagkat ito ay mananatiling matatag magpakailanman. Sa halip na manahan sa kadiliman ni Satanas at matakot sa kanyang kapangyarihan, dapat nating buksan ang ating mga puso upang tanggapin ang liwanag mula kay Kristo at hayaan itong magliwanag sa sanlibutan, na nagpapahayag na Siya ay higit sa lahat ng kapangyarihan ni Satanas, na ang Kanyang umaalalay na bisig ay tutulong sa lahat ng nagtitiwala sa Kanya."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 742.

**b. Habang lalo nating nakikilala si Jesus, ano ang mga resulta? Oseas 13:4; Efeso 3:17–19.**

---

"Ang limitadong pananaw ng marami sa napakadakilang katangian at katungkulan ni Kristo ang nagpapaliit ng kanilang espirituwal na karanasan at lubhang nakakahadlang sa kanilang pag-unlad sa banal na pamumuhay. Ang personal na pananampalataya sa atin bilang isang bayan ay nasa mababang antas. Maraming anyo, maraming makinarya, maraming relihiyon sa dila; ngunit isang bagay na mas malalim at mas matibay ang dapat dalhin sa ating pang-espirituwal na karanasan."—Ibid., p. 743.

"Sinabi ni Jesus: 'Ang Ama Mismo ay umiibig sa iyo.' Kung ang ating pananampalataya ay nakatuon sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, ito ay magpapatunay na 'tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pag-asa na matibay at matatag, at pumapasok sa nasa loob ng tabing; na doo'y pumasok dahil sa atin si Jesus, na gaya ng Pangunahin.' Totoo na ang mga kabiguan ay darating; kapighatiang dapat nating asahan; ngunit dapat nating ipagkatiwala ang lahat, malaki at maliit, sa Diyos. Hindi siya nalilito sa dami ng ating mga karaingan o nabibigatan sa bigat ng ating mga pasanin. Ang Kanyang pagbabantay ay umaabot sa bawat tahanan at pumapalibot sa bawat isa; Siya ay may pagmamalasakit sa lahat ng ating gawain at sa ating mga kalungkutan. Tinatandaan niya ang bawat pagluha; Siya ay nahahabag sa ating mga kahinaan. Lahat ng mga paghihirap at pagsubok na dumarating sa atin dito ay pinahihintulutan, na gawin ang Kanyang mga layunin ng pag-ibig sa atin, 'upang tayo ay makabahagi sa Kanyang kabanalan' at sa gayon ay maging mga kalahok sa ganap na kagalakan na matatagpuan sa Kanyang presensya.

" 'Ang Diyos ng sanlibutang ito ay binulag ang mga kaisipan ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng kaluwalhatian ng ebanghelyo ni Cristo, na siyang wangis ng Diyos, ay suminag sa kanila.' Ngunit ang Bibliya sa pinakamatibay na mga termino ay nagtakda sa atin ng kahalagahan ng pagtatamo ng kaalaman sa Diyos."—Ibid., p. 742

## 3. PAGSISIKAP AT PAGHAHANAP

**a. Ilarawan ang kalagayan ng sanlibutan ngayon. 1 Juan 5:19. Gayunman, gaano karami ang ibinigay ng Diyos sa Kanyang salita? 2 Pedro 1:3.**

---

"Ito ang patuloy na pag-aaral ni Satanas na panatilihing abala ang isipan ng mga tao sa mga bagay na makakahadlang sa kanilang pagtatamo ng kaalaman sa Diyos. Siya ay nagsisikap na panatilihin silang nananahan sa kung ano ang magpapadilim sa pag-unawa at magpapahina ng kaluluwa. Tayo ay nasa mundo ng kasalanan at kabulukan, napapaligiran ng mga impluwensyang may posibilidad na makaakit o makapanghina ng kalooban sa mga tagasunod ni Kristo. Sinabi ng Tagapagligtas: 'At dahil sa pagsagana ng katampalasanan ang pag-ibig ng marami ay lalamig.' Karamihan ay itinutuon nila ang kanilang mga mata sa matinding kasamaang umiiral sa paligid nila, ang mga pagtalikod sa pananampalataya at kahinaan sa bawat panig, at kanilang pinag-uusapan ang mga bagay na ito hanggang ang kanilang mga puso ay mapuno ng kalungkutan at pag-aalinlangan. Kanilang pinananatiling nangingibabaw sa isipan ang dalubhasang paggawa ng matinding manlilinlang at nananahan sa mga nakapanghihina ng kalooban na mga punto ng kanilang karanasan, habang tila nalilimutan nila ang kapangyarihan ng makalangit na Ama at ang Kanyang walang katumbas na pag-ibig. Ang lahat ng ito ay ang tulad ng kagustuhan ni Satanas. Isang pagkakamali na isipin na ang kaaway ng katuwiran ay nabibihisan ng matinding kapangyarihan, kapag kaunti ang ating pagtutuon ng pansin sa pag-ibig ng Diyos at ng Kanyang kapangyarihan. Dapat nating sambitin ang pagka-makapangyarihan ni Kristo. Tayo ay lubos na walang kakayahan upang iligtas ang ating sarili mula sa mahigpit na pagkakahawak ni Satanas; ngunit ang Diyos ay nagtakda ng isang paraan ng pagtakas. Ang Anak ng Kataas-taasan ay may lakas upang ipaglaban ang pakikipagbaka para sa atin, at 'sa pamamagitan Niya na sa atin ay umibig' ay maaari tayong maging 'higit pa sa mga mapagtagumpay.' "—*Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 740, 741.

**b. Paano ang espirituwal na tagumpay ay derektang nauugnay sa masigasig na paghahanap ng mas higit na kaalaman sa Diyos? Kawikaan 9:10; 15:14 (unang bahagi).**

---

"Ang kaalaman sa Diyos ang pundasyon ng lahat ng tunay na edukasyon at ng lahat ng tunay na paglilingkod. Ito ang tanging tunay na pananggalang laban sa tukso. Ito lamang ang makagagawa sa atin ng tulad sa Diyos na pag-uugali.

"Ito ang kaalamang kinakailangan ng lahat ng gumagawa para sa pagpapasigla ng kanilang kapwa. Ang pagbabago ng pag-uugali, kadalisayan ng pamumuhay, kahusayan sa paglilingkod, pagsunod sa tamang mga prinsipyo, lahat ay nakasalalay sa tamang kaalaman sa Diyos. Ang kaalamang ito ay ang kinakailangang paghahanda kapwa para sa buhay na ito at para sa buhay na darating."—*The Ministry of Healing,* p. 409.

## 4. LUBHANG NAPAKAHALAGA AT NAPAKADAKILANG MGA PANGAKO

**a. Ano ang maaari nating labis na minamaliit sa ating buhay Kristiyano? 2 Pedro 1:4.**

"Kung nais nating makatakas sa pagkakaroon ng isang masakit na karanasan, dapat tayong magsimula nang masigasig nang walang pagkaantala na lubusin ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig. Marami ang hindi nagbibigay ng tiyak na katibayan na sila ay tapat sa kanilang mga panata sa bautismo. Ang kanilang kasigasigan ay pinalamig ng pormalidad, makamundong ambisyon, pagmamataas, at pag-ibig sa sarili. Paminsan-minsan ang kanilang mga damdamin ay naaantig, ngunit hindi sila nahuhulog sa Bato, kay Jesu-Kristo. Hindi sila lumalapit sa Diyos na may mga pusong wasak sa pagsisisi at pagpapahayag ng kasalanan. Yaong mga nakakaranas ng gawain ng tunay na pagkahikayat sa kanilang mga puso ay maghahayag ng mga bunga ng Espiritu sa kanilang mga buhay."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, p. 155.

"Kapag tayo ay ligtas na nakaangkla kay Kristo, mayroon tayong kapangyarihan na walang sinumang tao ang makakakuha sa atin. Bakit ito? Dahil tayo ay kabahagi ng banal na likas Niya, na nakatakas sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita, kabahagi ng likas Niya na naparito sa mundong ito na nabibihisan ng pananamit ng sangkatauhan, upang Siya ay makatayo sa uluhan ng sangkatauhan. at bumuo ng isang pag-uugali na walang bahid o mantsa ng kasalanan.

"Bakit marami sa atin ang mahina at hindi mahusay? Ito ay dahil tayo ay tumitingin sa sarili, pinag-aaralan ang ating sariling mga ugali at iniisip kung paano tayo makakagawa ng isang lugar para sa ating sarili, sa ating sariling kakayahan, at sa ating mga di-karaniwang katangian, sa halip ng pag-aaral kay Kristo at sa Kanyang pag-uugali."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, p. 187.

**b. Anong pagbabago ang nangyayari sa atin kapag talagang nauunawaan natin ang mga pangakong ito? Roma 3:31; 8:14.**

"Bilang mga Kristiyano, nangako tayo sa ating sarili na unawain at gampanan ang ating mga responsibilidad, at ipakita sa sanlibutan na tayo ay may malapit na kaugnayan sa Diyos. Kaya sa pamamagitan ng makadiyos na mga pananalita at gawa ng Kanyang mga disipulo, si Kristo ay dapat katawanin.

Ang Diyos ay humihiling sa atin ng ganap na pagsunod sa Kanyang kautusan—ang kapahayagan ng Kanyang katangian. . . . Ang kautusang ito ay ang alingawngaw ng tinig ng Diyos, na nagsasabi sa atin, Mas Banal, oo mas lalo pang maging banal. Hangarin ang kapuspusan ng biyaya ni Kristo; oo, hangarin—magutom at mauhaw—sa katuwiran. Ang pangako ay, 'Ikaw ay mapupuspos.' Hayaang ang iyong puso ay mapuspos ng matinding pananabik para sa katuwirang ito, ang gawain na ipinapahayag ng Salita ng Diyos ay kapayapaan, at ang epekto nito ay katahimikan at katiyakan magpakailanman.

"Pribilehiyo natin na maging kabahagi ng banal na likas, na nakatakas sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pita."—*Bible Training School,* Pebrero 1, 1904.

# Huwebes
Hulyo 4

**5. NAKAKAMANGHANG INIHIWALAY**

**a. Ipaliwanag ang kalooban ng Diyos para sa bawat anak ng sangkatauhan. Juan 17:17; Awit 119:151.**

"Hinihiling ng Diyos sa atin ang pagkakatulad sa Kanyang wangis. Ang kabanalan ang nagpapakita ng maliwanag na sinag ng Kanyang kaluwalhatian mula sa Kanyang bayan. Ngunit upang maipakita ang kaluwalhatiang ito kinakailangan nating gumawa kasama ng Diyos. Ang puso at isipan ay dapat na mawalan ng laman ng lahat ng nagiging dahilan ng pagkakamali. Ang Salita ng Diyos ay dapat basahin at pag-aralan, ng may masigasig na pagnanais na matamo mula rito ang espirituwal na kapangyarihan. Ang tinapay ng langit ay dapat kainin at unawain, upang ito ay maging bahagi ng buhay. Sa gayon makakamit natin ang buhay na walang hanggan. Pagkatapos ay ang sagot sa panalangin ng Tagapagligtas, 'Pabanalin mo sila sa katotohanan; Ang Salita mo'y katotohanan.'

"Ang mga anghel ay hindi maaaring pumalit sa ating mga lugar; ngunit nakahanda silang makipagtulungan sa atin sa pag-akit ng mga kaluluwa kay Kristo; at hinihimok nila tayo na makipagtulungan sa pakikisama sa kanila."—*Bible Training School,* Pebrero 1, 1904.

"Ang Diyos ay malinaw na nagsabi na hinihiling Niya na tayo ay maging sakdal; at dahil hinihiling Niya ito, gumawa Siya ng probisyon upang tayo ay maging kabahagi ng banal na likas. Sa gayon lamang natin maaaring makamit ang tagumpay sa ating pagsusumikap para sa buhay na walang hanggan. Ang kapangyarihan ay ibinigay ni Kristo."—Ibid.

**b. Ano ang panawagan ng Diyos sa atin ngayon? 2 Corinto 6:15–18; 7:1.**

"Ang Maylalang ng sansinukob ay hinihimok tayo tulad ng isang mapagmahal na Ama. Kung ikaw ay humiwalay sa sanlibutan sa iyong mga damdamin, at mananatiling malaya mula sa karumihan nito, tinatakasan ang kabulukan na nasa sanglibutan dahil sa masasamang pita, ang Diyos ang magiging iyong Ama, tatanggapin ka Niya sa Kanyang sambahayan, at ikaw ay Kanyang magiging tagapagmana. Sa halip na sanlibutan, ibibigay Niya sa iyo, para sa buhay ng pagsunod, ang kaharian sa ilalim ng buong langit. Bibigyan ka Niya ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatian at isang buhay na walang hanggan."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 44.

# Biyernes
Hulyo 5

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL**

1. **Saan nagmumula ang mas higit na pananampalataya?**
2. **Ano ang maaaring hindi ko lubos na pinahahalagahan tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa akin?**
3. **Paano ang "mga punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama" sa ngayon gumagambala sa akin ?**
4. **Ano ang mangyayari kung ako ay ligtas na nakaangkla kay Kristo na hindi tulad ng dati?**
5. **Ayon sa leksiyong ito, paano ang aking may depektong pag-uugali mapapasakdal?**

# Buong Sikap na Umaakyat sa Hagdan

**SAULUHING TALATA: "Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan;" (2 Pedro 1:5, 6).**

"Si Pedro ay ipinahayag sa atin ang hagdan ng tunay na pagpapakabanal, na ang puno nito ay nasa sa lupa, habang ang dulo ay umaabot sa trono ng Walang-hanggan. Hindi natin maaabot ng isang pagsisikap ang pinakadulo ng hagdan na ito. Dapat tayong patuloy na umaakyat sa bawat baitang. Sa pakikibakang ito tayo ay nanganganib na mahilo, at manghina at bumagsak, maliban na lamang kung pananatilihin natin ang ating mga mata pataas, na nakatingin kay Jesus, ang gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya." — *The Review and Herald,* Disyembre 1, 1885.

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Ministry of Healing, pp.* 497–502.

## *Linggo* *Hulyo 7*

**1. ISANG NAPAKAHALAGANG KRISTIYANONG KATANGIAN**

**a. Anong hakbang ang susunod kapag masikap na itinatatag ang ating pananampalataya? 2 Pedro 1:5 (unang bahagi).**

"Pagkatapos na tanggapin ang pananampalataya sa ebanghelyo, ang ating unang gawain ay sikaping magdagdagan ng mga mabuti at dalisay na mga prinsipyo, at sa gayon ay malinisan ang isipan at puso para sa pagtanggap ng tunay na kaalaman." – Testimonies for the Church, vol. 1, p. 552.

"Ito ay isang patuloy na pakikibaka na maging laging handa upang labanan ang kasamaan; ngunit napakahalaga ang magkamit ng patuloy na tagumpay laban sa sarili at sa mga kapangyarihan ng kadiliman. . . .

"Kung walang dalisay, walang dungis na katangian, walang sinuman ang makakaangat sa anumang marangal na kadakilaan. Ngunit ang mga marangal na mithiin at ang pag-ibig sa katuwiran ay hindi namamana. Ang pag-uugali ay hindi mabibili; dapat itong mabuo ng mahigpit na pagsisikap na labanan ang tukso. Ang pagbuo ng isang tamang pag-uugali ay gawain sa buong buhay, at ito ay bunga ng mapanalanging pagninilay-nilay na kasama ng isang dakilang layunin. Ang kagalingan ng pag-uugali na iyong tinataglay ay dapat resulta ng iyong sariling pagsisikap. Maaaring pasiglahin ka ng mga kaibigan, ngunit hindi nila magagawa ang gawain para sa iyo. Ang paghahangad, pananabik, pangangarap, ay hindi kailanman gagawin kang dakila o mabuti. Kailangan mong umakyat. Bigkisan ang mga balakang ng iyong pag-iisip, at gumawa nang may buong kalakasan ng kakayahan ng iyong kalooban."—*Fundamentals of Christian Education,* p. 187.

## 2. ANG KAALAMAN NA KINAKAILANGAN PARA SA KALIGTASAN

**a. Ilarawan ang uri ng kaalaman na kailangan nating matamo sa pag-akyat sa hagdan ni Pedro. 2 Pedro 1:5 (huling bahagi); Juan 17:3.**

"Ang apostol ay ipinahayag sa harapan ng mga mananampalataya ang hagdan ng pagpapakasakdal ng Kristiyano, na ang bawat baitang nito ay kumakatawan sa patuloy na pagsulong sa kaalaman ng Diyos, at sa pag-akyat ay walang pagtigil. . . .

"Sa pagtanggap ng pananampalataya sa ebanghelyo, ang susunod na gawain ng mananampalataya ay dagdagan ang kanyang katangian ng kabutihan, at sa gayon ay malilinisan ang puso at maihahanda ang isipan para sa pagtanggap ng kaalaman sa Diyos. Ang kaalamang ito ang pundasyon ng lahat ng tunay na edukasyon at ng lahat ng tunay na paglilingkod. Ito ang tanging tunay na pananggalang laban sa tukso; at ito lamang ang maaaring gumawa sa isa na katulad ng Diyos sa pag-uugali. Sa pamamagitan ng kaalaman sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesu-Kristo, ay ibinigay sa mananampalataya ang 'lahat ng bagay na nauukol sa buhay at kabanalan. Walang mabuting kaloob ang ipinagkait sa kanya na tapat na nagnanais na makamit ang katuwiran ng Diyos." The Review and Herald, Setyembre 19, 1912.

"Dapat tayong matuto ng tungkol kay Kristo. Dapat nating malaman kung ano Siya sa mga tinubos Niya. Dapat nating mapagtanto na sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya ay pribilehiyo natin na maging kabahagi ng banal na likas, at sa gayon ay makatakas sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa masamang pita. Pagkatapos tayo ay malilinis mula sa lahat ng kasalanan, sa lahat ng mga depekto ng pag-uugali. Hindi natin kailangang panatilihin ang isang masamang gawi. . . .

"Habang nakikibahagi tayo sa banal na likas, ang mga minana at nilinang na mga hilig sa mali ay naaalis mula sa pag-uugali, at tayo ay ginagawang buhay na kapangyarihan para sa kabutihan. Patuloy na natututo tungkol sa banal na Guro, araw-araw na nakikibahagi sa Kanyang likas, tayo ay nakikipagtulungan sa Diyos sa pagdaig sa mga panunukso ni Satanas. Ang Diyos ay gumagawa, at ang tao ay gumagawa, upang ang tao ay maging kaisa ni Kristo kung paanong si Kristo ay kaisa ng Diyos."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 943.

**b. Banggitin ang pangalawang uri ng kaalaman na kinakailangan sa paglago ng Kristiyano. Awit 77:6; 2 Corinto 13:5.**

"Upang makatanggap ng tulong mula kay Kristo, dapat nating mapagtanto ang ating pangangailangan. Dapat tayong magkaroon ng tunay na pagkakilala sa ating sarili. Siya lamang ang nakakakilala sa kanyang sarili na isang makasalanan na si Kristo lamang ang maaaring magligtas. Tanging ang makita natin ang ating lubos na kawalang-kakayahan at talikuran ang lahat ng pagtitiwala sa sarili, tayo ay makakapanghawakan sa banal na kapangyarihan."—*Testimonies for the Church,* vol. 8, p. 316.

## 3. KINOKONTROL NG SARILI, HINDI WALANG PAGPIPIGIL SA SARILI

**a. Sa anong paksa ang mga kinasihang guro ng Ebanghelyo nananatili? Gawa 24:24, 25; Filipos 4:5.**

"Nagsalita ako sa mga tao mga isang oras at kalahati patungkol sa hagdan ni Pedro ng pagpapakabanal na binubuo ng walong baitang na sunod-sunod. Tinalakay ko ang pagpipigil at ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga magulang sa kanilang mga anak ng pagtanggi sa sarili, at pagpipigil sa sarili, na pinangangalagaan ang gana at panlasa mula sa pagpapakabuyo sa kapinsalaan ng kaisipan, moral, at pisikal na kalakasan.

"Ang mga aral tungkol sa pagpipigil sa sarili at pagtanggi sa sarili ay dapat tanggapin sa pamamagitan ng pagtuturo, sa pagkabata at kabataan. Ang panlasa ay dapat pigilan at turuan, at ito ang responsableng gawain na ipinagkakaloob sa mga magulang. Ang mga kabataan sa nakalipas na mga henerasyon ay naging simbolo sa lipunan.

"Kung ang mga magulang ay ginagawa ang kanilang tungkulin sa paghahain sa hapag ng masustansyang pagkain, inaalis ang mga nakakasira at nakakapagpaganang mga bagay, at kasabay nito ay tinuruan ang kanilang mga anak ng pagpipigil sa sarili, at tinuruan ang kanilang mga katangian upang lumago ang moral na kakayahan, hindi na natin ngayon dapat mahawakan ang leon ng kawalan ng pagpipigil. Matapos ang mga gawi ng pagpapakabuyo ay mabuo, at nabuhay kasama ng kanilang paglago at pinatibay ng kanilang lakas, gaano kahirap kung gayon para sa mga hindi pa nasanay nang maayos sa kabataan na tanggalin ang kanilang mga maling gawi at matutong pigilan ang kanilang sarili at ang kanilang hindi karaniwang panlasa. Gaano kahirap turuan ang gayong mga tao at ipadama sa kanila ang pangangailangan ng Kristiyanong pagpipigil, kapag sila ay umabot na sa hustong gulang. Ang mga aral sa pagpipigil ay dapat na magsimula sa bata na inuugoy pa sa duyan."—*The Review and Herald,* Mayo 11, 1876.

**b. Ano ang sunod na baitang sa hagdan—at bakit? 2 Pedro 1:6 (unang bahagi)**

"Ang Diyos ay hindi nagbigay ng pahintulot na labagin ang mga batas ng kanyang pagkatao. Ngunit ang tao, sa dahil sa pagbibigay-daan sa mga tukso ni Satanas na magpakabuyo sa kawalan ng pagpipigil, ay nagdudulot sa mas marangal na kakayahan sa pagpapasakop sa makahayop na gawi at pagkahumaling, at kapag ang mga ito ay nangibabaw, ang tao, na nilikhang mas mababa ng kaunti kaysa sa mga anghel, na may mga kakayahan na pinakamataas na malilinang, ay magpapasakop sa pagkontrol ni Satanas. At nakakakuha siya ng madaling daanan sa mga nasa pagkaalipin sa panlasa. Sa pamamagitan ng kawalan ng pagpipigil, ang ilan ay nagsasakripisyo ng kalahati, at ang iba ay dalawang-ikatlong bahagi, ng kanilang pangkatawan, pang-kaisipan, at moral na kakayahan. Silang mga may malilinaw na pag-iisip na mauunawaan ang mga pakana ni Satanas, ay dapat na ang kanilang pisikal na panlasa ay nasa ilalim ng kontrol ng kaisipan at budhi. Ang moral at masiglang pagkilos ng marangal na kakayahan ng pag-iisip ay kinakailangan sa pagpapasakdal ng Kristiyanong pag-uugali."—*The Health Reformer,* Marso 1, 1878.

## 4. PAGTITIIS IMPOSIBLE KUNG WALANG PAGPIPIGIL

**a. Paano ang pagpipigil ay patungo sa susunod na napakahalagang katangian sa hagdan? 2 Pedro 1:6 (gitnang bahagi); Lucas 21:19.**

---

"Anumang gawi o nakasanayan na magpapahina sa ugat at kakayahan ng isipan o pisikal na kalakasan ay hindi angkop para sa paggamit ng susunod na biyaya na darating pagkatapos ng pagpipigil—ang pagtitiis. . . .

"Ang isang taong walang pagpipigil, na gumagamit ng mga nakapagpapasiglang pagpapakabuyo—serbesa, alak, matatapang na inumin, tsaa at kape, opyo, tabako, o alinman sa mga sangkap na ito na nakasasama sa kalusugan—ay hindi maaaring maging isang mapagtiis na tao. Kaya ang pagpipigil ay isang baitang ng hagdan kung saan kinakailangan nating itapak ang ating mga paa bago natin maidagdag ang biyaya ng pagtitiis. Sa pagkain, sa pananamit, sa paggawa, sa tamang oras, sa nakapagpapalusog na ehersisyo, dapat tayong pinangangasiwaan ng kaalaman na ito ay tungkulin nating matamo upang, sa pamamagitan ng taimtim na pagsisikap, mailagay ang ating sarili sa tamang kaugnayan sa buhay at kalusugan." —*Our High Calling,* p. 69.

**b. Paano ang pagpipigil makakatulong sa paglago ng pagtitiis—at bakit pareho silang napakahalaga sa mga huling araw ng kasaysayan ng mundo? Pahayag 14:12.**

---

"Ang mga pag-aabuso sa tiyan sa pamamagitan ng pagbibigay-kaluguran sa panlasa ay ang mabungang pinagmumulan ng karamihan sa mga pagsubok sa iglesia. Yaong mga kumakain at nagtatrabaho nang walang pagpipigil at labis-labis, ay nagsasalita at kumikilos nang hindi makatuwiran. Ang isang hindi mapagpigil na tao ay hindi maaaring maging isang mapagtiis na tao. Hindi kinakailangang uminom ng mga alak na may alkohol upang maging walang pagpipigil. Ang kasalanan ng walang pagpipigil sa pagkain, pagkain ng masyadong madalas, sobrang dami, at ng labis, na hindi masustansyang pagkain, ay sumisira sa malusog na pagkilos ng panunaw na organo, nakakaapekto sa utak, at binabaluktot ang pagpapasya, pinipigilan ang makatuwiran, mahinahon, malusog na pag-iisip at pagkilos. At ito ay isang mabungang pinagmumulan ng mga pagsubok sa iglesia. Samakatuwid, upang ang bayan ng Diyos ay nasa isang katanggap-tanggap na kalagayan sa Kanya, kung saan maaari nilang luwalhatiin Siya sa kanilang mga katawan at espiritu na para sa Kanya, kinakailangan nilang itanggi nang may pagnanais at sigasig ang pagpapalugod sa panlasa, at sanayain ang pagpipigil sa lahat ng mga bagay. . Sa gayon maaari nilang maunawaan ang katotohanan sa kagandahan at kalinawan nito, at dalhin ito sa kanilang buhay, at sa pamamagitan ng isang mahusay, matalinong pagpapasya, at tuwirang pamamaraan ay hindi mabibigyan ng pagkakataon ang mga kaaway ng ating pananampalataya na sirain ang layunin ng katotohanan."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 618.

## *Huwebes* *Hulyo 11*

### 5. ANG NAPAKAGANDANG RESULTA NG PAGTITIIS

**a. Ano ang pagsasanay ng pagtitiis upang lumago sa atin? 2 Pedro 1:6 (huling bahagi).**

"Ang kawalan ng pagtitiis ay nagdudulot ng kaguluhan at pagpaparatang at kalungkutan; ngunit ang pagtitiis ay nagbubuhos ng balsamo ng kapayapaan at pag-ibig sa mga karanasan ng buhay tahanan. Kapag ginagamit natin ang napakahalagang biyaya ng pagtitiis sa iba, makikita nila ang ating espiritu, at tayo ay matitipon kasama ni Kristo. Ang pagtitiis ay sisikapin ang pagkakaisa sa iglesia, sa pamilya, at sa komunidad. Ang biyayang ito ay dapat na ihabi sa ating mga buhay. Ang bawat isa ay dapat akyatin ang yugtong ito ng paglago, at idagdag sa pananampalataya, ang kabutihan, at pagpipigil, ang biyaya ng pagtitiis.

" 'At sa pagtitiis, kabanalan.' Ang kabanalan ay bunga ng Kristiyanong pag-uugali. Kung tayo ay nakakabit sa Puno, tayo ay magbubunga ng mga bunga ng Espiritu. Ang buhay ng Puno ay makikita mismo sa pamamagitan ng mga sanga. Dapat tayong magkaroon ng malapit at personal na kaugnayan sa langit, kung taglay natin ang biyaya ng kabanalan. Si Jesus ay dapat maging panauhin sa ating mga tahanan, isang kaanib ng ating mga sambahayan, kung ipapakita natin ang kanyang wangis at ipapakita na tayo ay mga anak na lalaki at babae ng Kataas-taasan. Ang relihiyon ay isang napakagandang bagay sa tahanan. Kung ang Panginoon ay mananatili sa atin, madarama natin na tayo ay mga kaanib ng pamilya ni Kristo sa langit. Malalaman natin na binabantayan tayo ng mga anghel, at ang ating pag-uugali ay magiging maaamo at mapagtiis. Tayo ay magiging angkop para sa pagpasok sa mga looban ng langit, sa pamamagitan ng paglinang ng kagandahang-loob at kabanalan. Ang ating pakikipag-usap ay magiging banal, at ang ating mga iniisip ay sa makalangit na mga bagay.

"Si Enoc ay lumakad na kasama ng Diyos. Pinarangalan niya ang Diyos sa bawat gawain ng buhay. Sa kanyang tahanan at sa kanyang hanap-buhay, nagtanong siya, 'Magiging katanggap-tanggap ba ito sa Panginoon? At sa pamamagitan ng pag-alaala sa Diyos, at pagsunod sa Kanyang payo, siya ay nababago sa pag-uugali, at nagiging isang maka-Diyos na tao, na ang mga paraan ay nakalulugod sa Panginoon.."—*The Review and Herald,* Pebrero 21, 1888.

## *Biyernes* *Hulyo 12*

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Bakit kinakailangan kong linangin ang masigla at tahimik na Kristiyanong mga kabutihan?**
2. **Paano ko mas makikilala ang Diyos—at bakit ito napakahalaga sa ngayon?**
3. **Sa anong mga bahagi ng buhay kinakailangan kong magkaroon ng mas higit na pagpipigil?**
4. **Bakit ang pagtitiis ay napakahalaga sa isang lalong sumasama at agresibong lipunan?**
5. **Saan at paano naipapakita ang kabanalan, gaya ng ipinakita ni Enoc?**

# Sa Kapurihan ay Ipagpauna ng Isat-isa ang Iba

**SAULUHING TALATA: "Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba." (Roma 12:10).**

"Linangin ang isang disposisyon na pahalagahan ang iba na mas mabuti kaysa sa iyong sarili. Huwag maging masyadong sapat sa sarili, hindi masyadong tiwala sa sarili; pahalagahan ang pagtitiis, pagpapahinuhod, at pag-ibig sa kapatid."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 133.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*5.

## *Linggo* *Hulyo 14*

### 1. KABAITAN

**a. Ano ang dapat dumaloy bilang natural na resulta ng isang tunay na pagkaka-ugnay sa Diyos? 2 Pedro 1:7 (unang bahagi); Marcos 12:28–31.**

"Itaas ang pamantayan, itaas ito, mas mataas at lalong mas mataas pa. Ituro sa mga tao ang ikadalawampung kabanata ng Exodo, kung saan nakatala ang kautusan ng Diyos. Ang unang apat sa Sampung Utos ay binabalangkas ang ating tungkulin sa ating Maylalang. Siya na hindi tapat sa kanyang Diyos ay hindi maaaring maging totoo sa kanyang kapwa. Ang umiibig sa Diyos nang lubos ay iibigin ang kanyang kapwa gaya ng kanyang sarili. Ang kapalaluan ay itinatas ang sarili sa walang kabuluhan, na inaakay ang tao na gumawa ng Diyos ng kanyang sarili. Ang ebanghelyo ni Kristo ay nagpapabanal sa kaluluwa, inaalis ang pag-ibig sa sarili."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 211, 212. [Pagdidiin ng may-akda.]

"Walang sinuman ang maaaring magmahal kay Kristo at hindi mamahalin ang Kanyang mga anak. Kapag tayo ay kaisa kay Kristo, tayo ay may kaisipan ni Kristo. Ang kadalisayan at pag-ibig ay lumiliwanag sa pagkatao, ang kaamuan at katotohanan ang kumokontrol sa buhay. Ang mismong ekspresyon ng mukha ay nababago. Si Kristo na nananatili sa kaluluwa ay nagdudulot ng nagpapabagong kapangyarihan, at ang panlabas na aspeto ay sumasaksi sa kapayapaan at kagalakan na naghahari sa kalooban. Tayo ay umiinom sa pag-ibig ni Kristo, tulad ng sanga na kumukuha ng sustansya mula sa puno. Kung tayo ay inihugpong kay Kristo, kung sa bawat hibla tayo ay nakikipag-isa sa Buhay na Puno, tayo ay magbibigay ng katibayan ng katotohanan sa pamamagitan ng pamumunga ng saganang bungkos ng buhay na bunga. Kung tayo ay konektado sa Liwanag, tayo ay magiging mga daluyan ng liwanag, at sa ating mga salita at mga gawa ay magpapakita tayo ng liwanag sa sanlibutan."—*Selected Messages,* bk. 1, p. 337.

## 2. KABUTIHAN MULA SA PUSO

**a. Paano ang mabuting kalooban sa kapatid ay nauugnay ng napakalapit sa tunay na pananampalataya sa Diyos—at isang wastong pagpapatotoo para kay Kristo? 1 Juan 4:20, 21; Santiago 3:17.**

"Tayo ay hinihimok na dagdagan ang kabanalan, ng mabuting kalooban sa kapatid. O gaano kahalaga na kinakailangan nating gawin ang hakbang na ito, na idagdag ang katangiang ito sa ating mga pag-uugali! Sa marami sa ating mga tahanan ay may matigas, palabang espiritu na ipinakikita. Ang mga mapamintas na salita at walang habag na pagkilos ay hindi nakakalugod sa Diyos. Ang mga diktatoryal na utos at mapagmataas, malupit na ugali ay hindi katanggap-tanggap sa Langit. Ang dahilan ng napakaraming hindi pagkakaunawaan ang umiiral sa pagitan ng mga kapatid ay dahil nabigo silang idagdag ang mabuting kalooban sa kapatid. Tayo ay dapat na may pag-ibig sa iba tulad ng kay Kristo para sa atin. Ang tunay na halaga ng isang tao ay sinusukat ng Panginoon ng langit. Kung siya ay hindi mabuti sa kanyang tahanan sa lupa, siya ay hindi karapat-dapat para sa makalangit na tahanan. Kung siya ay gagawa ng sarili niyang paraan, hindi alintana sinuman ang nasasaktan, siya ay hindi magiging kontento sa langit, maliban kung siya ang mamumuno doon. Ang pag-ibig ni Kristo ang dapat magkontrol ng ating mga puso, at ang kapayapaan ng Diyos ay mananatili sa ating mga tahanan. Hanapin ang Diyos nang may bagbag at pagsisising espiritu, at ikaw ay matutunaw sa habag sa iyong mga kapatid."—*The Review and Herald,* Pebrero 21, 1888.

**b. Magbanggit ng isang pangunahing hakbang sa paglinang ng mabuting kalooban sa kapatid. Mateo 6:12, 14, 15; Efeso 4:32.**

"Tayo ay humihiling na ang habag ng Diyos sa atin ay tulad ng habag na ibinibigay natin sa iba. Ipinahayag ni Kristo na ito ang panuntunan kung pano tayo pinakikitunguhan ng Panginoon. [Sipi ang Mateo 6:14, 15.] Napakagandang kundisyon! ngunit gaano kakonti ang kanilang nauunawaan o pinakikinggan. Ang isa sa mga pinakakaraniwang kasalanan, at isa na sinusundan ng nakapipinsalang resulta, ay ang pagpapakabuyo sa isang di-nagpapatawad na espiritu. Gaano karami ang tinataglay ang matinding poot o paghihiganti at pagkatapos ay yuyukod sa harapan ng Diyos at hihilingin na mapatawad gaya ng kanilang pagpapatawad. Tiyak na wala silang tunay na pagkaunawa sa kahalagahan ng panalanging ito kung hindi, hindi sila maglalakas-loob na sambitin ito sa kanilang mga labi. Umaasa tayo sa nagpapatawad na awa ng Diyos bawat araw at bawat oras; paano kaya natin makikimkim ang kapaitan at poot sa ating mga kapwa makasalanan! Kung, sa lahat ng kanilang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan, ang mga Kristiyano ay isasagawa ang mga prinsipyo ng panalanging ito, napakagandang pagbabago ang magaganap sa iglesia at sa sanlibutan! Ito ang magiging pinaka-nakakakumbinsing patotoo na maibibigay sa katunayan ng relihiyon sa Bibliya."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 170.

## 3. PAGDAIG SA MGA HADLANG SA MABUTING KALOOBAN SA KAPATID

**a. Ilarawan ang lawak at lalim ng tunay na mabuting kalooban sa kapatid. Roma 12:9, 10; Filipos 2:3.**

---

"Nais ni Pablo na makita natin ang kaibahan ng dalisay, di-makasariling pag-ibig na udyok ng espiritu ni Cristo, at ang walang kabuluhan, mapanlinlang na pagkukunwari na sumasagana sa sanlibutan. Ang batayang huwad na ito ay iniliiligaw ang maraming kaluluwa. Aalisin nito ang pagkakaiba sa pagitan ng tama at mali, sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa sumalangsang sa halip na matapat na ipakita sa kanya ang kanyang mga pagkakamali. Ang ganitong pamamaraan ay hindi kailanman nagmumula sa tunay na pagkakaibigan. Ang espiritu na nag-uudyok dito ay nananahan lamang sa makalamang puso. Habang ang Kristiyano ay palaging magiging mabait, mahahabagin, at mapagpatawad, maaaring makadama na hindi siya makikiayon sa kasalanan. Kasusuklaman niya ang kasamaan at kakapit kung alin ang mabuti, sa pagsasakripisyo ng pakikisama o pakikipagkaibigan sa mga hindi makadiyos. Ang espiritu ni Kristo ang magdadala sa atin sa pagkapoot sa kasalanan, habang tayo ay nakahandang gumawa ng anumang sakripisyo upang iligtas ang makasalanan."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 171.

**b. Ano ang kadalasang humahadlang sa mabuting kalooban sa kapatid—at paano tayo maliligtas sa gayong bitag? Lucas 6:45; Hebreo 12:15.**

---

"Ang mga pasaring ay ibinibigay at ang mga nakakasakit na pamumuna sa isa't isa, ngunit ang mismong nagbibigay ng mga pasaring at mga kritisismo ay bulag sa kanilang sariling mga kahinaan."—Ibid., vol. 4, p. 222.

"Ang panglilibak ay dobleng sumpa, na bumabagsak nang mas mabigat sa nagsasalita kaysa sa nakikinig. Siya na naghahasik ng mga binhi ng hindi pagkakaunawaan at pagtatalo ay umaani sa kanyang sariling kaluluwa ng mga bungang nakamamatay. Nakakahabag ang mapaghatid-dumapit, ang naghihinala ng masama ! . . .

"Ang kasalanan ng pagsasalita ng masasama ay nagsisimula sa pagtataglay ng masasamang kaisipan. Ang panlilinlang ay kasama ang karumihan sa lahat ng anyo nito. Ang maruming pag-iisip ay pinahihintulutan, ang hindi banal na pagnanasa ay itinatangi, at ang kaluluwa ay nadudumihan, ang kanyang integridad ay nakokompromiso. . . . Kung hindi natin nais gumawa ng kasalanan, dapat nating iwasan ang bawat mga simula nito. Ang bawat damdamin at pagnanasa ay dapat na ipasakop sa kaisipan at budhi. Bawat di-banal na kaisipan ay dapat na agad na maiwaksi. Sa inyong silid, mga tagasunod ni Kristo. Manalangin nang may pananampalataya at buong puso. Si Satanas ay nagbabantay upang masilo ang inyong mga paa. Dapat kang magkaroon ng tulong mula sa itaas kung iyong nais na matakasan ang kanyang mga pakana."—Ibid., vol. 5, pp. 176, 177.

## 4. TIYAK NA KATIBAYAN NG PAGIGING-ALAGAD

**a. Habang ang pag-ibig ng marami ay lumalamig, anong prinsipyo sa Bibliya ang madalas nating nakakalimutan? Tito 3:2. Ano ang mangyayari kung pahahalagahan natin ito? Juan 13:35.**

"Ang 'tagapagsumbong ng mga kapatid' ay nakakakuha ng karapatang pumasok sa puso ng isa sa mga taong ito [ng parehong pananampalataya], na kinokontrol ang isipan at imahinasyon, at ang mga paninibugho ay nalilikha, ang paghihinala at inggit ay ikinukubli; at siya na nag-aakalang ang kanyang sarili ay nakakapit sa pag-ibig at pakikipag-kaibigan ng kanyang kapatid, ay nasusumpungan ang kanyang sarili na hindi pinagkakatiwalaan at ang kanyang mga motibo ay nahuhusgahan ng mali. Ang hindi tunay na kapatid ay nakakalimutan ang kanyang sariling mga kahinaan, nalilimutan ang kanyang obligasyon na mag-isip at huwag magsalita ng masama upang hindi niya lapastanganin ang Diyos at masugatan si Kristo sa katauhan ng Kanyang mga banal, at bawat depekto na maiisip o inilalarawan sa isipan ay kinokomentuhan ng walang awa, at ang katangian ng isang kapatid ay inilalarawan ng malabo at kahina-hinala.

"May pagtataksil sa sagradong pagtitiwala. Ang mga bagay na sinasalita nang may pagtitiwala ng kapatid ay sinasabi muli at inilalarawan ng mali; at bawat salita, bawat kilos, gaano man kalinis at mabuti ang ibig-sabihin, ay sinisiyasat ng malamig, may naiinggit na pamumuna ng mga taong nag-iisip na napakabuti, masyadong napakarangal upang makuha ang kahit pinakamaliit na kapakinabangan ng mabuting pagkakaibigan o pagtitiwala ng kapatid. Ang mga puso ay sarado sa awa, paghatol, at pag-ibig ng Diyos; at ang malamig, mapanuya, mapanghamak na espiritu na ipinakikita ni Satanas sa kanyang biktima ay nahahayag.

"Ang Tagapagligtas ng sanlibutan ay tinatrato nang gayon, at tayo ay nalalantad sa impluwensya ng parehong masamang espiritu. Ang panahaon ay dumating na, na hindi na ligtas magtiwala sa isang kaibigan o kapatid.

"Tulad noong mga panahon ni Kristo ang mga espiya ay nasa kanyang landas, gayon din sila sa atin ngayon. Kung si Satanas ay maaaring gumamit ng nag-aangking mananampalataya upang gumanap bilang mga tagapag-sumbong sa mga kapatid, siya ay lubos na nalulugod; sapagkat yaong mga gumagawa nito ay tunay na naglilingkod sa kaniya gaya ng ginawa ni Hudas nang ipagkanulo niya si Kristo, bagaman maaaring ginagawa nila ito nang hindi namamalayan." — *The Review and Herald,* Hunyo 3, 1884.

"Kung ang kasalanan ay malinaw sa isang kapatid, huwag itong ihinga sa iba, kundi nang may pag-ibig sa kaluluwa ng kapatid, na may pusong puno ng kaawaan, na may pusong mahabagin, sabihin sa kanya ang pagkakamali, pagkatapos ay ipaubaya ang bagay sa kanya at sa Panginoon. Nagawa mo na ang iyong tungkulin. Hindi ka dapat magbigay ng paghatol.

"Ito ay ginawang masyadong napakagaang bagay ang rendahan ang isang kapatid, ang kondenahin siya, at hawakan siya sa ilalim ng paghatol. May kasigasigan para sa Diyos, ngunit hindi ayon sa kaalaman. Kung ang bawat isa ay isasaayos ang kanyang sariling puso, kapag ang magkakapatid ay nagtitipon, ang kanilang patotoo ay magiging handa at magmumula sa puspos na kaluluwa, at ang mga tao sa paligid na hindi naniniwala sa katotohanan ay kikilusin. Ang pagpapahayag ng Espiritu ng Diyos ay magsasabi sa kanilang mga puso na kayo ay mga anak ng Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 165.

## Huwebes *Hulyo 18*

**5. HANGGANG SA KATAPUSAN**

**a. Anong panawagan ang ginawa sa iglesia hanggang sa katapusan ng panahon? Mga Hebreo 13:1.**

"Ang pag-ibig at mabuting kalooban na umiiral lamang kapag ang ating mga pamamaraan ay tinatanggap ng ating mga kaibigan bilang tama, ay walang tunay na halaga, sapagkat ito ay natural sa hindi nabagong puso. Yaong mga nag-aangking mga anak ng Diyos at lumalakad sa liwanag ay hindi dapat makaramdam ng pagka-inis o galit kapag ang kanilang landas ay sinasalungat.

"Iniibig mo ang katotohanan at nananabik ka sa pagsulong nito. Ilalagay ka sa iba't ibang mga sitwasyon upang subukin at patunayan ka. Maaari kang magkaroon ng tunay na katangiang Kristiyano kung ipapasakop mo ang iyong sarili sa pagdidisiplina. Ang iyong mahahalagang kapakinabangan ay nakataya. Ang higit na iyong kinakailangan ay tunay na kabanalan at espiritu ng pagsasakripisyo sa sarili. Maaari tayong magkaroon ng kaalaman sa katotohanan at mabasa ang mga pinakatatagong misteryo nito, at ibigay pa nga ang ating mga katawan upang sunugin para sa kapakanan nito; gayon ma'y kung wala tayong pag-ibig at mabuting kalooban, tayo ay parang tanso na tumutunog at batingaw na umaalingawngaw. . . .

"Kakaunti lang ang inyong nalalaman tungkol sa mga pagsubok sa puso ng mga kaawa-awang kaluluwa na nakagapos sa tanikala ng kadiliman at nagkukulang sa pagpapasya at moral na kapangyarihan. Sikaping maunawaan ang kahinaan ng iba. Tulungan ang nangangailangan, ipako sa krus ang sarili, at hayaang angkinin ni Jesus ang iyong kaluluwa, upang maisagawa mo ang mga prinsipyo ng katotohanan sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung magkagayon, ikaw ay magiging, hindi tulad ng dati, isang pagpapala sa iglesia at sa lahat ng iyong makakasama."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 133.

"Kung ang ating mga kapatid na lalaki at babae ay magiging mga misyonero para sa Diyos, dumadalaw sa mga maysakit at naghihirap, at gumagawa ng may pagtitiis at kabaitan para sa nagkakamali—sa madaling salita, kung tutularan nila ang Huwaran—ang iglesia ay magkakaroon ng paglago sa kanyang buong paligid."—Ibid., vol. 5, p. 176.

## Biyernes *Hulyo 19*

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL**

1. **Ilarawan kung ano ang makikita ng iba sa pag-uugali ng isang umiibig sa Diyos.**
2. **Paano ko malilinang ang mas matibay na pagpapahalaga ng mabuting kalooban sa kapatid?**
3. **Sa mga kakilala ko, kanino ako dapat magpakita ng mas malalim na kabaitan?**
4. **Paano ko matatawag ang kasalanan sa tamang pangalan nito ngunit maiiwasan ang mapag-akusang espiritu?**
5. **Sa aking pag-iisip, bakit ako may posibilidad na maging malupit sa ilang maaaring mahina?**

# Ang Pinakamataas na Layunin

**SAULUHING TALATA: "At sa ibabaw ng lahat ng mga bagay na ito ay mangagbihis kayo ng pagibig na siyang tali ng kasakdalan." (Colosas 3:14).**

"Kapag ang mga banal na mananampalataya ay nagtitipon, ang kanilang pag-uusap ay hindi sa mga pagkakasala ng iba sa halip ng samyo ng pagbubulong-bulong o pagrereklamo; ang mabuting kalooban, o pag-ibig, ang bigkis ng kasakdalan, ang papalibot sa kanila."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 509.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol.* 5, pp. 154–157 *547*–549.

## *Linggo* *Hulyo 21*

### 1. SA ITAAS AT HIGIT PA SA LIKAS NG DAMDAMN

**a. Bakit ang pag-ibig ay nabanggit lamang pagkatapos ng mabuting kalooban sa kapatid? 2 Pedro 1:7 (huling bahagi); Roma 5:7, 8; Santiago 3:17.**

---

"Dapat nating ibigin ang mga tao alang-alang kay Kristo. Madali para sa natural na puso na ibigin ang ilang kinagigiliwan, at may pinapanigan sa mga iilang natatangi; ngunit inuutusan tayo ni Kristo na ibigin ang iba gaya ng pag-ibig Niya sa atin."—*Testimonies to Ministers,* p. 156.

**b. Ano ang iniuugnay ni Jesus sa kasakdalan? Mateo 5:43–48; Lucas 6:36; Colosas 3:14.**

"Ang mga tao ay namangha sa kadalisayan at moral na kadakilaan ng ating Tagapagligtas, habang ang Kanyang di-makasariling pag-ibig at maamong kagandahang-loob ay umakit sa kanilang mga puso. Siya ang naging simbolo ng kasakdalan."—*Gospel Workers,* p. 73. [1892 na edisyon.]

"Huwag taglayin ang isang damdamin ng mapagmataas na pangingibabaw, iniisip ang iyong sarili na mas mahusay kaysa sa iba. 'Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo ay mag-ingat na baka mabuwal.' Ang kapayapaan at kapahingahan ay darating sa inyo habang dinadala mo ang iyong kalooban sa pagpapasakop sa kalooban ni Kristo. Pagkatapos ang pag-ibig ni Kristo ay mangunguna sa puso."—*Messages to Young People,* p. 73.

## 2. ANG MAKALANGIT NA PAG-UUGALI NA IPINAGKALOOB

**a. Ilarawan ang lalim ng isang tunay na Kristiyanong pag-uugali tungo sa iba. Awit 101:2; Filipos 2:1–4.**

---

"Ang padalos-dalos, madaling mapukaw na init ng ulo ay mapapahinahon at masusupil ng langis ng biyaya ni Kristo. Ang pagkadama ng mga kasalanang pinatawad ay magdadala ng kapayapaang iyon na higit sa lahat ng pang-unawa. Magkakaroon ng masigasig na pagsisikap na madaig ang lahat ng salungat sa Kristiyanong kasakdalan. Mawawala ang pagkakaiba-iba. Siya na minsang nakatuklas ng pagkakamali ng mga nakapaligid sa kanya ay makikita na ang mas matitinding pagkakamali ay umiiral sa kanyang sariling pag-uugali."—*Messages to Young People,* p. 73.

**b. Paano lamang ang uri ng pag-uugaling inilalarawan sa itaas ay mananatili sa puso ng bawat isa sa atin? Filipos 2:5–8; 1 Corinto 2:16.**

---

"Ang pag-ibig sa sarili ang sumisira sa ating kapayapaan. Habang ang sarili ay nabubuhay, patuloy tayong nakahanda upang bantayan ito mula sa kahihiyan at insulto; ngunit kapag tayo ay namatay, at ang ating buhay ay nakatago na kasama ni Kristo sa Diyos, hindi natin dadalhin ang mga kapabayaan o pagwawalang-halaga sa puso. Magiging bingi tayo sa sumbat at bulag sa pangungutya at insulto. . . .

"Ang kapayapaan ni Kristo ay isang patuloy at namamalaging kapayapaan. Hindi ito nakadepende sa anumang pangyayari sa buhay, sa dami ng mga makamundong bagay o sa bilang ng mga makalupang kaibigan. Si Kristo ang bukal ng tubig na buhay, at ang kaligayahang nagmumula sa Kanya ay hindi kailanman mabibigo.

"Ang kaamuan ni Kristo, na ipinakikita sa tahanan, ay magpapasaya sa mga kasambahay; hindi ito magpupukaw ng away, hindi magbabalik ng nagagalit na pagsagot, kundi pinapahinahon ang mainit na ulo at nagpapakalat ng kabaitan na nararamdaman ng lahat ng nasa loob ng nakakahalina nitong paligid. Saanman pinahahalagahan, ginagawa nitong ang mga pamilya sa lupa na bahagi ng isang marangal na pamilya sa itaas.

"Mas magiging mabuti pa para sa atin na magdusa sa ilalim ng maling paratang kaysa ipataw sa ating sarili ang pagpapahirap ng paghihiganti ng ating mga kaaway. Ang espiritu ng poot at paghihiganti ay nagmula kay Satanas, at maaari lamang magdulot ng kasamaan sa taong nagtataglay nito. Ang kababaan ng puso, ang kaamuan na siyang bunga ng pananatili kay Kristo, ang tunay na lihim ng pagpapala. 'Kanyang pagagandahin ang maamo ng kaligtasan' "—*Thoughts From the Mount of Blessing,* p. 16, 17.

### 3. PAG-IBIG: TUNAY VS. MALI

**a. Ilarawan ang tunay na pag-ibig na handang ibigay ng Diyos sa lahat na handang tanggapin nang taos-puso ito.—na lubos na pinahahalagahan ito. Mateo 5:6; 1 Corinto 13:4–8.**

"Upang ang iglesya ay lumago, dapat magkaroon ng pagsisikap sa bahagi ng mga kaanib nito na ingatan ang mahalagang halaman ng pag-ibig. Hayaan itong magkaroon ng bawat pagkakataon upang ito ay lumago sa puso. Bawat tunay na Kristiyano ay bubuo sa kanyang buhay ng mga katangian ng banal na pag-ibig na ito; ipapakita niya ang isang espiritu ng pagtitiis, ng kabutihan, at kalayaan mula sa inggit at paninibugho. Ang pag-uugali na ito na nabuo sa pananalita at kilos ay hindi magtataboy, at hindi magiging mahirap malapitan, malamig, at walang malasakit sa kapakinabangan ng iba. Ang taong naglilinang ng mahalagang halaman ng pag-ibig ay tatanggihan ang sarili sa espiritu, at hindi magpapasakop sa pagkontrol ng sarili kahit na sa ilalim ng pagpapagalit. Hindi niya ibibigay ang maling motibo at masasamang intensyon sa iba, ngunit madarama ang lubos na kalungkutan sa kasalanan kapag natuklasan sa sinuman sa mga lingkod ni Kristo.

"Ang pag-ibig ay hindi ipinagmamalaki ang sarili. Ito ay isang mapagpakumbabang sangkap; hindi ito kailanman nag-uudyok sa isang tao na magyabang, upang itaas ang sarili. Ang pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa ay hindi mahahayag sa mga gawang padalus-dalos o hahantong sa atin na maging mapagmataas, mapaghanap ng kamalian, o maging diktador. Ang pag-ibig ay hindi nagmamapuri. Ang puso kung saan naghahari ang pag-ibig ay gagabayan tungo sa isang banayad, magalang, mahabaging paraan ng pag-uugali sa iba, angkop man ito sa ating gusto o hindi, iginagalang man nila tayo o tinatrato tayo ng masama. Ang pag-ibig ay isang aktibong prinsipyo; ito ay nagpapanatili sa kabutihan ng iba na patuloy na nasa harapan natin, kaya pinipigilan tayo mula sa mga walang pag-iingat na pagkilos upang hindi tayo mabigo sa ating layunin sa pag-akit ng mga kaluluwa kay Kristo. Ang pag-ibig ay hindi naghahanap ng para sa sarili. Hindi ito mag-uudyok sa mga tao na hanapin ang kanilang sariling kaginhawahan at pagpapasaya sa sarili. Ang respeto na ibinibigay sa ating sarili ang madalas na humahadlang sa paglago ng pag-ibig."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 123, 124."

**b. Paano tayo binabalaan laban sa maling pag-ibig sa kapwa? Santiago 2:19; Judas 1:11–13.**

"Si Elder B-----t ay tila isang napakabanal na tao. Maraming sinabi tungkol sa pag-ibig. Patungkol sa pananampalataya sinabi niya, 'Ang kailangan lang nating gawin ay manampalataya, pagkatapos anuman ang hilingin natin sa DIos ay ipagkakaloob.' Si Bro. White ay sumagot, 'Ang mga pagpapala ay ipinangako na may mga kondisyon. Juan 15:7: Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo. Ang inyong teorya ng pananampalataya ay walang laman tulad ng trigo sa isang bariles na parehong walang ulo. At kung tungkol sa tunay na pag-ibig sa kapwa, siya ay isang napakadelikadong personahe, na huwag kailanman hahakbang palabas sa landas ng katotohanan ng Bibliya.' "—*Spiritual Gifts,* vol. 2, p. 46.

## 4. ISANG NAPAKAHALAGANG BAGAY

**a. Gaano kahalaga para sa atin na sumagana sa lahat ng mga biyayang Kristiyano na nakasaad sa mga baitang sa hagdan ni Pedro? 2 Pedro 1:8.**

---

"Ang mga Kristiyanong biyaya ay sumagana sa inyo. Ibigay sa inyong Tagapagligtas ang inyong pinakamahusay at pinakabanal na damdamin. Ibigay ang lubusang pagsunod sa Kanyang kalooban. Hindi Niya tatanggapin ang nagkukulang dito. Huwag kang makilos mula sa iyong katatagan sa mga panlilibak at panunuya ng mga taong ang mga pag-iisip ay natuon sa walang kabuluhan. Sundin ang iyong Tagapagligtas may masama at mabuting patotoo; ariin ninyong buong kagalakan, at isang sagradong karangalan, ang pasanin ang krus ni Kristo. Mahal ka ni Hesus. Siya ay namatay para sayo. Maliban kung iyong sinisikap na paglingkuran Siya nang may hindi hating damdamin, mabibigo ka sa ganap na kabanalan sa pagkatakot sa Kanya, at mapipilitan kang pakinggan sa huli ang nakakatakot na salita, Lumayo ka."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 237.

**b. Sa napakagulong mundo ngayon, ano ang madalas nating hindi napapansin? Awit ni Solomon 2:15.**

"Kayo ay napapabigatan ng mga nagmamadaling alalahanin, mga pasanin, at mga tungkulin; ngunit mas malaki ang panggigipit sa inyo, at mas mabigat ang mga pasanin na kailangan mong dalhin, mas malaki ang iyong pangangailangan ng banal na tulong. Si Hesus ang iyong magiging katulong. Kinakailangan mo ng patuloy na liwanag ng buhay upang lumiwanag ang iyong sariling landas, at pagkatapos ang banal na sinag nito ay sisinag sa iba. Ang gawain ng Diyos ay isang ganap sa kabuuan, dahil perpekto sa lahat ng bahagi nito. Ang matapat na atensyon sa tinatawag ng sanlibutan na maliliit na bagay ang gumagawa ng dakilang kagandahan at tagumpay ng buhay. Ang maliliit na gawa ng pag-ibig sa kapwa, maliliit na salita ng kabaitan, maliliit na gawa ng pagtanggi sa sarili, isang matalinong pagpapabuti ng maliliit na pagkakataon, ang matiyagang paglilinang ng maliliit na talento, ang gumagawa ng mga dakilang tao sa paningin ng Diyos. Kung ang mga maliliit na bagay na iyon ay matapat na aalagaan, kung ang mga biyayang ito ay nasa inyo, at sumasagana, sila ang magpapasakdal sa inyo sa bawat mabubuting gawa.

"Hindi sapat na maging handa na ibigay nang sagana ang inyong mga kayamanan para sa layunin ng Diyos. Siya ay nananawagan para sa isang walang itinatanging pagtatalaga ng lahat ng iyong mga kakayahan. Ang pagkakait ng inyong sarili ay ang pagkakamali ng inyong buhay. Maaari mong isipin na napakahirap sa inyong kalagayan na mapanatili ang isang napakalapit na ugnayan sa Diyos, ngunit ang inyong gawain ay magiging sampung ulit na mas mahirap kung hindi mo ito gagawin. . . .

"Ang Diyos ay nanawagan para sa lubusan at buong pagtatalaga, at anumang kulang dito ay hindi Niya tatanggapin. Kung mas mahirap ang inyong kalagayan, mas kinakailangan mo si Jesus."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, p. 543.

# Huwebes

Hulyo 25

**5. MAPANGANIB NA PAGKA-MALILIMUTIN = PAGKA-BULAG**

**a. Kung nagkukulang tayo sa alinman sa mga biyaya ng Kristiyano, ano ang nangyayari? 2 Pedro 1:9; Pahayag 2:4.**

"Siya na hindi umaakyat sa hagdan ng paglago at nagdaragdag ng biyaya sa biyaya 'ay bulag, at hindi nakakakita sa malayo,' hindi niya nauunawaan na kung hindi ginagawa ang sunud-sunod na mga hakbang na ito sa pag-akyat sa hagdan ng patuloy sa bawat baitang, sa paglago sa biyaya at sa kaalaman sa ating Panginoong Jesu-Kristo, hindi niya inilalagay ang kanyang sarili sa kalagayan kung saan ang liwanag ng Diyos sa itaas ng hagdan ay sisinag sa kanya. Dahil hindi siya nagdaragdag ng biyaya sa biyaya, nakakalimutan niya ang mga pag-aangkin ng Diyos sa kanya, na siya ay tatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hinihiling ng Diyos. Siya ay nasa kalagayan ng isang makasalanan sa harapan ng Diyos. Kung taglay niya ang mga biyaya ni Kristo ay kaniyang gagawin at palaguin ang mga ito, ngunit kung hindi siya magbubunga ng mabubuting gawa sa ikaluluwalhati ng Diyos siya ay nananatili sa kalagayan ng pagkabulag at kamangmangan, nagpapakabuyo sa sarili, at kasalanan. Siya 'na ang nakikita lamang ay ang nasa malapit.' Ang kaniyang mga mata ay nakatutok sa lupa, hindi sa Diyos sa itaas ng hagdan.

"Ang grupong ito ay maaaring may makamundong mga kapakinabangan ngunit walang pagkilala sa pribilehiyo at mga pagpapala ng pamumuhay sa liwanag na sumisinag mula sa Diyos sa itaas ng hagdan. Hindi nila nalalaman ang mga bagay na gumagawa para sa kanilang kapayapaan. Hindi sila maaaring tumingin sa likuran na may malinaw na espirituwal na pananaw, dahil hindi nila tinitingnan ang mga bagay sa liwanag ng kalangitan. Minsan nilang tinangkilik ang pag-ibig ng Diyos; pinagsisihan ang kanilang mga kasalanan at umanib upang maging mga lingkod ni Jesu-Kristo, ngunit nakalimutan ang lahat ng mga panata na ginawa sa Diyos sa bautismo—lahat ng solemneng obligasyon na kanilang ginampanan upang pagsikapan ang kaluwalhatian, karangalan, at kawalang-kamatayan." — *Manuscript Releases,* vol. 19, pp. 350, 351.


# Biyernes

Hulyo 26

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL**

1. **Bakit at sa anong uri ng mga sitwasyon ako nasa panganib ng hindi makatarungang pagtatangi?**
2. **Sa ilalim ng anong uri ng mga kalagayan ang aking mapagkawanggawang pag-big ay may posibilidad na mabigo?**
3. **Paano natin makikilala ang tunay kumpara sa maling na pag-ibig sa kapwa?**
4. **Anong maliliit at kabutihang-loob na pagkilos ang madalas kong pinababayaan?**
5. **Bakit nagkukukulang pa rin ako sa larangan ng pag-ibig sa kapwa—at bakit ito napakahalaga?**

# Handog sa Unang Sabbath para sa GC Education Department



Ang edukasyon, tulad ng pagpapakabanal, ay gawain sa buong buhay, isang napakahalagang bahagi ng karanasan ng tao. Ngayong Sabbath, hinihiling namin ang inyong suporta upang ang mahalagang bahagi ng iglesiang ito ay mapalawak ang naaabot.

Dapat tayong matutong maging mga misyonero mula sa ating mga unang taon. "Bawat tunay na disipulo ay isinilang sa kaharian ng Diyos bilang isang misyonero" (The Desire of Ages, p. 195). "At iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon" (Deuteronomio 6:7). At kahit ang tagumpay ay natiyak na, at ang kasalanan at mga makasalanan ay wala na, ang gawain ng edukasyon ay magpapatuloy.

Ngayon na hindi tulad ng dati, ang ating iglesia ay dapat na handa na magbigay ng mga materyal na maaaring gamitin ng mga magulang sa pagtatatag ng wastong pundasyong pang-edukasyon para sa kanilang mga anak, ang mga kabataan ay maaaring lumago sa kaalaman sa kalooban ng Diyos, at ang mga nasa hustong gulang ay maaaring patuloy na pasaganain.

Nakalulungkot, ang karamihan sa mga institusyong pang-edukasyon ay lumipat mula sa pagtuturo ng mga pangunahing kaalaman sa pagiging mga sentro ng pagtuturo para sa kamunduhan. Palibhasa'y napagtanto kung gaano kalaki ang impluwensya ng pag-aaral sa kanilang mga anak, marami ang humiling ng mga gamit upang makatulong sa pagtuturo sa kanila para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos.

Kaya, ang GC Education Department ay lumilikha ng isang buong kurikulum na may layuning ito bilang pokus nito. Katuwang ang ating mga tagapagturo at ang iba't ibang mga unyon at field conference, ang gawain ng paghahanda ng kurikulum na ito ay mahusay na isinasagawa.

Ngunit ang proyekto ay mas malaki kaysa sa halagang na magagamit. Kailangan namin ang inyong saganang na tulong sa handog na ito upang maihanda ang mga gamit, mailimbag ang mga ito, at gawing abot-kaya ang halaga ng mga ito. Ang inyong suporta ay gagawing posible para sa amin na maghanda ng mga materyales na may pinakamataas na kalidad upang ang mga mag-aaral na gagamit ng mga ito sa aming mga paaralan at mga home school ay maging "angkop para sa pagiging kapaki-pakinabang sa buhay na ito at para sa paglilingkod sa Diyos hanggang sa walang-hanggan."—*Counsels to Parents, Teachers, and Students,* p. 495.

Nauunawaan namin na ang proyektong ito ay malaki, ngunit sulit ito. Sa inyong suporta ay gagawa kami ng mga kagamitan para bigyan ng kagamitan ang pinakabata sa atin upang maipahayag ang mensahe ng ebanghelyo sa buong mundo ng matagumpay.

Salamat nang maaga at pagpalain ng Diyos ang mga regalo at nagbibigay.

*General Conference Education Department*

# Pagsikapang Matiyak

**SAULUHING TALATA: “Kaya, mga kapatid, lalong pagsikapan ninyo na mangapanatag kayo sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagka’t kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mangatitisod kailan man” (2 Pedro 1:10).**

“Yaong mga tunay na nahikayat ay inilibing na kasama ni Kristo na kawangis ng Kanyang kamatayan, at ibinangon mula sa matubig na libingan na kawangis ng Kanyang muling pagkabuhay, upang lumakad sa panibagong buhay. Sa pamamagitan ng matapat na pagsunod sa katotohanan ay dapat nilang pagsikapan ang kanilang pagkatawag at pagkahirang ay matiyak .”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1115.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*9.

## *Linggo* *Hulyo 28*

### 1. ISANG PANAWAGAN NG PAGSISIKAP

**a. Ano ang dapat maging pinaka-mahalagang pangunahing alalahanin sa ating buhay Kristiyano? 2 Pedro 1:10. Bakit nito kinakailangan ng krus sa ating karanasan? Mateo 10:38.**

---

“Ang Diyos ay naghirang ng isang tiyak na kahusayan ng pag-uugali; at bawat isa na, sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo, ay maaabot ang pamantayan ng Kanyang kahilingan, ay magkakaroon ng masaganang pagpasok sa kaharian ng kaluwalhatian. Ang lahat ng nagnanais na maabot ang pamantayang ito ng pag-uugali, ay kinakailangang gumamit ng pamamaraan na inilaan ng Diyos para sa layuning ito. Kung nais mong magmana ng lahat ng para sa mga anak ng Diyos, dapat kang maging kamanggagawa ng Diyos. Ikaw ay hinirang upang pasanin ang pamatok ni Kristo—upang pasanin ang Kanyang pasanin, upang buhatin ang Kanyang krus. Dapat kang maging masikap na ‘tiyakin ang iyong pagkatawag at pagkahirang.’ Saliksikin mo ang Kasulatan, at iyong makikita na walang anak na lalaki o anak na babae ni Adan ang hinirang na maliligtas sa pagsuway sa kautusan ng Diyos. Ang sanlibutan ay ginagawang walang bisa ang kautusan ng Diyos; ngunit ang mga Kristiyano ay pinili para sa pagpapakabanal sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan. Sila ay hinirang upang pasanin ang krus, kung nais nilang magsuot ng korona.”—*Fundamentals of Christian Education,* p. 126.

“Siya na umiiwas sa krus ay umiiwas sa gantimpala na ipinangako sa mga matapat.” – Sons and Daughters of God, p. 248.

## 2. NAKIKIPAGBUNO SA DIOS

**a. Habang sinisikap nating mapagtagumpayan ang mga depekto ng ating pag-uugali—nang sa gayo'y gawing tiyak ang ating pagkatawag at pagkahirang—anong halimbawa ang ibinigay sa atin ni Jesus bilang Anak ng tao habang nasa lupa? Hebreo 5:7, 8.**

"Habang ang lungsod ay nababalot sa katahimikan, at ang mga disipulo ay bumalik sa kanilang mga tahanan upang makapagpahinga habang natutulog, si Jesus ay hindi natulog. Ang Kanyang banal na mga pagsusumamo ay umaakyat sa Kanyang Ama mula sa Bundok ng mga Olibo upang ang Kanyang mga disipulo ay maingatan mula sa masasamang impluwensya na kanilang makakaharap araw-araw sa sanlibutan, at upang ang Kanyang sariling kaluluwa ay mapalakas at mapatatag para sa mga tungkulin at pagsubok ng sa darating na araw. Buong gabi, habang natutulog ang Kanyang mga tagasunod ay nananalangin ang kanilang banal na Guro. Ang ambon at hamog na nagyeyelo sa gabi ay pumapatak sa Kanyang ulo habang nakayuko sa pananalangin. Ang Kanyang halimbawa ay iniwan para sa Kanyang mga tagasunod.

"Ang Kamahalan ng langit, habang nagsasagawa ng Kanyang misyon, ay madalas na taimtim na nananalangin. Hindi Niya palaging binibisita ang Olivet, dahil nalaman ng Kanyang mga disipulo ang Kanyang paboritong pahingahan, at madalas sumusunod sa Kanya. Pinili niya ang katahimikan ng gabi, kung saan walang makakagambala. Si Jesus ay maaaring pagalingin ang mga maysakit at buhayin ang mga patay. Siya Mismo ang pinagmumulan ng pagpapala at kalakasan. Siya ay makapag-uutos maging sa mga unos, at sila ay sumusunod sa Kanya. Siya ay hindi nadungisan ng kasamaan, isang estranghero sa kasalanan; gayon pa man Siya ay nanalangin, at iyon ay madalas na may malakas na pag-tangis at pagluha. Siya ay nanalangin para sa Kanyang mga disipulo at para sa Kanyang sarili, kaya nauunawaan Niya sa Kanyang sarili ang ating mga pangangailangan, ang ating mga kahinaan, at ating mga pagkukulang, na karaniwan sa sangkatauhan. Siya ay isang makapangyarihang nagsusumamo, hindi nagtataglay ng mga hilig ng ating mga pagkataong, makasalanang likas, ngunit napapaligiran ng katulad na mga kahinaan, tinukso sa lahat ng mga punto na tulad natin.Tiniis ni Jesus ang paghihirap na nangangailangan ng tulong at suporta mula sa Kanyang Ama.

"Si Kristo ang ating halimbawa."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 508.

**b. Ipaliwanag ang resulta ng ganitong uri ng makapangyarihang buhay panalangin. Gawa 4:13.**

"Ang buhay ni Jesus ay isang buhay ng patuloy na pagtitiwala, na pinapanatili ng patuloy na pakikipag-ugnayan; at sa Kanyang paglilingkod para sa langit at lupa ay hindi nabigo at nanghina .

Bilang isang tao Siya ay nagsumamo sa trono ng Diyos, hanggang sa ang Kanyang pagkatao ay pinuspos ng isang makalangit na kapangyarihan na nag-uugnay sa sangkatauhan sa banal na likas. Sa pagtanggap ng buhay mula sa Diyos, Siya ay nagbahagi ng buhay sa mga tao."—*Education* p. 80.

## 3. PAGTITIIS SA PANANAMPALATAYA

**a. Ano ang mangyayari sa tuwing hindi natin napapanatili ang patuloy na pagsisikap na matiyak ang pagkatawag at pagkahirang sa atin? Ezekiel 33:13. Magbigay ng halimbawa.**

"Ang Diyos ay ipinakita ang Kanyang pagkapoot sa pagkakaroon ni David ng maraming asawa, sa pamamagitan ng pagdalaw sa kanya na may mga paghatol, at pagpapahintulot sa mga kasamaan na bumangon laban sa kanya mula sa kanyang sariling sambahayan. Ang nakakakilabot na kapahamakan na pinahintulutan ng Diyos na dumating kay David, na, dahil sa kanyang katapatan, na minsang tinawag na isang tao ayon sa sariling puso ng Diyos, ay patunay sa mga susunod na henerasyon na ang Diyos ay hindi magbibigay-katwiran sa sinuman sa pagsuway sa Kanyang mga kautusan; kundi tiyak na Kanyang parurusahan ang mga nagkasala, gaano man sila naging matuwid at kinaluguran Diyos noon habang sila ay sumusunod sa Panginoon nang may dalisay na puso. Kapag ang mga matuwid ay tumalikod sa kanilang katuwiran at gumawa ng masama, ang kanilang nakaraang katuwiran ay hindi magliligtas sa kanila mula sa poot ng isang matuwid at banal na Diyos."—*The Spirit of Prophecy,* vol. 1, p. 379.

"May katotohanan na matatanggap kung ang mga kaluluwa ay maliligtas. Ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa tumatanggap. Ngunit ang Kasulatan ay nilinaw na ang mga dating nakakaalam ng daan ng buhay at nagalak sa katotohanan ay nasa panganib na mahulog sa pag-apostasya, at mawala. Kaya't kinakailangan ng isang desidido, araw-araw na pagkahikayat sa Diyos.

"Lahat ng nagsisikap na itaguyod ang doktrina ng paghirang, kapag nasa biyaya, laging nasa biyaya, gawin ito laban sa isang maliwanag na, 'Ganito ang sabi ng Panginoon.' "—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1114.

**b. Sa kabilang banda, ilarawan kung ano ang dapat nating magiging pag-uugali—at kung bakit dapat nating panatilihin ang napakahalagang katotohanan sa isipan. Ezekiel 18:21; 1 Corinto 15:1, 2 (unang bahagi).**

"Iniisip ng marami na sapat na dahilan ito para sa mga pinakamatinding pagkakamali na aminin ang pagkalimot. Ngunit hindi ba sila, gayundin ang iba, ay nagtataglay ng mga kakayahan sa pangkaisipan? Kaya dapat nilang disiplinahin ang kanilang mga isipan upang maging maingat. Kasalanan ang pagkalimot, kasalanan ang pagpapabaya. Kung sasanayin mo ang ugali ng pagpapabaya, maaari mong mapabayaan ang kaligtasan ng iyong sariling kaluluwa at sa huli ay malalaman mo na hindi ka pa handa para sa kaharian ng Diyos."—*Christ's Object Lessons,* p. 358.

"Ingatan mo ang iyong Bibliya. Kung mayroon kang pagkakataon, basahin ito; ikintal ang mga talata sa inyong memorya. Kahit na habang ikaw ay naglalakad sa mga lansangan ay maaari kang magbasa ng isang sipi at magnilay-nilay dito, sa gayon ay matatanim ito sa inyong isipan."—*Steps to Christ,* p. 90.

## 4. PINILI DAHIL SA ATING KAGUSTUHAN

**a. Kung sinusunod natin ang mga kondisyon kung saan pinagsisikapan nating matiyak ang pagkatawag at pagkahirang sa atin, ano ang resulta? 2 Pedro 1:10 (huling bahagi), 11.**

"Ang mithiin ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay mas mataas kaysa sa pinakamataas na kaisipan ng tao na maaaring maabot. 'Kayo nga ay mangagpakasakdal, gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.' Ang utos na ito ay isang pangako. Ang plano ng pagtubos ay isinaalang-alang ang ating ganap na pagkabawi mula sa kapangyarihan ni Satanas. Laging inihihiwalay ni Kristo ang nagsisising kaluluwa sa kasalanan. Siya ay naparito upang sirain ang mga gawa ng diyablo, at Siya ay gumawa ng probisyon na ang Banal na Espiritu ay ipagkakaloob sa bawat nagsisising kaluluwa, upang maingatan siya sa pagkakasala.

"Ang gawain ng manunukso ay hindi dapat ituring na dahilan para sa isang maling gawa. Si Satanas ay nagagalak kapag narinig niya ang mga nag-aangking tagasunod ni Kristo na gumagawa ng mga dahilan para sa depekto ng kanilang pag-uugali. Ang mga pagdadahilang ito ang umaakay sa pagkakasala. Walang dahilan para magkasala. Ang banal na pag-uugali, isang tulad ni Kristong buhay, ay maaabot ng bawat nagsisisi, nananampalatayang anak ng Diyos."—*The Desire of Ages,* p. 311.

**b. Paano ang paghirang ng biyaya sa pamamagitan ng ating kakayahan sa pagpili ipinakita sa buhay nina Jacob at Esau? 1 Pedro 1:2 (unang bahagi); Roma 9:10–14; 11:4, 5.**

"Si Esau at Jacob ay magkaparehong tinuruan ng kaalaman sa Diyos, at kapwa malayang lumakad sa Kanyang mga kautusan at tumanggap ng Kanyang biyaya; ngunit hindi nila parehong pinili na gawin ito. Ang dalawang magkapatid ay lumakad sa magka-ibang paraan, at ang kanilang mga landas ay patuloy na lalong nagkahiwalay at mas lumawak.

"Walang di-makatwirang pagpili sa bahagi ng Diyos kung saan si Esau ay nawalan ng mga pagpapala ng kaligtasan. Ang mga kaloob ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ni Kristo ay walang bayad sa lahat. Walang paghirang kundi ang sarili na kung saan maaaring mapahamak ang sinuman. Ang Diyos ay itinakda sa Kanyang salita ang mga kondisyon upang ang bawat kaluluwa ay hirangin sa buhay na walang hanggan—pagsunod sa Kanyang mga kautusan, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Ang Diyos ay nagtalaga ng pag-uugali na naaayon sa Kanyang kautusan, at sinumang makaabot sa pamantayan ng Kanyang kahilingan ay makakapasok sa kaharian ng kaluwalhatian. . . . 'Mapapalad ang mga tumutupad ng Kanyang mga kautusan, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong-kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.' Pahayag 22:14. Tungkol sa huling kaligtasan ng tao, ito ang tanging pagkahirang na ipinakikita sa salita ng Diyos."—*Patriarchs and Prophets,* p. 207.

# Huwebes — Agosto 1

## 4. NAKAKAPIT SA MANANAGUMPAY

**a. Paano inilarawan ni apostol Pablo ang kaniyang pataas na paglakad? Filipos 3:12–14.**

---

**b. Bakit natin nalalaman na ang tagumpay ay posible kay Kristo? Filipos 1:6; Judas 24; 1 Corinto 1:30.**

---

"Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng patuloy na pag-akyat sa bawat baitang ng hagdan, pagtingin kay Cristo, pagkapit kay Kristo, umaakyat ng hakbang-hakbang sa kataasan ni Kristo, upang Siya ay gawin sa ating karunungan at katuwiran at kabanalan at katubusan. Pananampalataya, kabutihan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, mabuting kalooban sa kapatid, at pag-ibig sa kapwa ang mga baitang ng hagdang ito. . . .

"Hindi madaling bagay ang matamo ang walang kasinghalagang kayamanan ng buhay na walang hanggan. Walang sinuman ang makakagawa nito at naaanod sa kasalukuyang agos ng sanlibutan. Dapat kayong magsialis sa sanlibutan, at magsihiwalay at huwag magsihipo ng marumi. Walang sinuman ang maaaring kumilos na parang makasanlibutan nang hindi nadadala sa agos ng sanlibutan. Walang sinuman ang makagagawa ng anumang pataas na pag-lago nang walang matiyagang pagsisikap. Siya na nais magtagumpay ay dapat kumapit nang mahigpit kay Kristo. Hindi siya dapat lumingon, kundi laging panatilihin ang mata ay pataas, na nagtatamo ng sunud-sunod na biyaya. Ang indibidwal na pagbabantay ay ang halaga ng kasiguruhan. Si Satanas ay pinaglalaruan ang buhay para sa iyong kaluluwa. Huwag kang bumaling tungo sa kanyang panig kahit isang pulgada, baka makalamang siya sa iyo.

"Kung sakaling maabot natin ang langit, ito ay sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ating mga kaluluwa kay Kristo, magtiwala sa Kanya, at humiwalay sa sanlibutan, sa mga kahangalan nito at pang-aakit nito. Dapat ay may espirituwal na pakikipagtulungan sa ating bahagi sa mga makalangit na kinatawan."—

# Biyernes — Agosto 2

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Ano ang kinalaman ng krus sa aking buhay?**
2. **Bakit ang antas ng sigasig ng aking buhay panalangin ay napakahalaga sa kaligtasan?**
3. **Ano ang mga dahilan ng isang tao sa pagkahulog sa tukso?**
4. **Ipaliwanag kung bakit ang nagkasalang si Jacob ay tinanggap ng Diyos, ngunit si Esau ay tinanggihan.**
5. **Bigkasin ang ilang mga pangakong dapat tandaan kapag nagsisikap na magtagumpay.**

# Pinatatatag ng Pang-kasalukuyang Katotohanan

**SAULUHING TALATA: "Kaya't magiging handa akong lagi na ipaalaala ko sa inyo ang mga bagay na ito, bagama't inyong nalalaman, at kayo'y pinatitibay sa katotohanang nasa inyo" (2 Pedro 1:12).**

"Wala tayong pag-aalinlangan, ni hindi rin tayo nag-alinlangan sa loob ng maraming taon, na ang mga doktrinang pinanghahawakan natin ngayon ay ang pang-kasalukuyang katotohanan, at tayo ay nalalapit na sa paghuhukom. Tayo ay naghahanda upang salubungin Siya na, na inaalalayan ng isang pulutong ng mga banal na anghel, ay lilitaw sa mga alapaap ng langit upang ibigay sa mga matapat at matuwid ang pagtatapos na yugto ng kawalang-kamatayan."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 355.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Early Writings, pp.* 61–71.

## *Linggo* — *Agosto 4*

### 1. LUMALAGO DITO AT NGAYON

**a. Ano ang binigyang diin ni apostol Pedro sa mga mananampalataya? 2 Pedro 1:12–15.**

"May pang-kasalukuyang katotohanan sa panahon ni Luther—isang katotohanan sa panahong iyon na may natatanging kahalagahan; mayroong isang pang-kasalukuyang katotohanan para sa iglesia ngayon. Siya na gumagawa ng lahat ng bagay ayon sa pangangasiwa ng Kanyang kalooban ay nalulugod na malagay ang mga tao sa ilalim ng iba't ibang mga kalagayan at mag-utos sa kanila ng mga tungkuling natatangi sa mga panahon kung saan sila nabubuhay at ng mga kondisyon kung saan sila inilalagay. Kung kanilang pahalagahan ang liwanag na ibinigay sa kanila, ang mas malawak na pananaw ng katotohanan ay mabubuksan sa harapan nila."—*The Great Controversy,* p. 143.

**b. Ipaliwanag kung paano tayo lalago sa ating pang-unawa sa Liwanag na nagmumula sa Langit. Mga Hebreo 5:12–14; 6:1–3.**

"Ang bawat paghakbang sa pananampalataya at pagsunod ay nagdadala sa kaluluwa sa mas malapit na ugnayan sa Liwanag ng sanlibutan, na sa kanya'y 'walang anumang kadiliman.' "—*The Great Controversy,* p. 476.

## 2. PANANAGUTAN

**a. Bakit at paano natin kinakailangang baguhin ang ating paraan ng pagkilos kapag nakakatanggap tayo ng higit na liwanag na hatid ng langit? Santiago 4:17; Kawikaan 4:18; Mateo 6:23.**

"Ang Diyos ay humihiling sa Kanyang bayan ayon sa biyaya at katotohanang ibinigay sa kanila. Lahat ng Kanyang matuwid na kahilingan ay dapat na lubos na matugunan. Ang mga may pananagutang nilalang ay dapat lumakad sa liwanag na sumisinag sa kanila. Kung mabibigo silang gawin ito, ang kanilang liwanag ay nagiging kadiliman, at ang kanilang kadiliman ay napakatindi sa parehong antas nang ang kanilang liwanag ay sagana. Ang natipong liwanag ay sumisinag sa bayan ng Diyos; ngunit marami ang nagpabaya sa pagsunod sa liwanag, at sa kadahilanang ito sila ay nasa isang kalagayan ng espirituwal na panghihina.

"Hindi dahil sa kakulangan ng kaalaman na ang bayan ng Diyos sa ngayon ay napapahamak. Hindi sila hahatulan dahil hindi nila nalaman ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Ang katotohanang nakarating sa kanilang pang-unawa, ang liwanag na suminag sa kaluluwa, ngunit pinabayaan o tinanggihan, ang hahatol sa kanila. Yaong mga hindi kailanman nagkaroon ng liwanag na tinanggihan ay hindi mahahatulan. Ano pa ang maaaring gawin para sa ubasan ng Diyos sa kabila ng mga nagawa na? Ang liwanag, napaka-halagang liwanag, ay sumisinag sa bayan ng Diyos; ngunit ito ay hindi makapagliligtas sa kanila maliban kung sila ay sumang-ayon na iligtas sa pamamagitan nito, ganap na mamuhay ayon dito, at ihatid ito sa iba na nasa kadiliman. Ang Diyos ay nanawagan sa Kanyang bayan na kumilos. Ito ay isang indibidwal na gawain ang paghahayag at pagtalikod sa mga kasalanan at pagbabalik sa Panginoon ang kinakailangan. Ang isa ay hindi maaaring gawin ang gawaing ito para sa iba. Ang pangrelihiyong kaalaman ay natipon, at ito ay nagdadagdag ng kaukulang mga obligasyon. Ang dakilang liwanag ay sumisinag sa iglesia, at sa pamamagitan nito sila ay hinahatulan dahil sila ay tumatangging lakaran ito. Kung sila ay bulag ay wala silang pagkakasala. Ngunit nakakita sila ng liwanag at nakarinig ng maraming katotohanan, ngunit hindi sila matalino at banal. Marami ang sa loob ng maraming taon ay hindi gumawa ng pagsulong sa kaalaman at tunay na kabanalan. Sila ay mga espiritwal na unano. Sa halip na magpatuloy sa kasakdalan, sila ay bumabalik sa kadiliman at pagkaalipin sa Ehipto. Ang kanilang pag-iisip ay hindi ginagamit sa kadalisayan at tunay na kabanalan.

"Ang Israel ba ng Diyos ay gising? Ang lahat ba na nag-aangkin ng kabanalan ay nagsisikap na iwaksi ang bawat kamalian, ipinahahayag sa Diyos ang bawat lihim na kasalanan, at pinagdadalamhati ang kaluluwa sa harapan Niya? Sila ba, nang may buong pagpapakumbaba, ay magsisiyasat sa mga motibo ng bawat kilos, at nalalaman na ang mata ng Diyos ay nababasa ang lahat, sinasaliksik ang bawat nakatagong bagay? Hayaang maging masinsinan ang gawain, ang pagtatalaga sa Diyos ay lahat. Nananawagan Siya para sa lubusang pagsuko ng lahat ng mayroon tayo at kung ano tayo. Ang mga ministro at ang bayan ay nangangailangan ng isang bagong pagkahikayat, isang pagbabago ng kaisipan, kung wala ito ay hindi tayo mga samyo ng buhay tungo sa buhay, kundi ng kamatayan tungo sa kamatayan. "—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 123, 124.

## 3. PANGKASALUKUYANG KATOTOHANAN

**a. Magbigay ng mga halimbawa ng mga paksa upang maging pokus ng pag-aaral, kung saan hindi tayo dapat magagambala. Daniel 7:9, 10; 8:14; Awit 119:33–35.**

---

"Maraming mahahalagang katotohanan ang nasa Salita ng Diyos, ngunit ang 'pang-kasalukuyang katotohanan' ang kailangan ng kawan ngayon. Nakita ko ang panganib sa mga mensahero na malihis mula sa mahahalagang punto ng pang-kasalukuyang katotohanan, na manatili sa mga paksang hindi nilayon para magkaisa ang kawan at magpabanal sa kaluluwa. Si Satanas ay gagawin ang lahat ng posibleng kalamangan para pinsalain ang layunin.

"Ngunit ang mga paksang tulad ng santuwaryo, na may kaugnayan sa 2300 na araw, ang kautusan ng Diyos at ang pananampalataya kay Jesus, ay ganap na inihanda upang ipaliwanag ang naunang Samahan ng Adventista at ipakita kung ano ang ating kasalukuyang posisyon, patatagin ang pananampalataya ng mga nag-aalinlangan, at bigyan ng katiyakan sa maluwalhating hinaharap. Ang mga ito, na madalas kong nakikita, ay ang mga pangunahing paksa kung saan ang mga mensahero dapat manatili."—*Early Writings,* p. 63. [Pagbibigay-diin ng may-akda.]

**b. Sa loob ng humigit-kumulang 180 taon (medyo kamakailan lamang sa pangkalahatang saklaw ng kasaysayan ng mundo), ano ang naging napakahalagang bahagi ng pang-kasalukuyang katotohanan? Pahayag 14:6–13.**

---

"Ang pagpapahayag ng una, pangalawa, at pangatlong mensahe ng mga anghel ay matatagpuan sa salita ng Kinasihan. Walang peg o pin ang dapat tanggalin. Walang kapangyarihan ng tao ang may mas higit na karapatang baguhin ang kinalalagyan ng mga mensaheng ito tulad ng palitan ng Bagong Tipan dahil sa Luma. Ang Lumang Tipan ay ang ebanghelyo sa mga anyo at simbolo. Ang Bagong Tipan ay ang kaganapan. Ang isa ay kasinghalaga ng isa. Ang Lumang Tipan ay naglalahad ng mga aral mula sa mga labi ni Kristo, at ang mga aral na ito ay hindi nawala ang kanilang puwersa sa anumang pangyayari. Ang una at ikalawang mensahe ay ibinigay noong 1843 at 1844, at tayo ngayon ay nasa ilalim ng pagpapahayag ng ikatlo; ngunit ang lahat ng tatlong mga mensahe ay dapat pa ring ipahayag. Ito ay napakahalaga pa rin ngayon tulad ng dati na ang mga ito ay maulit sa mga naghahanap ng katotohanan. Sa pamamagitan ng panulat at tinig ay dapat nating palakasin ang pagpapahayag, na nagpapakita ng kanilang kaayusan, at ang pag-aangkop ng mga propesiya na maghahatid sa atin sa mensahe ng ikatlong anghel. Hindi magkakaroon ng pangatlo kung wala ang una at pangalawa. Ang mga mensaheng ito ay dapat nating ibigay sa sanlibutan sa mga publikasyon, sa mga diskurso, na nagpapakita sa linya ng kasaysayan ng propesiya ang mga bagay na nangyari na, at ng mga bagay na mangyayari pa."—*Counsels to Writers and Editors,* p. 26.

## 4. MATINDING PAGNANAIS NA LUMAGO

**a. Ilarawan ang pag-uugali na nagbibigay-daan sa atin na yakapin ang kasalukuyang katotohanan habang ito ay inilalahad, kahit na ito tinatanggihan ng iba. Jeremias 29:13; Mateo 18:3; Juan 7:17.**

---

"Kapag kayo ay naging tulad ng isang maliit na bata, na handang pangunahan, at kapag ang iyong pang-unawa ay pinabanal at ang iyong kalooban at mga hindi matuwid na opinion ay isinuko, ang gayong liwanag ay sisinag sa iyong puso gaya ng pagliliwanag ng mga Kasulatan at ipapakita sa iyo ang pang-kasalukuyang katotohanan sa napakaganda nitong pagkaka-ugnay. Ito ay lilitaw na parang gintong kadena, na pinagdugtong upang maging isang ganap na buo."—*Testimonies for the Church,* vol. 3, p. 448.

**b. Paano ang pagpapabaya madalas na pinapahina ang epekto ng pang-kasalukuyang katotohanan—at ano ang lunas? Isaias 56:9, 10; 1 Corinto 14:8; Pahayag 3:17–19.**

"Tayo ay nasa panganib ng pagbibigay ng mensahe ng ikatlong anghel sa paraang hindi malinaw na anupat hindi ito nagkakaroon ng epekto sa mga tao. Napakaraming iba pang mga bagay ang dinadala na ang mismong mensahe na dapat ipahayag nang may kapangyarihan ay nagiging mahina at walang tinig."—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 60.

"Tayo ay walang alinlangang nabubuhay na sa mga huling araw ng kasaysayan ng mundong ito. Kinakailangan nating maglaan ng maraming oras sa ating mga espirituwal na kapakinabangan, kung nais nating maranasan ang espirituwal na paglago na napakahalaga sa panahong ito. Dapat tayong gumawa ng mga determinadong pagbabago. Ang Tinig ay nagsabi: Ang mga bantay ay kinakailangang gumising, at bigyan ang trumpeta ng isang tiyak na tunog. Ang umaga ay dumarating; at gayundin ang gabi. Gumising, Aking mga bantay. Ang mga tinig ay na dapat ngayon ay maririnig na naglalahad ng katotohanan ay tahimik. Ang mga kaluluwa ay namamatay sa kanilang mga kasalanan, at ang mga ministro at mga manggagamot at mga guro ay natutulog. Gisingin ang mga bantay!"—*The Pacific Union Recorder,* Pebrero 20, 1908.

"Ang Tunay na Saksi ay nagpahayag na kahit na iniisip mong nasa mabuting kalagayan ka ng kasaganaan ay kinakailangan mo pa rin ang lahat ng bagay. Hindi sapat para sa mga ministro na maglahad ng mga paksang teoretikal; sila ay dapat ding magpahayag ng mga paksang praktikal. Kinakailangan nilang pag-aralan ang praktikal na mga aral na ibinigay ni Kristo sa Kanyang mga disipulo at gumawa ng malapit na aplikasyon nito sa kanilang sariling mga kaluluwa at sa mga tao. Dahil ba si Kristo ay nagbigay ng nagsasaway na patotoong ito, maaari na ba nating ipagpalagay na Siya ay wala ng magiliw na pag-ibig sa Kanyang bayan? Oh hindi! Siya na namatay upang tubusin ang tao mula sa kamatayan, ay umiibig nang may banal na pag-ibig, at ang Kanyang iniibig ay Kanyang sinasaway."—*Testimonies for the Church,* vol. 3, p. 257.

# Huwebes — Agosto 8

### 5. ANG LUPA AY NILIWANAGAN NG KALUWALHATIAN

**a. Ilarawan kung paano lumalawak at bumibilis ang kasalukuyang katotohanan bago ang pagbabalik ni Jesus sa mundong ito. Pahayag18:1–5.**

"[Sipi ang Pahayag 18:1, 2, 4. Ang banal na kasulatang ito ay nagtuturo sa panahon nang pagpahayag ng pagbasak ng Babylon, tulad ng ginawa ng ikalawang anghel ng Pahayag 14 (talata 8) ay dapat ulitin, na may karagdagang pagbanggit ng mga kasamaan na pumapasok sa iba't ibang organisasyon na bumubuo sa Babilonya, mula ng ang mensaheng iyon ay unang ibinigay, noong tag-araw ng 1844."—*The Great Controversy,* p. 603.

**b. Paano tayo dapat kumikilos ayon sa liwanag bagaman karamihan sa sanlibutan ay tinitingnan ang pang-kasalukuyang mensahe ng katotohanan na hindi kaaya-aya? 1 Corinto 2:12–16.**

"Sa ating indibidwal na karanasan tayo ay dapat maturuan ng Diyos. Kapag hinahanap natin Siya nang may matapat na puso, ipagtatapat natin sa Kanya ang mga depekto ng ating pag-uugali; at nangako Siya na tatanggapin ang lahat ng lalapit sa Kanya nang may mapagpakumbabang pagtitiwala. Ang sinumang nagpapasakop sa mga pag-aangkin ng Diyos ay magkakaroon ng nananatiling presensya ni Kristo, at ang pagsasama-samang ito ay magiging isang napakahalagang bagay sa kanya. Pinanghahawakan ang banal na karunungan, siya ay makakatakas sa mga kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita."—*Testimonies to Ministers,* p. 483.

"Kapag lumapit ka kay Kristo ay hindi mo ipagmamalaking, 'Ako ay banal.' Hayaan ang Diyos, lamang, ang magsalita para sa iyo, sapagkat hindi mo nalalaman ang iyong sariling puso. Ang pagmamataas na ito ay isang tiyak na katibayan na hindi mo nauunawan ang Kasulatan o ang kapangyarihan ng Diyos. Hayaang isulat ng Diyos sa Kanyang mga aklat, kung nais Niya, na ikaw ay isang masunuring bata, na tumutupad sa Kanyang mga kautusan nang may masayang puso, at ang mga talaan ay maghahayag nito sa harap ng mga anghel at ng mga tao sa araw ng gantimpala."— *The Signs of the Times,* Disyembre 2, 1887.

# Biyernes — Agosto 9

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Paano ang pang-kasalukuyang katotohanan sa ngayon naiiba sa mga nakaraang panahon?**
2. **Bakit ako mananagot sa Diyos sa pagsasabuhay ng pang-kasalukuyang katotohanan?**
3. **Bakit ko dapat gawing layunin na ibahagi ang pang-kasalukuyang katotohanan sa iba?**
4. **Paano ang aking pag-uugali sa mas malinaw na liwanag nakakaapekto sa aking espirituwal na paglago?**
5. **Ano ang dapat kong maging determinadong pamamaraan ng pagkilos sa harap ng pagsalungat?**

# Propesiya para sa Ating Kapakinabangan

**SAULUHING TALATA: "At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng hula; na mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso" (2 Pedro 1:19).**

"Sa pagtanggap sa mensahe ng ikatlong anghel ay hindi natin bibigyang-pansin ang mga kathang-aral, kundi ang 'lalong panatag na salita ng hula.' Tayo ngayon ay nabubuhay sa kasukdulan ng liwanag ng katotohan ng Biblia. 4, p. 592.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Selected Messages, bk.* 1, pp. 15–23.

## *Linggo* — *Agosto 11*

### 1. PANANAMPALATAYA, HINDI KATHANG-ISIP

**a. Bakit si Pedro ay nagawang pagtibayin ang pagka-Diyos ni Jesu-Cristo? Mateo 17:1–7.**

"Sa ibabaw ng bundok ang darating na kaharian ng kaluwalhatian ay inilalarawan sa maliit na paglalarawan—si Kristo na Hari, si Moises na kinatawan ng mga nabuhay na mag-uling mga banal, at si Elijah ng mga nailipat.

"Ang mga disipulo ay hindi agad nauunawaan ang kaganapan; ngunit sila ay nagagalak na ang mapagtiis na Guro, ang maamo at ang Isa na mapagkumbabang-loob, na nagparoo't parito na isang kaawa-awang dayuhan, ay pinarangalan ng mga pinakamamamahal sa langit." – The Desire of Ages, p. 422.

"Ang buong gabi ay lumipas sa bundok; at sa pagsikat ng araw, si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay bumaba sa kapatagan. Dahil sa malalim na pag-iisip, ang mga alagad ay namangha at natahimik. Maging si Pedro ay walang salitang masabi."—Ibid., p. 426.

**b. Ano ang nagawang ipahayag ni Pedro nang may pagtitiwala—at paano dapat natin, sa pamamagitan ng pananampalataya, ipahahayag ang kanyang walang takot na halimbawa? 2 Pedro 1:16–18.**

"Walang kasinungalingan sa katotohanan. Kung susundin natin ang mga mapanlinlang na kathang-aral, tayo ay nakikiisa sa mga puwersa ng kaaway laban sa Diyos at kay Kristo. . . .

"Ang bawat anyo ng kasamaan ay naghihintay ng pagkakataon para salakayin tayo. Ang mga salitang paimbabaw, panunuhol, pang-uudyok, mga pangako ng nakakamanghang pagpaparangal, ay masikap na gagamitin.

Ano ang ginagawa ng mga lingkod ng Diyos upang itaas ang hadlang sa isang 'Ganito ang sabi ng Panginoon' laban sa kasamaang ito?"—*Selected Messages,* bk. 1, p. 194.

## 2. ANG EPEKTO NG PROPESIYA

**a. Kapag ang kalituhan ay dumarami, ano ang maaari nating ipagpasalamat, gaya ng ipinakita kung paano nagbigay ng pag-asa si Kristo sa mga pinanghihinaan ng loob na mga disipulo sa daan patungong Emmaus? Lucas 24:15–21, 27, 32; 2 Pedro 1:19.**

---

"Ang mga puso ng mga disipulo [sa daan patungong Emmaus] ay naantig. Ang pananampalataya ay nagningas. Sila ay 'ipinanganak na muli sa isang buhay na pag-asa' bago pa man ihayag ni Jesus ang Kanyang sarili sa kanila. Layunin Niya na maliwanagan ang kanilang pang-unawa at patatagin ang kanilang pananampalataya sa 'lalong panatag na salita ng hula.' Nais Niyang mag-ugat ng matibay ang katotohanan sa kanilang mga isipan, hindi lamang dahil ito ay sinusuportahan ng Kanyang personal na patotoo, kundi dahil sa ang hindi mapag-aalinlanganang katibayan na ipinakita ng mga simbolo at anino ng kinaugaliang batas, at ng mga propesiya ng Lumang Tipan. Ito ay kinakailangan para sa mga tagasunod ni Kristo na magkaroon ng isang matalinong pananampalataya, hindi lamang para sa kanilang sariling kapakanan, kundi upang maihatid nila ang kaalaman tungkol kay Kristo sa sanlibutan. At bilang pinakaunang hakbang sa pagbibigay ng kaalamang ito, itinuro ni Jesus ang mga alagad kay 'Moises at sa lahat ng mga propeta.' Gayon ang patotoo na ibinigay ng muling nabuhay na Tagapagligtas sa kahulugan at kahalagahan ng Banal na Kasulatan ng Lumang Tipan."— *The Great Controversy,* p. 349.

"Plano [ng Diyos] na yaong mga nakikibahagi sa dakilang kaligtasang ito sa pamamagitan ni Jesucristo ay maging Kanyang mga misyonero. . . . Ang mga tao ay dapat mabigyan ng babala na maghanda para sa darating na paghuhukom. Sa mga nakikinig lamang sa mga kathang-aral, ang Diyos ay magbibigay ng pagkakataong marinig ang lalong panatag na salita ng hula, na kung saan sila ay gumagawa ng mabuti na kanilang iniingatan na parang isang liwanag na sumisinag sa isang madilim na dako. Ipakikita niya ang tiyak na salita ng katotohanan sa pang-unawa ng lahat na makikinig; lahat ay maaaring ihambing ang katotohanan sa mga kathang-aral na ipinahahayag sa kanila ng mga taong nagsasabing nauunawaan nila ang salita ng Diyos at angkop na magturo sa mga nasa kadiliman."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 631, 632.

**b. Banggitin ang isang babala ni Pablo kay Timoteo na lubos na nauugnay sa ngayon? 1 Timoteo 6:20, 21.**

---

"Ang mismong espiritu ng paganong idolatriya ay laganap ngayon, bagaman sa ilalim ng impluwensya ng siyensiya at edukasyon ay nagkaroon ito ng mas malinaw at kaakit-akit na anyo. Araw-araw ay nagdaragdag ng nakalulungkot na katibayan na ang pananampalataya sa lalong panatag na salita ng hula ay mabilis na nababawasan, at sa halip nito ay ang pamahiin at satanikong panggagaway ang umaakit sa isipan ng mga tao."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 192.

## 3. ISANG ANGKLA SA ATING KALULUWA

**a. Paano natin mauunawaan ang tunay na hula bilang isang angkla, isang pundasyong haligi ng Kristiyanong pananampalataya? Amos 3:7; 2 Pedro 1:20, 21.**

"Marami, napakarami, ang nagtatanong sa pagiging tunay at katotohanan ng Kasulatan. Ang pangangatwiran ng tao at ang mga imahinasyon ng puso ng tao ang sumisira sa inspirasyon ng Salita ng Diyos, at ang dapat tanggapin bilang ipinagkaloob, ay napapalibutan ng ulap ng mistisismo. Walang namumukod-tangi sa malinaw at natatanging mga linya, sa ilalim ng bato. Ito ay isa sa mga tanda ng mga huling araw."—*Selected Messages,* bk. 1, p. 15.

"May mga taong nagsisikap na maging pinagtutularan, na mas marunong kaysa sa nasusulat; samakatwid, ang kanilang karunungan ay kahangalan. Natutuklasan nila ang mga kahanga-hangang bagay nang maaga, mga ideyang naghahayag na malayo sila sa pagkaunawa sa banal na kalooban at mga layunin ng Diyos. Sa pagsisikap na gawing malinaw o malutas ang mga misteryong nakatago mula sa maraming panahon mula sa mortal na tao, sila ay tulad ng isang tao na nagkukumayod sa putik, hindi mai-ahon ang sarili ngunit sinasabi sa iba kung paano makaahon sa maputik na dagat na kanilang kinaroroonan. Ito ay isang angkop na paglalarawan ng mga taong nagtakda ng kanilang sarili upang itama ang mga pagkakamali ng Bibliya. Walang sinuman ang makapagpapahusay ng Bibliya sa pamamagitan ng pagmumungkahi kung ano ang ibig sabihin ng Panginoon o dapat nasabi.

"Ang ilan ay seryosong tumitingin sa atin at nagsasabi, 'Sa palagay mo ba ay maaaring may pagkakamali sa tagakopya o sa mga tagapaglimbag?' Ang lahat ng ito ay maaaring possible, at ang kaisipan na napakitid na magdadalawang-isip at matitisod sa mga posibilidad o maaaring maganap ay magiging kasing handa na matisod sa mga hiwaga ng Kinasihang Salita, dahil ang mahina nilang kaisipan ay hindi nakakakita sa mga layunin ng Diyos."—Ibid., p. 16.

"Ang Panginoon ay nagpapahayag sa mga tao sa hindi tuwirang pananalita, upang ang mahihinang pandama, mapurol, makalupang pang-unawa, ng mga makalupang nilalang ay maunawaan ang Kanyang mga salita. Sa ganon ipinakita ang pagpapakababa ng Diyos. Inaabot Niya ang mga nahulog na tao kung nasaan sila. Ang Bibliya, na ganap sa pagiging simple nito, ay hindi sumasagot sa mga dakilang ideya ng Diyos; sapagka't ang mga ideyang walang hanggan ay hindi maaaring ganap na maisaloob sa mga may hangganang behikulo ng pag-iisip. Sa halip na ang mga pagpapahayag ng Bibliya ay dagdagan, gaya ng pinaniniwalaan ng maraming tao, ang makapangyarihang pagpapahayag ay nasisira bago ang kadakilaan ng kaisipan, bagama't pinili ng manunulat ang pinaka-nagpapahayag na wika upang maihatid ang mga katotohanan ng mas mataas na edukasyon."—Ibid., p. 22.

"Kapag ang mga tao ay nagsisikap na pulaan ang Salita ng Diyos, sila ay nangangahas sa sagrado, banal na lupa, at dapat mas mabuting matakot at manginig at ikubli ang kanilang karunungan bilang kahangalan. Ang Diyos ay hindi nagtatakda ng tao na magpahayag ng paghatol sa Kanyang Salita, na pinipili ang ilang bagay bilang kinasihan at pinabubulaanan ang iba dahil hindi kinasihan."—Ibid., p. 23.

## 4. PROBISYON NG DIYOS PARA SA KANYANG MGA ANAK

**a. Ilarawan ang isang mapanganib na sitwasyon na karaniwang makikita sa ngayon—at kung paano natin ito dapat harapin. 2 Pedro 2:1–3; 1 Timoteo 4:1, 2; Deuteronomio 6:24, 25.**

"Kailanman, hindi kailanman nagkaroon ng panahon na ang katotohanan ay higit na nagdanas ng maling pagpapahayag, minamaliit, hinahamak sa pamamagitan ng napakasamang pakikipagtalo ng mga tao kaysa sa mga huling araw na ito. Ang mga tao ay dinadala ang kanilang mga sarili sa kanilang koleksyon ng magkakaibang mga maling doktrina na kanilang ipinapahayag bilang mga doktrina para sa mga tao. Ang bayan ay nabibighani sa ilang kakaiba, bagong bagay, at ang kakulangan sa karanasan ang gumagawa upang hindi makilala ang katangian ng mga ideya na maaaring ilarawan ng mga tao bilang isang bagay. Ngunit ang tawagin itong isang bagay na may malaking kahalagahan at iniuugnay ito sa mga aral ng Diyos ay hindi ito ginagawang katotohanan. . . .

"Dapat nating pakinggan ang tinig ng Diyos mula sa Kanyang inihayag na Salita, ang lalong panatag na salita ng hula. Yaong mga magpaparangal ng kanilang sarili at nagsisikap na gumawa ng ilang kahanga-hangang bagay ay mas mabuting magkaroon ng matinong pag-iisip."—*The SDA Bible Commentary,* [E. G. White Comments], vol. 6, pp. 1064, 1065.

"Ang kautusan ng Diyos ang pundasyon ng lahat ng nagpapatuloy na repormasyon. Dapat nating ipakita sa sanlibutan sa malinaw at maliwanag na mga linya ang pangangailangan ng pagsunod sa kautusang ito. Ang pagsunod sa kautusan ng Diyos ay ang pinakamalaking pagpapasigla sa industriya, ekonomiya, pagiging-matapat, at makatarungang pakikitungo sa pagitan ng tao. . . .

"Yaong mga masigasig na nakikinig sa tinig ng Panginoon at masayang tumutupad sa Kanyang mga utos ay makakasama sa bilang ng makakakita sa Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 8, p. 199.

**b. Anong mga halimbawa sa Bibliya ang binanggit ni Pedro upang ipakita ang pangangailangan—at katiyakan—ng ipinagkaloob na pagliligtas ng Diyos para sa mga umiibig at may pag-katakot sa Kaniya? 2 Pedro 2:4–8.**

"Ang bayan ng Diyos, na nakalantad sa mapanlinlang na kapangyarihan at hindi natutulog na masamang hangarin ng prinsipe ng kadiliman, at sa pakikipagtunggali sa lahat ng puwersa ng kasamaan, ay tinitiyak ang walang humpay na pangangalaga ng makalangit na mga anghel. Hindi ibinibigay ang gayong kasiguruhan nang walang pangangailangan. Kung pinagkalooban ng Diyos ang Kanyang mga anak ng pangako ng biyaya at proteksyon, ito ay dahil may mga makapangyarihang ahensya ng kasamaan na kailangang harapin—mga ahensyang napakarami, determinado, at walang kapaguran, na ang kasamaan at kapangyarihan ay walang sinumang ligtas na maging mangmang o hindi mag-iingat."—*The Great Controversy,* p. 513.

# Huwebes
Agosto 15

## 5. PINAPAHALAGAHAN ANG ATING TAGAPAGLIGTAS

**a. Ano ang pinakamahalagang pagliligtas ang iniaalok ng Diyos sa atin? 2 Pedro 2:9 (unang kalahati); 1 Corinto 10:13; Awit 50:15.**

"Ang Diyos ay iniingatan ang lahat ng lumalakad sa landas ng pagsunod; ngunit ang paglayo dito ay pakikipagsapalaran sa teritoryo ni Satanas. Doon tayo ay siguradong babagsak. Ang Tagapagligtas ay inuutusan tayo, 'Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso.' Marcos 14:38. Ang pagmumuni-muni at pananalangin ay mag-iiwas sa atin mula sa pagmamadali nang walang pahintulot sa daan ng panganib, at sa gayon tayo ay maliligtas mula sa maraming pagkatalo.

"Gayunpaman, hindi tayo dapat mawalan ng lakas ng loob kapag sinasalakay ng tukso. Kadalasan kapag inilagay sa isang mahirap na sitwasyon ay nagdududa tayo kung ang Espiritu ng Diyos ay nangunguna sa atin. Ngunit ang pangunguna ng Espiritu ang nagdala kay Jesus sa ilang upang tuksuhin ni Satanas. Kapag dinadala tayo ng Diyos sa pagsubok, Siya ay may layuning kailangang gawin para sa ating ikabubuti. Si Jesus ay hindi ipinangangahas ang mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagpunta nang walang pahintulot sa tukso, ni hindi Siya sumuko sa kawalan ng pag-asa kapag dumarating ang tukso sa Kanya. Hindi rin dapat tayo."—*The Desire of Ages,* p. 126.

"Ang tukso ay hindi kasalanan. Si Jesus ay banal at dalisay; gayunpaman Siya ay tinukso sa lahat ng punto gaya natin, ngunit may kalakasan at kapangyarihan na ang tao ay hindi kailanman makakaranas. Sa Kanyang matagumpay na pakikipaglaban ay nag-iwan Siya sa atin ng isang maliwanag na halimbawa, na dapat nating sundin ang Kanyang mga hakbang. Kung tayo ay may tiwala sa sarili o matuwid sa sarili tayo ay maiiwan na mahuhulog sa ilalim ng kapangyarihan ng tukso; ngunit kung tayo ay titingin kay Hesus at magtitiwala sa Kanya tumatawag tayo sa ating tulong ng isang kapangyarihan na nanaig sa kalaban sa larangan ng pakikipagbaka, at sa bawat tukso ay gagawa Siya ng paraan ng pagtakas. Kapag si Satanas sumugod na parang agos ng baha, kinakailangan nating harapin ang kanyang mga tukso sa pamamagitan ng tabak ng Espiritu, at si Jesus ang ating magiging katulong at magtataas para sa atin ng isang pamantayan laban sa kanya. Ang ama ng kasinungalingan ay nayayanig at nanginginig kapag ang katotohanan ng Diyos, na nag-aalab sa kapangyarihan, ay inihahagis sa kanyang mukha."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 426.

# Biyernes
Agosto 16

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Paano ang pagkaunawa sa hula ng Bibliya makakatulong sa akin sa mga araw na darating?**
2. **Bakit ibinahagi ni Jesus ang hula sa mga alagad na patungo sa Emmaus?**
3. **Sa anong mga paraan sinisikap ni Satanas na pahinain ang ating pagtitiwala sa Kasulatan?**
4. **Bakit napakahalaga na humawak nang matatag sa mga salita ng Kinasihan?**
5. **Kapag inaatake ng tukso, anong pagkilos ang dapat nating tandaan na dapat gagawin?**

# Pagiging-Dalisay sa Isang Napakasamang Kapanahunan

**SAULUHING TALATA: "Sa malinis ang lahat ng bagay ay malinis: ngunit sa kanila na marumi at hindi sumasampalataya ay walang malinis; ngunit maging ang kanilang pag-iisip at budhi ay nadungisan" (Tito 1:15).**

"Sa pamamagitan ng pagiging maingat, mapagtimpi, hindi nang-aabuso, tumatanggi sa mga hindi nararapat na atensyon, ngunit pinapanatili ang mataas na antas ng moral at maayos na dignidad, maraming kasamaan ang maaaring maiiwasan."—*The Adventist Home,* p. 331.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*5.

## *Linggo* *Agosto 18*

### 1. PAGBABANTAY NG ATING PAG-UUGALI

**a. Paano pinarusahan ng Diyos ang kapatid na babae ni Moises dahil sa inggit—at paano rin ito isang babala para sa ngayon? Mga Bilang 12:1, 2, 6–10; Santiago 4:11; 2 Pedro 2:9 (ikalawang kalahati), 10.half), 10.**

"Kung ang inggit at pagiging-diskontento ni Miriam ay hindi sinaway, ito ay magbubunga ng napakalaking kasamaan. Ang inggit ay isa sa mga pinaka-masamang katangian na maaaring umiral sa puso ng tao, at isa ito sa pinakamasama ang epekto nito. Ang sabi ng matalinong tao, 'Poot ay mabagsik, at ang galit ay mamumugnaw, nguni't sinong makatatayo sa harap ng paninibugho?' Kawikaan 27:4. Ang inggit ang unang nagdulot ng hindi pagkakasundo sa langit, at ang pagpapakabuyo nito ay nagdulot ng hindi masasabing kasamaan sa mga tao. 'Sapagka't kung saan mayroong paninibugho at pagkakampikampi, ay doon mayroong kaguluhan at lahat ng gawang masama.' Santiago 3:16.

"Hindi dapat ituring na isang magaang bagay ang magsalita ng masama tungkol sa iba o gawin ang ating sarili bilang mga hukom sa kanilang mga motibo o kilos. 'Ang nagsasalita laban sa kapatid, o humahatol sa kaniyang kapatid, ay nagsasalita laban sa kautusan, at humahatol sa kautusan: datapuwa't kung ikaw ay humahatol sa kautusan, hindi ka na tagatupad ng kautusan, kundi hukom.' Mayroon lamang isang hukom. . . . At sinumang umako sa kanyang sarili na hatulan at husgahan ang kanyang kapwa tao ay inaagaw ang kaukulang Karapatan ng Lumikha.

"Ang Bibliya ay partikular na nagtuturo sa atin na mag-ingat sa basta-bastang pagdadala ng paratang laban sa mga tinawagan ng Diyos na kumilos bilang Kanyang mga kinatawan."—*Patriarchs and Prophets,* pp. 385, 386.

## 2. MAPAGMATAAS NA KAPANGAHASAN

**a. Paano ang Dios nagbabala laban sa mga mapagmataas na nagyayabang sa kanilang pagnanasa—lalo na kung sinusubukan nilang gumapang sa gitna ng Kanyang bayan? 2 Pedro 2:11–13.**

"Kapag kontrolado ng nakakagayumang kapangyarihan ni Satanas ang isang tao, ang Diyos ay nakakalimutan, at ang tao na puno ng masamang layunin ay itinatanghal. Ang lihim na kahalayan ay ginagawa ng mga nalinlang na kaluluwang ito bilang isang kabutihan. Ito ay isang uri ng pangkukulam. Ang tanong ng apostol sa mga taga-Galacia ay maaaring maitanong: 'Sino ang nagsigayuma sa inyo, upang hindi ninyo sundin ang katotohanan, na sa harapan ng inyong mga mata'y si Jesu-Kristo, na napako sa krus ay maliwanag na inihayag sa gitna ninyo?' Palaging may nakakagayumang kapangyarihan sa kathang-aral at sa kahalayan. Ang isipan ay nalilinlang na hindi ito makapag-isip nang may katalinuhan, at ang kahibangan ay patuloy na umaakay dito mula sa kadalisayan. Ang espirituwal na paningin ay lumalabo, at ang mga tao na hanggang ngayon ay walang bahid ang moralidad ay nalilito sa ilalim ng mapanlinlang na argumento ng mga kinatawan ni Satanas na nag-aangking mga mensahero ng liwanag. Ang panlilinlang na ito ang nagbibigay sa mga ahente ng kapangyarihan. Kung sila ay darating nang buong tapang at hayagang gumagawa ng kanilang mga pagsulong, sila ay tatanggihan nang walang pag-aalinlangan; ngunit nagsisikap muna sila upang makakuha ng simpatiya at magkaroon ng pagtitiwala sa kanilang sarili bilang banal, mapagsakripisyong mga tao ng Diyos. Bilang Kanyang mga espesyal na mensahero ay sinisimulan nila ang kanilang masining na gawain ng paglayo sa mga kaluluwa mula sa landas ng katuwiran sa pamamagitan ng pagtatangkang gawing walang bisa ang kautusan ng Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 142.

**b. Ano ang dapat nating pagtuunan ng pansin kung nahaharap sa gayong mga panganib? Isaias 51:7, 8; Tito 1:15.**

"Sa panahong ito ng kasamaan kapag ang ating kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na naghahanap ng masisila niya, nakikita ko ang pangangailangang itaas ang aking tinig bilang babala. 'Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso.' Maraming nagtataglay ng natatanging mga talento na nakakasuklam na itinatalaga sa paglilingkod kay Satanas. Anong babala ang maibibigay ko sa bayan na nag-aangking lumabas sila sa sanlibutan at pinananatili nito ang mga gawa ng kadiliman? . . . Marami sa kanila ang nagtatangkilik sa maruming mga kaisipan, hindi banal na mga imahinasyon, hindi banal na mga pagnanasa, at mga masasamang hilig. Kinamumuhian ng Diyos ang bungang dala ng gayong puno. Ang mga anghel, dalisay at banal, ay tumitingin sa ganyang gawain nang may pagkasuklam, habang si Satanas ay nagagalak. Oh, na ang mga lalaki at babae ay isaalang-alang kung ano ang makukuha sa pagsalangsang sa kautusan ng Diyos! Sa anuman at bawat sitwasyon, ang paglabag ay isang kahihiyan sa Diyos at isang sumpa sa tao. Dapat nating ituring ito nang gayon, gaano man kagaling ang pagbabalat-kayo nito, at sinuman ang nagkasala."—Ibid., p. 146.

## 3. PANANAGUTAN PARA SA MAS DAKILANG LIWANAG

**a. Paano inilalarawan ng Kinasihan ang kapalaran ng mga maninila na nagsisikap na dungisan ang bayan ng Diyos? 2 Pedro 2:14; 2 Timoteo 3:5–9.**

---

"Ang kalungkutan at pagkasira ng dignidad na sumusunod sa mahabang hanay ng kahalayan ay hindi matatantya. Ang sanglibutan ay nadungisan sa ilalim ng mga naninirahan dito. Malapit na nilang mapuno ang sukatan ng kanilang kasamaan; ngunit ang magdadala ng pinakamabigat na kaparusahan ay ang pagsasagawa ng kasamaan sa ilalim ng pagkukunwari ng kabanalan. Hindi kailanman tinatanggihan ng Manunubos ng sanlibutan ang tunay na pagsisisi, gaano man katindi ang kasalanan; ngunit Siya ay nagpupukol ng nagniningas na pagtuligsa laban sa mga Pariseo at mga mapagkunwari. Mayroong higit na pag-asa para sa hayagang makasalanan kaysa sa ganitong uri.

" 'At dahil dito [hindi natatanggap ang pag-ibig sa katotohanan] ang Diyos ay magpapadala sa kanila ng matinding panlilinlang, upang sila ay maniwala sa kasinungalingan: upang silang lahat ay mapahamak na hindi naniwala sa katotohanan, ngunit may kaluguran sa kalikuan.' Ang taong ito at ang mga nalinlang niya ay hindi umiibig sa katotohanan kundi nalulugod sa kalikuan. At anong mas matinding panlilinlang ang maaaring dumating sa kanila kaysa sa paniniwala na ang kahalayan at pangangalunya ay hindi kasuklam-suklam sa Dios? Ang Bibliya ay naglalaman ng maraming babala laban sa mga kasalanang ito."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 144, 145.

"Bilang kinatawan ni Kristo, namamanhik ako sa inyo na nag-aangkin ng pang-kasalukuyang katotohanan na agad na tanggihan ang anumang paglapit sa karumihan at talikuran ang samahan ng mga nagtataglay ng maruruming mungkahi. Kamuhian ang mga karumaldumal na kasalanang ito nang may napakatinding pagka-poot. . . .

"Habang ang mga nagsasagawa ng maruming kasalanang ito ay patuloy na dumarami sa sanglibutan at pumapasok sa ating mga simbahan, binababalaan ko kayo na huwag silang bigyan ng lugar. Tumalikod mula sa nang-aakit. Bagaman isang nag-aangking tagasunod ni Kristo, siya ay si Satanas sa anyo ng tao."—Ibid., p. 146.

**b. Magbigay ng isang tiyak na panganib para sa mga nag-aangking may higit na liwanag.Roma 2:21–23.**

"Ang pinaka-solemneng mensaheng naibigay sa mga mortal ay ipinagkatiwala sa mga taong ito, at maaari silang magkaroon ng malakas na impluwensya kung sila ay pababanalin nito. Ipinapahayag nila na nakatayo sila sa mataas na simulain ng walang hanggang katotohanan, na sinusunod ang lahat ng kautusan ng Diyos; samakatuwid, kung sila ay magpapakabuyo sa kasalanan, kung sila ay magkakasala ng pakikiapid at pangangalunya, ang kanilang krimen ay higit na sampung ulit na mas malaki kaysa sa mga uri na aking binaggit, na hindi kinikilala ang kautusan ng Diyos na umiiral sa kanila."—Ibid., vol. 2, p. 450, 451.

## 4. PANAHON NA PARA IWAKSI ANG ATING MGA INAALAGAANG KASALANAN!

**a. Kanino tayo inihahambing kung tayo ay patuloy na nagpapakabuyo sa anumang napakasamang ugali¬—at bakit? 2 Pedro 2:15, 16; Bilang 22:9, 12, 21, 27, 28; 31:16.**

"Narito ang isang solemneng babala para sa bayan ng Diyos ngayon, na huwag hayaang mamuhay ang di-Kristiyanong katangian sa kanilang mga puso. Ang kasalanan na kinakandili ay nagiging kinagawian; at, pinalalakas sa pamamagitan ng pag-uulit-ulit, ito sa lalong madaling panahon ay nagsasagawa ng isang nagko-kontrol na impluwensya, na dinadala sa pagpapasakop ang lahat ng mas marangal na kakayahan. Pinahalagahan ni Balaam ang gantimpala ng kalikuan. Ang kasalanan ng pag-iimbot, na ibinibilang ng Diyos sa idolatriya, ay hindi niya nilabanan at napagtagumpayan. Nakuha ni Satanas ang buong kontrol sa kanya sa pamamagitan ng isang pagkakamaling ito, na sumira sa kanyang pag-uugali. "—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 1, p. 1116.

**b. Sa pamamagitan ng anong paraan ang mga hindi nag-iingat na mga Kristiyano naaakit sa masama? 2 Pedro 2:17, 18; Roma 6:12; Efeso 6:12.**

"Ang palalong espirituwalista ay nag-aangkin ng higit na kalayaan, at sa maganda, mabulaklak na pananalita ay naglalayong akitin at linlangin ang mga kaluluwang hindi nag-iingat na piliin ang malawak na landas ng kasiyahan at napakasamang pagpapakabuyo, kaysa sa makipot na landas at tuwid na daan. Tinatawag ng mga espirituwalista ang mga hinihiling ng kautusan ng Diyos na pagkaalipin, at sinasabing ang mga sumusunod sa kanila ay namumuhay ng isang buhay na puno ng pagkatakot. Sa pamamagitan ng magagandang mga salita at nakakalugod na pananalita ay ipinagmamalaki nila ang kanilang kalayaan, at nagsisikap na takpan ang kanilang mapanganib na mga kathang-aral ng mga damit ng katuwiran. Gagawin nilang ang pinaka-nakakasuklam na mga krimen ay ituring na mga pagpapala sa lahi.

"Binubuksan nila sa harap ng makasalanan ang isang malawak na pintuan upang sundin ang mga pag-uudyok ng mahalay na puso, at nilalabag ang kautusan ng Diyos, lalo na ang ikapitong utos. Yaong mga nagsasalita ng kapalaluan ng mga salita na walang kabuluhan, at nagtatagumpay sa kanilang kalayaan sa kasalanan, ay nangangako sa kanila na kanilang dinadaya ang pagtatamasa ng kalayaan sa isang landas ng pagrerebelde laban sa inihayag na kalooban ng Diyos. Ang mga nalinlang na kaluluwang ito ay ang mismong nasa tunay na pagkaalipin ni Satanas at kinokontrol ng kanyang kapangyarihan, at gayon pa man ay nangangako ng kalayaan sa mga taong maglalakas-loob na sundin ang parehong landas ng kasalanan na sila mismo ang pumili.

"Ang Kasulatan ay tunay na natutupad dito, na ang mga bulag ay umaakay sa mga bulag. Sapagka't kung saan ang isang tao ay nadaig, sa gayon ay dinadala siya sa pagkaalipin. Ang mga nalinlang kaluluwang ito ay nasa ilalim ng pinaka-nakakasuklam na pagkaalipin sa kalooban ng mga demonyo. Sila ay nakianib sa mga kapangyarihan ng kadiliman at walang lakas na lumaban sa kagustuhan ng mga demonyo."—*The Review and Herald,* Abril 15, 1875.

## Huwebes — *Agosto 22*

### 5. PINAGPALA NG SAWAY

**a. Ipaliwanag ang pagpili na mayroon tayo. 2 Pedro 2:19; Roma 6:16, 19; Kawikaan 10:17.**

"Si [Juan] ay madalas na binababalaan at pinaaalalahanan ng Tagapagligtas; at ang mga pagsaway na ito ay tinanggap niya. Habang ang katangian ng Isang Banal ay nahayag sa kanya, nakita ni Juan ang kanyang sariling mga pagkukulang, at nagpakumbaba sa pamamagitan ng paghahayag. Araw-araw, salungat sa sarili niyang marahas na espiritu, nakita niya ang pagka-mahahabagin at pagtitiis ni Jesus, at pinakinggan ang Kanyang mga aral ng kababaang-loob at pagtitiis. Araw-araw ang kanyang puso ay inilalapit kay Kristo, hanggang sa mawala sa kanyang paningin ang sarili sa pag-ibig sa kanyang Panginoon. Ang kapangyarihan at pagka-mahahabagin, ang kamaharlikahan at kaamuan, ang kalakasan at pagtitiis, na nakikita niya sa araw-araw na buhay ng Anak ng Diyos, ang pumuno sa kanyang kaluluwa na may pagpapahalaga. Isinuko niya ang kanyang maramdamin, ambisyosong ugali sa paghubog ng kapangyarihan ni Kristo, at ang banal na pag-ibig ay nagdulot sa kanya ng pagbabago ng pag-uugali.

"Sa kapansin-pansing pagkaka-iba sa pagpapabanal na ginawa sa buhay ni Juan ay ang karanasan ng kanyang kapwa disipulo, si Judas. . . . Kadalasan, habang nakikinig siya sa mga salita ng Tagapagligtas, ang pananalig ay dumarating sa kanya, ngunit hindi niya ipinagpapakumbaba ang kanyang puso o ipinagtatapat ang kanyang mga kasalanan. Sa pamamagitan ng paglaban sa banal na impluwensya ay nilapastangan niya ang Panginoon na ipinapahayag niyang iniibig niya. Si Juan ay nakipaglaban nang masikap laban sa kanyang mga kamalian; ngunit si Judas ay nilabag ang kanyang konsensya at sumuko sa tukso. . . .

"Si Juan at Judas ay mga kinatawan ng mga nag-aangking mga tagasunod ni Kristo. Ang parehong disipulo ay may magkaparehong pagkakataon na makapag-aral at sundin ang banal na Huwaran. Pareho silang malapit na nauugnay kay Jesus at may pribilehiyong makinig sa Kanyang turo. Ang bawat isa ay may malubhang depekto sa pag-uugali; at bawat isa ay may daan sa banal na biyaya na nagbabago ng pag-uugali. . . . Ang isa, na araw-araw namamatay sa sarili at nagtagumpay sa kasalanan, ay pinabanal sa pamamagitan ng katotohanan; ang isa, na lumalaban sa nagpapabagong kapangyarihan ng biyaya at nagpakabuyo sa makasariling pagnanasa, ay dinala sa pagkaalipin ni Satanas."—*The Acts of the Apostles,* p. 558.

## Biyernes — *Agosto 23*

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Paano si Miriam nakaligtas sa kahihiyan ng ketong?**
2. **Paano ang lipunan ngayon ginagawa ang mga babala ni Pedro na napakahalaga para sa atin ngayon?**
3. **Sa isang napakasamang sanlibutan, sa anong mga paraan ang bayan ng Diyos magiging natatangi?**
4. **Paano ko lamang maiiwasan ang kapalaran ni Balaam?**
5. **Ipaliwanag ang pagkakaiba ng pag-uugali sa pagitan ng nagkakamaling Juan at nagkakamaling Hudas.**

# Pagpapahalaga sa Makalangit na Liwanag

**SAULUHING TALATA: "Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya" (Santiago 4:17).**

"'"Sinabi ng anghel: 'Kung ang liwanag ay dumating, at ang liwanag na iyon ay isinantabi o tinanggihan, pagkatapos ay darating ang paghatol at galit ng Diyos; ngunit bago dumating ang liwanag, ay walang kasalanan, sapagkat walang liwanag na kanilang itatakwil.' "—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 116.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol.* 2, pp. 695–711.

## *Linggo* *Agosto 25*

### 1. MGA SULIRANIN SA PAG-UUGALI

**a. Paano ipinaliwanag ni Pedro ang kahahantungan ng mga huwad na guro? 2 Pedro 2:20.**

"Ang mga bulaang tagapagturo, na lumilitaw sa iglesia at itinuturing na totoo ng karamihan sa kanilang mga kapatid sa pananampalataya, ay inihahambing ng apostol sa 'mga balon na walang tubig, mga ulap na nadadala ng unos; na sa kanila ang ulap ng kadiliman ay inilaan magpakailanman.' 'Ang kanilang huling kalagayan ay lalong masama,' ipinahayag niya, 'kaysa nang una.' "—*The Acts of the Apostles,* p. 535.

**b. Anong mga walang-hanggang salita ang nakakatulong sa atin na mapanatili ang isang maayos na pananaw at gumawa ng matalinong mga pagpapasya kapag hinahanak tayo ng iba o sinusubok ang ating pagtitiis? Eclesiastes 7:8.**

"Marami ang nagnanais na purihin at masikap na nagbabantay sa mga maliliit na bagay o kapabayaan. May malupit, hindi mapagpatawad na espiritu. May inggitan, alitan, pagsisikap na umangat. . . .

"Habang masigasig kang nagsusumikap na maging una, tandaan na mahuhuli ka sa biyaya ng Diyos kung mabibigo kang pahalagahan ang maamo at mapagkumbabang espiritu. Ang pagmamataas sa puso ay magdudulot sa marami na mabigo kung saan dapat sana sila ay maaaring nagtagumpay. 'Bago ang karangalan ay ang pagpapakumbaba,' at 'ang matiising espiritu ay mas mabuti kaysa sa palalong espiritu.' "—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 50.

## 2. ILANG MGA KAPANSIN-PANSING PAGLALARAWAN

**a. Ano ang tinutukoy ni Pedro na dapat gumising sa atin? Kawikaan 26:11; 2 Pedro 2:20–22.**

"Ang mundo ay nahihinog na para sa pagkawasak nito. Ang Diyos ay matitiis ang mga makasalanan ngunit kaunting panahon na lamang. Dapat nilang inumin ang mga latak ng saro ng Kanyang poot na walang halong awa. . . . Malapit nang malaman kung sino ang nasa panig ng Panginoon, na hindi ikahihiya si Jesus. Yaong mga walang moral na lakas ng loob na matapat na naninindigan sa kanilang posisyon sa harapan ng mga di-mananampalataya, na iniiwan ang mga usong disenyo ng sanlibutan, at tinutularan ang mapagtanggi sa sariling buhay ni Kristo, ay ikinahihiya Niya, at hindi umiibig sa Kanyang halimbawa."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 287.

**b. Paano tayo binabalaan ni Kristo sa katulad na paraan laban sa pagkabigong mapanatili ang isang mapagpakumbaba, umaasa sa Kanyang ugnayan? Lucas 11:24–26.**

"Ang nagagayakang bahay ay kumakatawan sa mapagmatuwid sa sariling kaluluwa. Si Satanas ay pinalayas ni Kristo. Ngunit bumalik siya, sa pag-asang makahanap ng pasukan. Nakita niyang walang laman ang bahay, walis na, at nagagayakan. Tanging pagiging matuwid sa sarili ang nananatili doon. 'Pagkatapos ay yumaon siya, at nagsama ng pito pang espiritu na lalong masasama pa kaysa sa kaniya; at sila'y nagsisipasok, at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon kaysa sa una.'

"Ang sariling-katuwiran ay isang sumpa, isang pagpapalamuti ng tao, na ginagamit ni Satanas para sa kanyang kaluwalhatian. Yaong mga nagpapalamuti sa kaluluwa ng papuri sa sarili at ng pakunwaring papuri ay naghahanda ng daan para sa pitong iba pang espiritu na mas masasama kaysa sa una. Sa mismong pagtanggap nila ng katotohanan ang mga kaluluwang ito ay dinadaya ang kanilang sarili. Sila ay nagtatayo sa pundasyon ng sariling katuwiran. Ang mga panalangin ng mga kongregasyon ay maaaring ihandog sa Diyos sa pamamagitan ng serye ng mga seremonya, ngunit kung ang mga ito ay iniaalay sa sariling katuwiran ang Diyos ay hindi nila napapaluguran. Ang Panginoon ay nagpahayag, 'Ipahahayag ko ang iyong katuwiran, at tungkol sa iyong mga gawa; ang mga yaong hindi makikinabang sa iyo.' Sa kabila ng lahat ng kanilang pagpapasikat, ang kanilang pinalamutiang tahanan, si Satanas ay pumapasok kasama ang isang hukbo ng masasamang anghel at kinukuha ang kanyang lugar sa kaluluwa, upang tumulong sa panlilinlang. Isinulat ng apostol, 'Sapagka't kung, pagkatapos na sila'y makatakas sa mga pagkahawa sa sanglibutan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, ay muling mahalubiluhan at madaig niyaon, ay lalong sumasama ang huling kalagayan nila kay sa nang una. Sapagkat mabuti pa sa kanila na hindi nalaman ang daan ng katuwiran, kaysa, pagkatapos nilang malaman ito, ay tinatalikuran ang banal na kautusan na ibinigay sa kanila.' "—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1093.

## 3. NAMAMALAGI SA PANANAMPALATAYA

**a. Bakit malinaw na sinasabi sa atin na "mamalagi" kay Kristo? Colosas 1:21–23.**

"Hindi kinakailangang sadyang piliin natin ang paglilingkod sa kaharian ng kadiliman upang mapasailalim sa kapangyarihan nito. Kinakailangan lamang nating pabayaang iugnay ang ating sarili sa kaharian ng liwanag. Kung hindi tayo makikipagtulungan sa makalangit na mga kinatawan, sasakupin ni Satanas ang puso, at gagawin itong kanyang tahanan. Ang tanging depensa laban sa kasamaan ay ang pananahan ni Kristo ang puso sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang katuwiran. Maliban kung tayo ay lubos na nakaugnay sa Diyos, hinding-hindi natin malalabanan ang di-banal na epekto ng pag-ibig sa sarili, pagpapakabuyo sa sarili, at matuksong magkasala. Maaari nating iwanan ang maraming masasamang ugali, pansamantala maaaring mahiwalay tayo kay Satanas; ngunit kung walang buhay na ugnayan sa Diyos, sa pamamagitan ng pagsuko ng ating sarili sa Kanya sa bawat sandali, tayo ay madadaig. Kung walang personal na pagkakilala kay Kristo, at patuloy na pakikipag-isa, tayo ay nasa kapangyarihan ng kaaway, at gagawin ang kanyang utos sa huli." – The Desire of Ages, p. 324.

**b. Ipaliwanag ang napakagandang balanse na dapat nating maunawaan sa pamamagitan ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus. Roma 3:24–26; Mga Hebreo 6:4–6; 10:26, 27.**

"Siya na nagpagaling ng maysakit at nagpalayas ng mga demonyo nang Siya ay lumakad sa gitna ng mga tao ay siya rin ang makapangyarihang Manunubos ngayon. Ang pananampalataya ay nagmumula sa salita ng Diyos. Pagkatapos ay hawakan ang Kanyang pangako, 'Ang lumalapit sa Akin sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy.' Juan 6:37. Ilagay ang iyong sarili sa Kanyang paanan na may pagtangis, 'Panginoon, nananampalataya ako; tulungan Mo ang kakulangan ko ng pananampalataya.' Hinding-hindi ka mapapahamak habang ginagawa mo ito—hindi kailanman."—*The Desire of Ages,* p. 429.

"Habang ang makasalanan ay tumitingin sa kautusan, ang kanyang pagkakasala ay ginawang malinaw sa kanya, at idinidiin sa kanyang konsensya, at siya ay hinahatulan. Ang tanging kaaliwan at pag-asa niya ay matatagpuan sa pagtingin sa krus ng Kalbaryo. Habang siya ay nagbabaka-sakali sa mga pangako, tinatanggap ang Diyos sa Kanyang salita, ang kaginhawahan at kapayapaan ay dumarating sa kanyang kaluluwa. Siya ay humihibik, 'Panginoon, ipinangako Mo na ililigtas mo ang lahat ng lumalapit sa Iyo sa pangalan ng Iyong Anak. Ako ay isang nawaglit, walang magawa, walang pag-asang kaluluwa. Panginoon, iligtas mo, o ako ay mapapahamak.' Ang kanyang pananampalataya ay nakahawak kay Kristo, at siya ay inaring-ganap sa harap ng Diyos.

"Ngunit habang ang Diyos ay maaaring maging tapat, at gayunpaman ay ariing-ganap ang makasalanan sa pamamagitan ng mga merito ni Kristo, walang sinuman ang maaaring magtakip sa kanyang kaluluwa ng mga kasuotan ng katuwiran ni Kristo habang nagsasagawa ng mga nalalamang kasalanan, o nagpapabaya sa mga nalalamang tungkulin. Hinihiling ng Diyos ang lubusang pagsuko ng puso, bago ang pag-aaring-ganap mangyari; at upang mapanatili ng tao ang pag-aaring-ganap, kinakailangang may patuloy na pagsunod, sa pamamagitan ng aktibo, buhay na pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at nagpapadalisay sa kaluluwa."—*Selected Messages,* bk. 1, pp. 365, 366.

## 4. NAMUMUHAY AYON SA LIWANAG

**a. Mapalad tayo sa kasaganaan ng liwanag mula sa Langit, ano ang kinakailangan nating tandaan kung tayo ay seryoso sa ating kaligtasan? Santiago 4:17.**

---

"Kapag ang mga tao ay kinakausap tungkol sa paksa ng kalusugan, madalas nilang sinasabi: 'Marami tayong nalalaman kaysa sa ginagawa natin.' Hindi nila naiisp na sila ay may pananagutan sa bawat sinag ng liwanag patungkol sa kanilang pisikal na kalagayan at ang kanilang bawat ugali ay bukas sa pagsisiyasat ng Diyos. Ang pisikal na buhay ay hindi dapat tratuhin sa basta-bastang pamamaraan. Bawat bahagi, bawat himaymay ng nilalang, ay dapat na sagradong bantayan mula sa mga nakapipinsalang gawain."—*Testimonies for the Church,* vol. 6, p. 372.

**b. Sa maraming aspeto ng pang-kasalukuyang katotohanan kung saan kinakailangan ang pagbabago (ang kalusugan ay isa lamang halimbawa), gaano kalawak ang mga resulta ng ating pang-araw-araw na mga desisyon? Roma 14:21; Jeremias 13:20.**

---

"Ang paksa ng reporma sa kalusugan ay ipinahayag sa mga iglesia; ngunit ang liwanag ay hindi tinanggap ng buong puso. Ang makasarili, nakasisira sa kalusugan na pagpapakabuyo ng mga lalaki at babae ay humadlang sa impluwensya ng mensahe na ihanda ang bayan para sa dakilang araw ng Diyos. Kung ang mga iglesia ay naghahangad ng kalakasan, dapat nilang ipamuhay ang katotohanan na ibinigay sa kanila ng Diyos. Kung ipagwawalang-bahala ng mga kaanib ng ating mga iglesia ang liwanag sa paksang ito, aanihin nila ang tiyak na resulta sa parehong espirituwal at pisikal na pagkabulok. At ang impluwensya ng mga matatandang kaanib ng iglesia ay magiging lebadura sa mga bagong dating sa pananampalataya. Ang Panginoon ay hindi na kumikilos ngayon upang dalhin ang maraming kaluluwa sa katotohanan, dahil sa mga kaanib ng iglesia na hindi pa nahikayat at sa mga minsang nahikayat ngunit tumalikod. Ano ang magiging impluwensya ng mga di-napapabanal na kaanib na ito sa mga bagong nahikayat? Hindi ba nila gagawing walang bisa ang mensaheng ibinigay ng Diyos na dapat dalhin ng Kanyang bayan?"—Ibid., p. 370.

**c. Sa pagtanaw sa mabigat na responsibilidad na nakaatang sa lahat ng pinagkatiwalaan ng liwanag na ipinadala ng Langit para sa araw na ito, anong taimtim na panawagan ang inuulit sa atin sa ngayon? Jeremias 3:12, 13; Awit 32:5.**

---

# Huwebes — Agosto 29

## 5. NAGPAPATULOY SA PAGSULONG

**a. Ilarawan ang ilang angkop na mga panawagan para sa iglesia ng Diyos na nabubuhay sa mapanghamong mga panahon. Mga Hebreo 5:13, 14; 6:1; Filipos 2:14, 15.**

"Sa kabuuan ng ating mga iglesia ay magkakaroon ng muling pagka-hikayat at muling pagtatalaga sa paglilingkod. Hindi ba tayo, sa ating gawain sa hinaharap at sa mga pagtitipon na ating gaganapin, ay magkakaisa? Hindi ba tayo makikipagbuno sa Diyos sa panalangin, na humihiling na ang Banal na Espiritu ay pumasok sa bawat puso? Ang presensya ni Kristo, na makita sa atin, ay magpapagaling sa ketong ng kawalan ng pananampalataya na gumagawa sa ating paglilingkod na mahina at hindi epektibo. Kinakailangan natin ang hininga ng banal na buhay na ibuhos sa atin. Dapat tayong maging mga daluyan kung saan maaaring magpadala ang Panginoon ng liwanag at biyaya sa sanglibutan. Ang mga tumalikod ay dapat mabawi. Dapat nating iwaksi ang ating mga kasalanan, sa pamamagitan ng pagtatapat at pagsisisi na nagpapakumbaba ng ating mapagmataas na puso sa harapan ng Diyos. Ang mga pag-apaw ng espirituwal na kapangyarihan ay ibubuhos sa mga handang tumanggap nito."—*Testimonies for the Church,* vol. 8, p. 46. [Pagbibigay-diin ng may-akda.]

"Anuman ang inyong gawain, mahal na mga kapatid na lalaki at babae, gawin ninyo ito para sa Panginoon, at gawin ang inyong makakaya. Huwag palampasin ang kasalukuyang mga ginintuang pagkakataon at hayaan ang iyong buhay na mapatunayang isang kabiguan habang ikaw ay nakaupo nang walang kabuluhan na nangangarap ng kaalwanan at tagumpay sa isang gawain na hindi kailanman ipinagkaloob sa iyo ng Diyos. Gawin ang gawain na pinakamalapit sa iyo. Gawin ito, kahit na ito ay nasa gitna ng mga panganib at kahirapan sa larangan ng misyonero; ngunit huwag, nakikiusap ako, na magreklamo sa kahirapan at pagpapakaskit ng sarili. Tingnan ang mga Waldenses. Tingnan kung anong mga plano ang kanilang ginawa na ang liwanag ng ebanghelyo ay maaaring sumikat sa mga isipang magulo. Hindi tayo dapat gumawa nang may pag-asang matanggap ang ating gantimpala sa buhay na ito, ngunit nakatutok ang ating mga mata sa gantimpala sa pagtatapos ng takbuhan. Ang mga lalaki at babae ay kinakailangan ngayon na matapat sa tungkulin gaya ng kamay ng Kompas na palaging nakatutok sa hilaga, mga lalaki at babae na gagawa nang kahit hindi naaayos ang kanilang daanan at naaalis ang bawat balakid."—*Colporteur Ministry,* p. 68.


# Biyernes — Agosto 30

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Nag-iisip ba ako ng napakasama kapag ang isang tao ay tila hindi nagpapahalaga sa akin?**
2. **Sa anong mga paraan ang sariling katuwiran naipapakita sa mga huling araw na ito?**
3. **Paano ko matatamo at mapananatili ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa dugo ni Kristo?**
4. **Sa anong mga bahagi ng buhay ang aking mga pagkilos ay kinakailangang mas mabuting maipakita kung ano ang aking nalalaman?**
5. **Kapag natutuksong magreklamo, ano ang dapat kong tandaan?**

Sabbath, Setyembre 7, 2024

# Handog sa Unang Sabbath para sa Angolan Union Headquarters




Ang SDARM Northeast Angolan Field ay inorganisa noong 2015 ng General Conference, upang pagsilbihan ang tatlong probinsya—Kwanza North, Uíge, at Malanje. Ang huli ay matatagpuan sa loob ng punong-tanggapan ng North Central Angolan Field. Ang rehiyon ay may lawak na 181,110 km² at tinatayang populasyon na 3,550,774 na naninirahan. Dumating ang SDARM sa rehiyong ito noong 1978 na may unti-unting pagsisimula. Gayunpaman, noong 1990, sa awa ng Diyos, ang gawain ay naging tiyak na naitatag sa rehiyon at mula noon ang mensahe ay hindi tumigil. Malaking pagsulong ang nagawa at ang mensahe ng kasalukuyang katotohanan ay nakarating sa ilang kalapit na lugar sa rehiyon.

Ang kailangan natin ngayon ay para sa isang gusali ng opisina na may mga silid para sa gawain para sa mga empleyado ng Angolan Union, isang aklatan, at isang auditorium para sa mga kumperensya.

Nakakuha kami ng lupa sa isang suburban area na madaling ma-access. Umaasa kami na sa espasyong ito ay maitatayo namin ang ninanais na gusali upang wastong kumatawan sa sagradong gawain ng Diyos sa rehiyong ito.

Sa pagninilay-nilay sa dakilang gawain sa hinaharap, kailangan natin ng institusyonal na organisasyon na magbibigay-daan sa koordinasyon at pagpaplano ng mga aktibidad sa perpektong pagkakasunud-sunod—na isinasaisip na "[Ang Diyos] ay nag-uutos na ang kaayusan at sistema ay sundin sa pagsasagawa ng mga gawain sa iglesia ngayon na hindi bababa sa mga araw ng unang panahon. Ninanais Niya na ang Kanyang gawain ay maisulong nang may ganap at katumpakan upang mailagay Niya dito ang tatak ng Kanyang pagsang-ayon. Ang Kristiyano ay dapat makiisa sa Kristiyano, iglesia sa iglesia, ang instrumentalidad ng tao na nakikipagtulungan sa banal, bawat ahensya na nasa ilalim ng Banal na Espiritu, at lahat ay pinagsama sa pagbibigay sa mundo ng mabuting balita ng biyaya ng Diyos."—*The Acts of the Apostles,* p. 96.

Ang mensahe ng kaligtasan ay dapat umabot sa lahat ng lupain, at nakatitiyak tayo na ang Panginoon ay "hindi mabibigo, ni masisira, hanggang sa siya ay magpadala ng paghatol sa lupa; at ang mga pulo ay maghihintay sa kaniyang aral" (Isaias 42:4).

Dito, hinihiling namin sa aming mahal na mga kapatid sa buong mundo na tulungan kami sa pamamagitan ng saganang na pagbibigay ng inyong handog sa proyektong ito upang tumulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mga kaluluwa sa malawak na teritoryong ito ng Angola. Pagpalain ka nawa ng Panginoong Diyos.

*Ang iyong mga kapatid mula sa Northeast Angola Union*

# Pagpapatatag ng Ating Pag-iisip

**SAULUHING TALATA: "Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal, na isinusulat ko sa inyo; at sa dalawa'y ginigising ko ang inyong tapat na pagiisip sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa inyo" (2 Pedro 3:1).**

"Dapat nating muling bilangin ang ating mga pagpapala. Dapat nating tipunin sila at ikintal sa bulwagan ng alaala. Anong uri ng larawan ang isasabit mo doon ngayon?"—*The Review and Herald,* Marso 26, 1889.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, for the Church*5.

## *Linggo* — *Setyembre 1*

### 1. ISANG PANAWAGAN PARA SA BULWAGAN NG ALAALA

**a. Paano at bakit nananawagan si Pedro sa kakayahan ng ating isipan? 2 Pedro 3:1.**

"Kapag mas lubos na nauunawaan ng mga lalaki at babae ang kahalagahan ng dakilang sakripisyo na ginawa ng Kamahalan ng langit sa pagkamatay bilang kahalili ng tao, kung gayon ang plano ng kaligtasan ay mapapalawak, at ang mga pagmuni-muni sa Kalbaryo ay pupukaw sa magiliw, sagrado, at masiglang damdamin sa puso ng Kristiyano. Ang mga papuri sa Diyos at sa Kordero ay mananatili sa kanilang mga puso at sa kanilang mga labi. Ang pagmamataas at pagpapahalaga sa sarili ay hindi maaaring lumago sa mga pusong nananatiling sariwa sa alaala ang mga kaganapan sa Kalbaryo. Ang sanlibutang ito ay hindi gaanong mahalaga sa mga taong pinahahalagahan ang napakalaking halaga ng pagtubos sa tao, ang napakahalagang dugo ng mahal na Anak ng Diyos. Ang lahat ng kayamanan ng sanlibutan ay hindi sapat ang halaga para tubusin ang isang kaluluwang napapahamak. Sino ang makasusukat ng pag-ibig na ipinadama ni Kristo para sa isang mundong naligaw habang Siya ay nakapako sa krus, naghihirap para sa mga kasalanan ng mga taong nagkasala? Ang pag-ibig na ito ay hindi masusukat, walang hanggan."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, p. 212.

"O, kung ang lahat ng maling direksyon ng sigasig ay ilalaan sa isang dakilang bagay—ang masaganang mga probisyon ng biyaya ng Diyos sa buhay na ito—gaanong mga patotoo ang maaaring maisabit natin sa bulwagan ng alaala, na nagsasalaysay ng mga kahabagan at mga biyaya ng Diyos! . . . Kung gayon ang ugali ay dadalhin natin bilang isang matibay na prinsipyo sa pag-iipon ng mga espirituwal na kayamanan nang masigasig at pagtitiyaga gaya ng paggawa ng mga makamundong mithiin para sa makalupa at pangkaraniwang mga bagay."—*Our High Calling,* p. 188.

## 2. ANO ANG DAPAT IMBAKIN SA ATING ALA-ALA

**a. Ano ang pinakamahalagang dapat unahin na dapat nating tandaan, at bakit? 2 Pedro 3:2; Awit 119:11.**

---

"Ang mga tukso ay madalas na mukhang hindi mapaglabanan dahil, sa pamamagitan ng pagpapabaya sa pananalangin at pag-aaral ng Bibliya, ang tinutukso ay hindi madaling maalala ang mga pangako ng Diyos at harapin si Satanas gamit ang mga sandata ng Kasulatan. Ngunit ang mga anghel ay nasa paligid ng mga taong handang turuan ng mga banal na bagay; at sa panahon ng matinding pangangailangan ay kanilang ipapaala-ala ang mismong mga katotohanang kinakailangan. Kaya 'pag ang kaaway ay dumating na parang bugso ng tubig, ang Espiritu ng Panginoon ay magtataas ng sagisag laban sa kanya.' Isaias 59:19.

"Nangako si Jesus sa Kanyang mga alagad: Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at amagpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.' Juan 14:26. Ngunit ang mga aral ni Kristo ay dapat na dati nang nakaimbak sa isipan upang ang Espiritu ng Diyos ay ipapaala-ala ang mga ito sa panahon ng panganib." — *The Great Controversy,* pp. 599, 600.

**b. Banggitin ang mga halimbawang nagbibigay-diin sa napakahalagang pag-iimbak sa ating isipan ng kasaysayan at mga aral sa Bibliya. Lucas 1:67–70; Mga Gawa 3:20, 21.**

"Ang Bibliya ang pinakaluma at ang pinaka-malawak ang saklaw na kasaysayan na taglay ng mga tao. Ito ay nagmula direkta sa bukal ng walang hanggang katotohanan, at sa lahat ng kapanahunan ay pinangalagaan ng banal na kamay ang kadalisayan nito. Binibigyang-liwanag nito ang napaka-layong nakaraan, kung saan ang pananaliksik ng tao sa walang kabuluhan ay sinisikap na maunawaan. Sa salita ng Diyos lamang natin nakikita ang kapangyarihang naglatag ng mga pundasyon ng lupa at nagpalawak ng kalangitan. Dito lamang natin makikita ang isang tunay na salaysay ng pinagmulan ng mga bansa. Dito lamang ibinigay ang kasaysayan ng ating lahi na walang bahid ng kapalaluan o hindi matuwid na palagay ng tao."—*Education,* p. 173.

"Ang aking isipan ay nabibigatan sa usapin ng pagsulat sa kasaysayan ng Lumang Tipan. Ako ay nababagabag na makita ang aking mga kapatid na lalaki at babae na dinadala sa pang-araw-araw na buhay ang napakaliit na katotohanan ng Bibliya. Upang tayo ay maging mananagumpay, dapat nating maunawaan na may labanan na dapat ipaglaban. Tayo ay nagagalak na malaman na sa pamamagitan ng nagpapalakas na kapangyarihan ng biyaya ng Diyos tayo ay siguradong magwawagi. Ang Diyos ay mas malakas kaysa sa lahat ng mga kapangyarihan ng nahulog na kalaban."— *The Bible Training School,* Hunyo 1, 1903.

## 3. ISANG TANDA NG HULA NA NATUPAD

**a. Ano ang nangyayari sa mga huling araw upang mayanig ang pananampalataya ng marami? 2 Pedro 3:3.**

---

"Ang pangkalahatang pamamaraan ng pagtuturo sa mga kabataan ay hindi nakakatugon sa pamantayan ng tunay na edukasyon. Ang mga saloobin ng mga hindi naniniwala ay inihahalo sa mga bagay na inilagay sa mga aklat-aralin, at ang mga aral ng Diyos ay inilalagay sa isang nakakapag-alinlangan o kahit sa isang hindi kanais-nais na liwanag. Kaya ang isipan ng mga Kabataan ay nagiging pamilyar sa mga mungkahi ni Satanas, at ang mga pagdududa na minsang binigyang pansin ay nagiging, mga nakakatiyak na katotohanan, at ang siyentipikong pananaliksik ay ginagawang mapanlinlang dahil sa paraan ng mga pagtuklas na binibigyang kahulugan at binabaluktot. Ang mga tao ay nagpapasya sa kanilang sarili na pamahalaan ang salita ng Diyos sa harapan ng isang may hangganang hukuman, at ang paghatol ay ipinahahayag sa kinasihan ng Dios ayon sa may hangganang pagsukat, at ang katotohanan ng Diyos ay pinalilitaw bilang isang bagay na walang katiyakan sa harap ng mga kasaysayan ng siyensiya. . . . Kapag nagagawa nilang makapagpasigla sa pananampalataya sa mga nag-aalinlangan, inaamin nila ang kanilang sariling kawalan ng katiyakan kung ang salita ng Diyos o ang mga natuklasan ng siyensiya, na tinatawag na mali, ay totoo. Yaong mga tunay na matapat ay nagawang mag-alinlangan sa kanilang pananampalataya dahil sa pag-aalinlangan ng mga nag-aangking tagapagpaliwanag ng Bibliya nang sila ay nakipag-ugnayan sa mga nabubuhay na orakulo. Si Satanas ay sinasamantala ang pag-aalinlangan ng isipan, at sa pamamagitan ng hindi nakikitang mga ahensya, na isinisiksik niya sa kanyang mapanlinlang na mga argumento, at naging dahilan upang ang mga tao ay malito sa mga ulap ng pag-aalinlangan."—*Fundamentals of Christian Education,* p. 329.

**b. Anong payo ni Pablo ang naaangkop sa bagay na ito sa ngayon? 1 Timoteo 6:20.**

"Ang kawalan ng pagbabago ng likas ay higit na pinag-iisipan, at ang mga teoryang mapanlinlang ay kaagad na pinagtitibay ng mga taong ang isipan ay pinipli ang kapaligiran ng pag-aalinlangan, dahil hindi sila naaayon sa banal na kautusan ng Diyos, ang pundasyon ng Kanyang pamahalaan sa langit at lupa. Ang kanilang likas na hilig sa kasamaan ang nagpapadali para sa kanila na pumili ng mga maling landas, at pag-alinlanganan ang pagiging totoo ng mga tala at kasaysayan ng Luma at Bagong Tipan. Nalason ng kamalian ang kanilang mga sarili, nakikita nila ang bawat pagkakataon na maghasik ng mga binhi ng pagdududa sa ibang mga isipan. Ang kalikasan ay dinadakila ng mas higit sa Diyos ng kalikasan, at ang pagiging simple ng pananampalataya ay nawawasak; sapagkat ang pundasyon ng pananampalataya ay ginawang walang katiyakan. Nababalot ng kawalan ng paniniwala, ang mga isipan ng mga nag-aalinlangan ay naiiwang humahampas sa mga bato ng kawalan ng katapatan."—*Ibid,* pp. 329, 330.

## 4. ANG KINASIHAN AY PINUPUNTIRYA

**a. Bukod sa pagsira sa ng Banal na Kasulatan, ano pa ang tumitinding pokus ng nagbabantang pagsalakay ni Satanas? Pahayag 12:17; 19:10.**

---

"Plano ni Satanas na pahinain ang pananampalataya ng bayan ng Diyos sa Mga Patotoo. Ang kasunod ng kawalan ng paniniwala hinggil sa mahahalagang punto ng ating pananampalataya, ang mga haligi ng ating kinalalagyan, pagkatapos ay pag-aalinlangan sa Banal na Kasulatan, at pagkatapos ay ang pababang paghakbang patungo sa kapahamakan. Kapag ang Mga Patotoo, na dating pinaniwalaan, ay pinag-alinlanganan at winalang halaga, alam ni Satanas na ang mga nadaya ay hindi titigil dito; at dinodoble niya ang kanyang mga pagsisikap hanggang sa simulan niya ang mga ito sa hayagang paghihimagsik, na nagiging walang lunas at nagtatapos sa pagkawasak."—, vol. 4, p. 211.

"Ang pinakahuling panlilinlang ni Satanas ay ang gawing walang epekto ang patotoo ng Espiritu ng Diyos. 'Kung saan walang pangitain, ang bayan ay mapapahamak.' Kawikaan 29:18. Si Satanas ay gagawa nang mahusay, sa iba't ibang paraan at sa pamamagitan ng iba't ibang ahensya, upang sirain ang pagtitiwala ng mga nalalabing bayan ng Diyos sa tunay na patotoo. Magdadala siya ng mga huwad na pangitain, upang iligaw at paghaluin ang huwad sa totoo, at labis na masusuklam ang mga tao na ituturing nila ang lahat ng bagay na nagdadala ng pangalan ng mga pangitain, bilang isang uri ng panatisismo; ngunit ang mga matapat na kaluluwa, sa pamamagitan ng paghahambing ng mali at totoo, ay magagawang kilalanin ang pagkaka-iba nila."—*The Faith I Live By,* p. 296.

**b. Ano ang mangyayari kapag ang mga nag-aangking mananampalataya sa mensahe ng ikatlong anghel ay nagsimulang mag-alinlangan sa Mga Patotoo—at madalas, bakit nila ito ginagawa? Juan 3:19, 20.**

---

"Nalalaman ko ang panganib mo. Kung mawawalan ka ng pagtitiwala sa mga patotoo ay maaanod ka palayo sa katotohanan ng Bibliya. Ako ay natatakot na marami ang kukuha ng pagtatanong, pagdududa, at sa aking pagkabalisa para sa inyong mga kaluluwa ay nais kong babalaan kayo. Ilan ang makikinig sa babala? Habang hawak ninyo ngayon ang mga patotoo, kung ang isa ay pagbibigyang sumalungat sa iyong landas, iwawasto ang iyong mga pagkakamali, madarama mo ba ang ganap na kalayaan na tanggapin o tanggihan ang alinmang bahagi o ang kabuuan? Yaong hindi mo gugustuhing matanggap ay ang bahagi na pinakakailangan. Ang Diyos at si Satanas ay hindi kailanman gumagawa ng may pagkakasundo. Ang mga patotoo ay nagtataglay ng panatak ng Diyos o ng kay Satanas. Ang mabuting punungkahoy ay hindi maaaring magbunga ng masamang bunga, ni ang masamang puno ay magbunga ng mabuting bunga. Sa kanilang bunga ay makikilala ninyo sila. Ang Diyos ay nagpahayag. Sino ang nangatakot sa Kanyang salita?"—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 98.

## *Huwebes* *Setyembre 5*

### 5. PAGPAPAHALAGA SA MGA MENSAHE PARA SA KASALUKUYAN

**a. Bakit mahalagang sundin ang mga patotoong ipinadala ng Diyos sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng Espiritu ng hula, lalo na sa mga huling araw na ito? Kawikaan 29:18 (unang kalahati); Oseas 12:13; 2 Cronica 20:20 (huling kalahati).**

"Ang Panginoon ay nananawagan para sa pagpapanumbalik ng tuwirang patotoo na ibinigay noong mga nakalipas na taon. Nananawagan siya para sa isang pagpapanumbalik ng espirituwal na buhay. Ang mga espirituwal na sigasig ng Kanyang bayan ay matagal nang matamlay, ngunit magkakaroon ng muling pagkabuhay mula sa maliwanag na kamatayan. Sa pamamagitan ng pananalangin at pagpapahayag ng kasalanan ay kinakailangan nating linisin ang daan ng Hari. Kapag ginagawa natin ito, ang kapangyarihan ng Espiritu ay darating sa atin. Kinakailangan natin ang pentecostal na kasigasigan. Darating ito; dahil ipinangako ng Panginoon na ipapadala ang Kanyang Espiritu bilang kapangyarihang nananaig sa lahat.

"Ang mga panahong mapanganib ay nasa harapan natin. Ang bawat isa na may kaalaman sa katotohanan ay dapat magising, at ilagay ang kanyang sarili, katawan, kaluluwa, at espiritu, sa ilalim ng disiplina ng Diyos. Ang kalaban ay nasa ating landas. Dapat tayo ay gising na gising, sa ating pagbabantay laban sa kanya. Dapat nating isuot ang buong baluti ng Diyos. Dapat nating sundin ang mga tagubiling ibinigay sa pamamagitan ng Espiritu ng hula. Dapat nating ibigin at sundin ang katotohanan para sa panahong ito. Ito ay magliligtas sa atin mula sa pagtanggap ng malalakas na panlilinlang. Ang Diyos ay nagpapahayag sa atin sa pamamagitan ng Kanyang salita. Siya ay nagsasalita sa atin sa pamamagitan ng mga patotoo sa iglesia, at sa pamamagitan ng mga aklat na nakakatulong upang gawing malinaw ang ating kasalukuyang tungkulin at ang kalagayang dapat nating saklawin ngayon. Ang mga babala na ibinigay, taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin, ay dapat na pakinggan. Kung ating babalewalain sila, anong pagdadahilan ang maibibigay natin?

"Namamanhik ako sa mga nagpapagal para sa Diyos na huwag tanggapin ang huwad para sa tunay. Huwag hayaang mailagay ang katwiran ng tao kung saan ang nakapagpapabanal na katotohanan ay nararapat. Si Kristo ay naghihintay na mag-alab ang pananampalataya at pag-ibig sa puso ng Kanyang bayan. Huwag hayaang ang mga maling teorya ay tumanggap ng pagsang-ayon mula sa mga taong dapat na maging matatag sa saligan ng walang hanggang katotohanan. Ang Diyos ay nananawagan sa atin na hawakan nang mahigpit ang mga pangunahing prinsipyo na nakabatay sa hindi mapag-aalinlanganang kapangyarihan."—*Gospel Workers,* pp. 307, 308.

## *Biyernes* *Setyembre 6*

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Sa anong mga alaala ako nananatili na dapat mapalitan ng mas magagandang alaala?**
2. **Paano ako pinakamahusay na makakapaghanda para sa susunod na malaking pagsubok na hindi maiiwasang harapin?**
3. **Anong mga aspeto ng aking pag-aaral ang kumikilos nang salungat sa aking pananampalataya?**
4. **Bakit ang kaaway ng mga kaluluwa ay determinadong sirain ang mga Patotoo?**
5. **Bakit ako dapat maglaan ng mas maraming oras at pagpapahalaga sa pag-aaral sa kanila?**

# Karagdagang Panahon para sa Isang Layunin

**SAULUHING TALATA: "Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi" (2 Pedro 3:9).**

"Kapag tayo, kasama ng lahat ng tinubos, ay tatayo sa dagat na salamin, na may mga alpang ginto at mga korona ng kaluwalhatian, at sa harapan natin ay ang kalawakan ng walang-hanggan, kung gayon makikita natin kung gaano kaikli ang paghihintay ng panahon ng awa." —*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 485.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church, vol.* 2, pp. 183–199.

## *Linggo* *Setyembre 8*

**1. ANO ANG ATING NAKIKITA?**

**a. Ano ang madalas banggitin ng mga manunuya bilang dahilan ng kanilang mga pag-aalinlangan—at paano nakakaapekto ang pag-uugaling ito kahit sa maraming naghihintay sa Panginoon? 2 Pedro 3:4; Isaias 56:12.**

"Ang pag-ibig sa sanlibutan ay labis na sumasakop sa ating mga pag-iisip na ang ating mga mata ay hindi nakatuon sa itaas, kundi pababa sa lupa. Tayo ay nagmamadali, nakikibahagi nang may pagsisikap at kasigasigan sa iba't ibang gawain, ngunit ang Diyos ay nakakalimutan, at ang makalangit na kayamanan ay hindi pinahahalagahan. Wala tayo sa kalagayang naghihintay, nagbabantay. Ang pag-ibig sa sanlibutan at ang daya ng kayamanan ay nagpapadilim sa ating pananampalataya, at hindi natin inaasam, at iniibig, ang pagpapakita ng ating Tagapagligtas. Masyado tayong nahihirapan na alagaan ang ating sarili. Tayo ay hindi mapalagay at lubos na kulang ng matatag na pagtitiwala sa Diyos. Maraming nag-aalala at gumagawa, nag-iimbento at nagpaplano, natatakot na sila ay magdanas ng kahirapan. Hindi nila kayang maglaan ng panahon para manalangin o dumalo sa mga pang-espirituwal na pagpupulong at, sa kanilang pangangalaga sa kanilang sarili, hindi sila nag-iiwan ng pagkakataon sa Dios na pangalagaan sila. At ang Panginoon ay hindi gaanong gumagawa para sa kanila, dahil hindi nila Siya binibigyan ng pagkakataon. Napakarami nilang ginagawa para sa kanilang sarili, at ang paniniwala at pagtitiwala sa Diyos ay masyadong napakaliit.

Ang pag-ibig sa sanlibutan ay may nakakakilabot na pagkakahawak sa mga tao kaya inutusan ng Panginoon na magbantay at manalangin palagi, baka kung biglang pumarito ay masumpungan Niya silang natutulog."—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 195, 196.

## 2. MAGTATAGAL PA. . . O NAPAKALAPIT NA?

**a. Ipaliwanag kung gaano ang pangungutya madalas nangyayari kahit na sa mga nag-aangking mananampalatayang Adventista. Mateo 24:48–51; Kawikaan 26:20–22; Roma 1:29–32.**

---

"Ang masamang alipin ay nagsasabi sa kanyang puso, 'Ang aking panginoon ay magtatagal sa kanyang pagdating.' Hindi niya sinasabi na si Kristo ay hindi darating. Hindi niya kinukutya ang ideya ng Kanyang ikalawang pagdating. Ngunit sa kanyang puso at sa kanyang mga kilos at pananalita ay ipinapahayag niya na ang pagdating ng Panginoon ay naantala. Inaalis niya sa isipan ng iba ang pananalig na ang Panginoon ay mabilis na darating. Ang kanyang impluwensya ay umaakay sa mga tao sa mapangahas, walang ingat na pagpapaliban. Sila ay napatunayan sa kanilang kamunduhan at pagkahibang. Ang mga makamundong hilig, mga masamang kaisipan, sumasakop sa isipan. Ang masamang alipin ay kumakain at umiinom kasama ng mga lasing, nakikiisa sa sanlibutan sa paghahanap ng kasiyahan. Sinasaktan niya ang kanyang mga kapwa alipin, inaakusahan at hinuhusgahan yaong mga matapat sa kanilang Panginoon."—*The Desire of Ages,* p. 635.

**b. Paano tayo tatayong salungat sa mga nag-iisip na ang pagbabalik ni Kristo ay sa napakalayong hinaharap? Colosas 3:1–4.**

"Habang ang atensyon ng mga makamundo ay nababaling sa iba't ibang pangangalakal, ang sa atin ay dapat na nakatuon sa langit; ang ating pananampalataya ay dapat na umabot nang higit at higit pa sa maluwalhating mga misteryo ng makalangit na kayamanan, na nakukuha ang mahahalagang, banal na mga sinag ng liwanag mula sa makalangit na santuwaryo upang suminag sa ating mga puso, tulad ng pagsinag nito sa mukha ni Jesus. Ang mga mangungutya ay kinukutya ang mga naghihintay, nagbabantay, at nagtatanong: 'Nasaan na ang pangako ng Kanyang pagdating? Kayo ay bigo. Sumali kayo ngayon sa amin, at uunlad kayo sa mga material na mga bagay. Magtamo ng pakinabang, magkamit ng salapi, at makuha ang respeto ng sanlibutan.' Ang mga naghihintay ay tumingin sa itaas at sumagot: 'Kami ay nagbabantay.' Sa pagtalikod mula sa makamundong kaluguran at makamundong karangalan, at mula sa daya ng kayamanan, ay ipinakita nila ang kanilang sarili sa ganong kalagayan. Sa pagbabantay sila ay nagiging malakas; napanagumpayan nila ang katamaran at pagkamakasarili at pag-ibig sa kaalwanan. Ang apoy ng kapighatian ay nagniningas sa kanila, at ang oras ng paghihintay ay tila humahaba. Minsan sila ay nagdadalamhati, at ang pananampalataya ay humihina; ngunit muli silang nagtitipon, nilalabanan ang kanilang mga takot at pag-aalinlangan, at habang ang kanilang mga mata ay nakatuon sa langit, ay sinasabi sa kanilang mga kalaban: 'Ako ay nagbabantay, ako ay naghihintay sa pagbabalik ng aking Panginoon. Ako ay nagagalak sa kapighatian, sa mga pangangailangan.' "—*Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 194, 195.

### 3. PAGPAPARUSA GAMIT ANG MGA ELEMENTO NG KALIKASAN

**a. Anong napakahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo ang kadalasang hindi napapansin? Genesis 6:5–8; 7:23; 2 Pedro 3:5, 6 .**

---

"Bago ang pagkawasak ng matandang mundo sa pamamagitan ng baha, may mga matatalinong tao, mga lalaking nagtataglay ng kasanayan at kaalaman. Ngunit sila ay naging masama sa kanilang imahinasyon, dahil iniwan nila ang Diyos sa kanilang mga plano at pagpupulong. Sila ay matalinong gumagawa ng hindi kailanman sinabi ng Diyos sa kanila, matalino sa paggawa ng masama. Nakita ng Panginoon na ang halimbawang ito ay makakapinsala sa mga ipapanganak sa huli, at inilagay ang bagay sa Kanyang kamay. Sa loob ng isang daan at dalawampung taon Siya ay nagpadala sa kanila ng mga babala sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Noe. Ngunit ginamit nila ang palugit na pahanon na may buong kagandahang-loob na ibinigay sa kanila sa pangungutya kay Noe. Ginawan nila siya ng pangit na paglalarawan at pinulaan. Pinagtawanan nila siya dahil sa kanyang natatanging kasipagan at masidhing damdamin tungkol sa mga paghatol na kanyang ipinahayag na tiyak na tutuparin ng Diyos. Pinag-uusapan nila ang tungkol sa siyensiya at ang mga batas na kumokontrol sa kalikasan. Pagkatapos ay nagdaos sila ng karnabal sa mga salita ni Noe, na tinawag siyang isang baliw na panatiko. Ang pagtitiis ng Diyos ay nasagad."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 1, p. 1090.

**b. Ano ang pinakahuling naghihintay sa planetang ito? 2 Pedro 3:7; Mga Awit 11:6; 59:13.**

---

"Ang kailaliman ng lupa ay ang imabakan ng sandata ng Panginoon, kung saan inilabas Niya ang mga sandata na ginamit Niya sa pagwasak ng lumang mundo. Ang tubig ay bumulwak sa kailaliman ng lupa, at nakiisa sa tubig mula sa Langit, upang maisakatuparan ang gawain ng pagwasak. Mula noong baha, ginamit ng Diyos pareho ang tubig at apoy sa lupa bilang kanyang mga kasangkapan upang sirain ang masasamang lungsod."—*Spiritual Gifts,* vol. 3, p. 82.

"Ang buong gawain ng ama ng mga kasinungalingan ay nakatala sa mga aklat ng batas ng langit, at yaong mga nagpapagamit ng kanilang mga sarili sa paglilingkod kay Satanas, upang ipahayag sa mga tao ang mga kasinungalingan ni Satanas sa pamamagitan ng tuntunin at pagsasagawa, ay tatanggap ayon sa kanilang mga gawa. Ang ugat at sanga ay pupuksain ng apoy ng mga huling araw. Si Satanas, ang nakakakilabot na heneral ng apostasya, ay ang ugat, at ang lahat ng kanyang mga manggagawa, na nagtuturo ng kanyang mga kasinungalingan patungkol sa kautusan ng Diyos, ay ang mga sanga."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1184.

### 4. ANG KAHANGA-HANGANG DIOS NA WALANG HANGGAN

**a. Upang ang mga anak ng Diyos ay magtiwala sa Kanyang mga pangako at magbigay ng pag-asa sa walang-hanggan, paano ang walang limitasyong saklaw ng ating Lumikha ibinuod? Awit 90:4; 2 Pedro 3:8.**

---

"Ang pamana na ipinangako ng Diyos sa Kanyang bayan ay wala sa mundong ito. Si Abraham ay walang pag-aari sa lupa, 'wala, kahit mayapakan ng kaniyang paa.' Gawa 7:5 . Siya ay nagtataglay ng dakilang sangkap, at ginamit niya ito sa ikaluluwalhati ng Diyos at sa ikabubuti ng kanyang kapwa tao; ngunit hindi niya tiningnan ang mundong ito bilang kanyang tahanan. Tinawagan siya ng Panginoon na iwanan ang kanyang mga kababayan na sumasamba sa diyus-diyosan, na may pangako sa lupain ng Canaan bilang isang walang hanggang pag-aari; gayon ma'y hindi niya ito tinanggap o ang kanyang anak o ang anak ng kanyang anak. Nang nais ni Abraham ng isang libingan para sa kanyang patay, kinailangan niyang bilhin ito sa mga Canaanita. Ang tanging pag-aari niya sa Lupang Pangako ay ang libingan na tinabas na bato sa kuweba ng Machpela.

"Ngunit ang salita ng Diyos ay hindi nabigo; ni naabot nito ang huling tagumpay sa pananakop ng mga Judio sa Cannaan. 'Kay Abraham at sa kanyang binhi ay ibinigay ang mga pangako' Galacia 3:16. Si Abraham mismo ang makikibahagi sa mana. Ang katuparan ng pangako ng Diyos ay tila matagal nang naaantala—sapagkat 'ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw' (2 Pedro 3:8); ito ay mukhang nagtatagal; ngunit sa takdang panahon 'walang pagsalang darating, hindi magtatagal' Habakkuk 2:3."—*Patriarchs and Prophets,* pp. 169, 170.

**b. Ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa pagbabalik ni Kristo? 2 Pedro 3:9; Nahum 1:3.**

---

"Ang pagpapahinuhod ng Diyos ay nakakamangha. Matagal na naghihintay ang katarungan habang ang awa ay nagsusumamo sa makasalanan. . . .

"Ang sanlibutan ay naging mapangahas sa paglabag sa batas ng Diyos. Dahil sa Kanyang mahabang pagpapahinuhod niyurakan ng mga tao ang Kanyang kapanyarihan. Pinalakas nila ang isa't isa sa pagmamalupit at kabagsikan sa Kanyang pamana, na nagsasabi, 'Paano nalaman ng Diyos? at may kaalaman ba sa Kataastaasan?' Awit 73:1. Ngunit mayroong hangganan sa kabila na hindi nila malalampasan. Malapit na ang oras kung kailan maaabot na nila ang itinakdang hangganan. Kahit ngayon ay halos lumampas na sila sa mga hangganan ng pagpapahinuhod ng Diyos, sa mga hangganan ng Kanyang biyaya, sa mga hangganan ng Kanyang awa. Ang Panginoon ay mamamagitan upang ipagtanggol ang Kanyang sariling karangalan, upang iligtas ang Kanyang bayan, at upang sugpuin ang mga pagpapalalo ng kasamaan."—*Christ's Object Lessons,* pp. 177, 178.

# Huwebes *Setyembre 12*

## 5. ISANG PAGKAKATAON PARA SA MAS MALALIM NA PAGSISISI

**a. Bakit tayo lubos na magpapasalamat sa pagpapahinuhod ng Diyos? Awit 86:12–15.**

"Ang Panginoon ay handang tulungan tayo, palakasin at pagpalain tayo; ngunit kinakailangan nating dumaan sa proseso ng pagdadalisay hanggang sa masunog ang lahat ng karumihan sa ating pagkatao. Bawat kaanib ng iglesia ay isasailalim sa hurno, hindi para sunugin, kundi para dalisayin."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 485.

"Huwag tumingin sa mga tao o umasa sa kanila, na nadarama na sila ay hindi nagkakamali; kundi tumingin kay Jesus nang patuloy. Huwag magsalita ng anumang bagay na makakasira sa ating pananampalataya. Ipagtapat ang iyong mga lihim na kasalanan nang mag-isa sa harapan ng iyong Diyos. Kilalanin ang paglayo ng iyong puso sa Kanya na lubos na nakakaalam kung paano ituring ang iyong kalagayan. Kung ikaw ay nagkasala sa iyong kapwa, aminin mo sa kanya ang iyong kasalanan at ipakita ang bunga nito sa pamamagitan ng pagsasauli. Pagkatapos ay angkinin ang pagpapala. Lumapit sa Diyos kung ano ang iyong pagkatao, at hayaang pagalingin ka Niya ang lahat ng iyong mga kahinaan. Idulog ang iyong kalagayan sa trono ng biyaya; maging masusi sa iyong gawain. Maging matapat sa pakikitungo sa Diyos at sa iyong sariling kaluluwa. Kung lalapit ka sa Kanya na may pusong tunay na nagsisisi, ibibigay Niya sa iyo ang tagumpay. Pagkatapos ay maaari kang magbigay ng matamis na patotoo ng kalayaan, na nagpapakita ng mga papuri sa Kanya na tumawag sa iyo mula sa kadiliman tungo sa Kanyang kamangha-manghang liwanag. Hindi Niya gagawing hindi ka maiintindihan o husgahan ka. Ang iyong kapwa tao ay hindi ka mapapawalang-sala o malilinis ka sa kasamaan. Si Hesus lamang ang makapagbibigay sa iyo ng kapayapaan. Iniibig ka Niya at ibinigay ang Kanyang sarili para sa iyo. Ang kanyang dakilang puso na may pag-ibig ay 'nahahabag sa ating mga kahinaan?' Anong mga kasalanan ang napakalaki para sa Kanya upang hindi mapatawad? May kaluluwa bang may napakadilim at inuusig ng kasalanan upang iligtas Niya? Siya ay mapagbiyaya, hindi naghahanap ng merito sa atin, kundi sa Kanyang sariling walang hangganang kabutihan na nagpapagaling sa ating mga pagkahulog sa tukso at malayang umiibig sa atin, habang tayo ay makasalanan pa. Siya ay 'mabagal sa pagkagalit, at may dakilang kabaitan;' 'mapagpahinuhod sa atin, hindi ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsisi.' "—Ibid., p. 649.

# Biyernes *Setyembre 13*

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Anong mga aspeto ng sanlibutan ang maaaring makagambala sa akin palayo sa Diyos?**
2. **Paano ako maaaring magkasala ng pananakit sa aking mga kapuwa lingkod, sa espirituwal na pananalita?**
3. **Bakit ako dapat magkaroon ng matalas na kamalayan sa darating na pagpaparusa sa pamamagitan ng apoy?**
4. **Ipaliwanag ang mana ni Abraham at ng kanyang mga anak (Galacia 3:29).**
5. **Bakit ako dapat magpasalamat sa konting karagdagang panahong ito—at paano ko ito gagamitin?**

# Anong Uri ng mga Pagkatao?

**SAULUHING TALATA: " Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain," (2 PEDRO 3:11).**

"Ang pakikipagpalit na ginagawa natin sa pagtanggi sa mga makasariling pagnanasa at hilig ay isang pakikipagpalit ng walang halaga at pansamantala para sa napakahalaga at nananatili. Hindi ito sakripisyo, kundi walang hanggang kapakinabangan. . . . Anuman ang hilingin sa atin ni Kristo na talikuran, nag-aalok Siya ay nag-aalok ng kapalit nito ng isang bagay na mas mabuti."—*Education,* p. 296.

**Iminumungkahing Babasahin:** *Early Writings, pp.* 52–54;
*The Great Controversy, pp.* 662–673.

## *Linggo* *Setyembre 15*

### 1. HINDI MAIIWASAN, HINDI MAPAPAWI

**a. Paano inilalarawan ang panghuling paghatol ng ehekutibo? 2 Pedro 3:10.**

"Ang bagong langit, at ang bagong lupa, (Pahayag 21:1. Isaias 65:17. 2 Pedro 3:13.) ay hindi lilitaw, hanggang pagkatapos na ang masasamang patay ay ibangon, at lipulin, sa katapusan ng 1000 taon. Nakita ko na si Satanas ay 'pinakawalan mula sa kanyang bilangguan,' sa pagtatapos ng 1000 taon, sa oras na ang masasamang patay ay ibinangon; at nilinlang sila ni Satanas sa pamamagitan ng pagpapapaniwala sa kanila na makukuha nila ang banal na lungsod mula sa mga banal. Ang lahat ng masasama ay sumulong sa palibot ng 'kampo ng mga banal,' kasama si Satanas na nangunguna sa kanila; at nang sila ay handa nang gumawa ng pagsisikap na sakupin ang lunsod, ang Makapangyarihan sa lahat ay huminga mula sa kanyang mataas na trono, sa lungsod, ang hininga ng lumalamong apoy, na bumaba sa kanila, at sinunog sila, 'ugat at sanga.'

"At nakita ko, na kung paanong si Kristo ang puno ng ubas, at ang Kaniyang mga anak ay ang mga sanga: gayon din si Satanas ang 'ugat', at ang kaniyang mga anak ay ang 'mga sanga;' at sa huling pagkawasak ni 'Gog at Magog,' ang buong masamang hukbo ay masusunog, 'ugat at sanga,' at titigil sa pag-iral."—*A Word to the Little Flock,* pp. 11, 12.

## 2. ANG LUPA AY NILINIS

**a. Paano nakita ng mga propeta sa Lumang Tipan ang huling pagkawasak ng kasamaan at ang paglilinis ng lupa? Isaias 34:8–10; Ezekiel 28:16–19.**

---

"Ang apoy ay bumaba mula sa Diyos mula sa langit. Ang lupa ay nasira. Inilabas ang mga sandata na nakatago sa kailaliman nito. Ang lumalamong apoy ay sumasambulat mula sa bawat nakabukang bitak. Ang mismong mga bato ay nasusunog. Dumating na ang araw na magniningas na parang hurno. Ang mga elemento ay natutunaw sa matinding init, gayundin ang lupa, at ang mga gawa na naroroon ay nasusunog. Malakias 4:1; 2 Pedro 3:10. Ang ibabaw ng lupa ay tila isang natunaw na masa—isang malawak, kumukulong lawa ng apoy. Ito ang panahon ng paghatol at kapahamakan sa mga taong di-makadiyos—'ang araw ng paghihiganti ng Panginoon.' . . .

"Ang masasama ay tatanggap ng kanilang kabayaran sa lupa. Kawikaan 11:31 . Sila ay 'magiging dayami: at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.' Malakias 4:1. Ang ilan ay nalipol sa isang sandali, habang ang iba ay nagdurusa ng maraming araw. Ang lahat ay pinarurusahan 'ayon sa kanilang mga gawa.' Ang mga kasalanan ng mga matuwid na nailipat kay Satanas, pagdurusahan niya hindi lamang dahil sa kanyang sariling paghihimagsik, kundi dahil sa lahat ng mga kasalanan na siya ang naging dahilan upang ang bayan ng Diyos ay magkasala. Ang parusa sa kanya ay higit na mas malaki kaysa sa mga nalinlang niya. Matapos na mamatay ang lahat na nahulog sa pamamagitan ng kanyang mga panlilinlang, siya ay mabubuhay pa at patuloy na magdurusa. Sa naglilinis na apoy ang masasama sa wakas ay nalipol, ugat at sanga—si Satanas ang ugat, ang kanyang mga tagasunod ang mga sanga. Ang buong parusa ng kautusan ay iginawad; ang mga hinihingi ng hustisya ay natugunan; at ang langit at ang lupa, na nakamasid, ay nagpapahayag ng katuwiran ng Panginoon."—*The Great Controversy,* pp. 672, 673.

**b. Ilarawan ang kagandahan ng susunod na hakbang ng Diyos. Pahayag 20:7–10, 15; 21:1.**

---

"Kapag natapos ng linisin ng Diyos ang lupa, ito ay lilitaw na parang lawa ng apoy na walang hangganan. Habang iniingatan ng Diyos ang arka sa gitna ng mga kaguluhan ng baha, dahil naglalaman ito ng walong matuwid na tao, iingatan Niya ang Bagong Jerusalem, na naglalaman ng mga matapat sa lahat ng panahon, mula sa matuwid na si Abel hanggang sa huling banal na nabuhay. Bagaman ang buong lupa, maliban sa bahaging iyon kung saan namamahinga ang lungsod, ay mababalot sa dagat ng likidong apoy, gayunpaman ang lungsod ay naiingatan tulad ng arka, sa pamamagitan ng isang himala ng Napakadakilang kapangyarihan. Tatayo itong ligtas sa gitna ng lumalamong mga elemento. "— *Spiritual Gifts,* vol. 3, p. 87.

### 3. NAKAKALUNGKOT NA KAGANAPAN

**a. Ano ang dapat na panghuli, at pinakamatinding kaganapan na darating sa mga nanahan sa lupa na dapat nating isaalang-alang? Awit 139:23, 24; 2 Pedro 3:11.**

"Kapag ang katotohanan ay may nakapagpapabanal na impluwensya sa ating mga puso at buhay, maaari tayong magbigay sa Diyos ng katanggap-tanggap na paglilingkod at luwalhatiin Siya sa lupa, bilang nakikibahagi ng banal na likas na nakatakas sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masasamang pita.

"O, gaano karami ang masusumpungang hindi handa kapag ang Panginoon ay dumating upang kilalanin ang Kanyang mga lingkod! Marami ang may kaunting ideya kung ano ang bumubuo sa isang Kristiyano. Ang pagiging matuwid sa sarili ay magiging walang pakinabang. Yaon lamang mga makakatagal sa pagsubok ay ang mga masusumpungang nagtataglay ng katuwiran ni Cristo, na puspos ng Kanyang espiritu, at lumalakad nang katulad sa Kaniyang mga lakad, sa kadalisayan ng puso at buhay. Ang pakikipag-usap ay dapat na banal, at pagkatapos ang mga salita ay sasangkapan ng biyaya."—*Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 317, 318.

**b. Ipaliwanag ang mas malalim na pagtatalaga na kailangang-kailangan natin. 1 Juan 2:6.**

"Ang bawat kaluluwa na tunay na naniniwala sa katotohanan ay magkakaroon ng katumbas na mga gawa. Lahat ay magiging masigasig at taimtim, at hindi mapapagod sa kanilang mga pagsisikap na maakit ang mga kaluluwa kay Kristo. Kung ang katotohanan ay unang itinanim nang malalim sa kanilang sariling mga kaluluwa, pagkatapos ay sisikapin nilang itanim ito sa puso ng iba. Ang katotohanan ay lubos na iniingatan sa labas ng hukuman. Dalhin ito sa panloob na templo ng kaluluwa, iluklok ito sa puso, at hayaang kontrolin nito ang buhay. Ang salita ng Diyos ay dapat pag-aralan at sundin, kung gayon ang puso ay makakatagpo ng kapahingahan at kapayapaan at kagalakan, at ang mga mithiin ay patutungo sa langit; ngunit kapag ang katotohanan ay inihiwalay sa buhay, sa labas ng korte, ang puso ay hindi maiinitan ng nagniningas na apoy ng kabutihan ng Diyos.

"Ang relihiyon ni Jesus ay, ang karamihan ay inilalaan, para sa ilang mga araw, o ilang mga okasyon, at sa ibang mga panahon ay isinasantabi at napapabayaan. Ang nananatiling prinsipyo ng katotohanan ay hindi lamang para sa ilang oras sa Sabbath, o para sa ilang mga gawa ng pag-ibig sa kapwa, kundi ito ay dapat dalhin sa puso, dinadalisay at pinapabanal ang pag-uugali. Kung may sandali na ang tao ay ligtas nang wala ang espesyal na liwanag at lakas na ito mula sa langit, kung gayon maaari niyang iwaksi ang katotohanan ng Diyos. Ang Bibliya, ang dalisay, banal na salita ng Diyos, ay dapat na maging kanyang tagapayo at patnubay, ang kumokontrol na kapangyarihan ng kanyang buhay. Nagbibigay ito ng mga aral sa atin kung isasapuso natin ang mga ito."—Ibid., vol. 5, p. 547.

## 4. HINDI DAPAT NA MAPIGILAN

**a. Ilarawan ang plano ng Diyos para sa Kanyang bayan—at kung paano ang mga nag-aatubili na nakatuon sa sanlibutang ito nagpapahayag ng reaksyon sa planong iyon at sa mga nagsisikap na mamuhay ayon dito. Tito 2:11–14; Deuteronomio 26:18.**

---

"Dumating na ang panahon na ang malaking bahagi ng mga minsang nagalak at sumigaw nang malakas sa kagalakan dahil sa pag-aasam sa pagparito ng Panginoon, ay nasa kinatatayuan ng mga iglesia at ng sanlibutan na minsan ay tinutuya sila sa paniniwalang si Jesus ay darating, at nagpakalat ng lahat ng uri ng kasinungalingan upang magdulot ng maling palagay laban sa kanila at sirain ang kanilang impluwensya. Ngayon, kung ang sinuman ay nananabik sa Diyos na buhay, nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, at ibibigay ng Diyos sa kanya ang Kanyang kapangyarihan, at binibigyang-kasiyahan ang kanyang nananabik na kaluluwa sa pamamagitan ng pagbuhos ng Kanyang pag-ibig sa kanyang puso, at kung niluluwalhati niya ang Diyos sa pamamagitan ng pagpuri sa Kanya, siya ay, sa pamamagitan ng mga nag-aangking mananampalatayang ito sa nalalapit na pagbabalik ng Panginoon, ay kadalasang itinuturing na nalinlang, at pinaparatangang nahipnotismo o mayroong masamang espiritu.

"Marami sa mga nag-aangking Kristiyano na ito ay nananamit, nagsasalita, at kumikilos tulad ng sanlibutan, at ang tanging bagay na maaari silang makilala ay ang kanilang pag-aangkin. Bagama't sinasabi nilang hinahanap nila si Kristo, ang kanilang pakikipag-usap ay hindi sa langit, kundi sa mga makamundong bagay. ' ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain, Na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios, ' 2 Pedro 3:11, 12. At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis..' 1 Juan 3:3. Ngunit maliwanag na marami sa mga nagtataglay ng pangalan ng Adventista ang higit na nag-aaral upang palamutihan ang kanilang mga katawan at magmukhang maganda sa mga mata ng sanlibutan kaysa matuto sila mula sa Salita ng Diyos kung paano sila maaaring maging karapatdapat sa Kaniya."—*Early Writings,* p. 108.

**b. Sa kabaliktaran, ano ang dapat nating pagtuunan ng pansin? 2 Corinto 4:18.**

"Magpakailanman ay itigil na ang inyong mga pagbubulong-bulong tungkol sa mahirap na buhay na ito, ngunit hayaang ang maging pasanin ng iyong kaluluwa ay, kung paano matiyak ang mas mainam na buhay kaysa dito, isang karapatan sa mga mansyon na inihanda para sa mga totoo at matapat hanggang wakas. Kung makakagawa ka ng pagkakamali dito, mawawala ang lahat. Kung ilalaan mo ang iyong buhay sa pagkakaroon ng mga kayamanan sa lupa, at mawawala ang makalangit, malalaman mong nakagawa ka ng isang kakila-kilabot na pagkakamali. Hindi mo maaaring makamtan ang parehong mga mundo."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 706.

# *Huwebes* *Setyembre 19*

## 5. PAGTINGALA NG MAS MATAAS

**a. Paano tayo binabalaan laban sa bulag na pagtitiwala sa kahinaan ng mga pinuno at iba pang malalapit na kasama na maaaring magkamali? Isaias 3:11, 12; Amos 2:4; 4:12.**

"May mga taong, bagaman inaakalang naglilingkod sa Diyos, ay mabilis na nabibigkisan ng pagtataksil. Para sa kanila ang mga baluktot na landas ay tila matuwid; sila ay nabubuhay sa patuloy na paglabag sa katotohanan ng Diyos; ang mga maling prinsipyo ay nakahabi na sa kanilang pamumuhay, at saanman sila magpunta ay naghahasik sila ng mga binhi ng kasamaan. Sa halip na akayin ang iba kay Kristo, ang kanilang impluwensya ay nagiging sanhi ng kanilang pagtatanong at pagdududa."—*Testimonies to Ministers,* p. 281.

"Mag-ingat sa mga nangangaral sa iba ng salita ng buhay ngunit hindi nila pinahahalagahan ang diwa ng pagpapakumbaba at pagtanggi sa sarili na itinuturo nito. Ang ganitong mga tao ay hindi maaasahan sa isang krisis. Hindi nila agad na pinapansin ang tinig ng Diyos gaya ng ginawa ni Saul, at tulad niya ay marami ang handang bigyang-katwiran ang kanilang landas. Nang sinaway ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta, buong tapang na iginiit ni Saul na sinunod niya ang tinig ng Diyos; ngunit ang mga umiiyak na tupa at umuungal na mga baka ay nagpatotoo na hindi niya sinunod. Sa gayunding paraan, marami sa ngayon ang iginigiit ang kanilang katapatan sa Diyos, ngunit ang kanilang mga konsiyerto at iba pang mga pagtitipon sa kasiyahan, ang kanilang makamundong pagsasama, ang kanilang pagluwalhati sa sarili, at ang kanilang pananabik na pagnanais para sa katanyagan ay pawang nagpapatotoo na hindi nila sinunod ang Kanyang tinig. 'Tungkol sa Aking bayan, ang mga bata ang mamimighati sa kanila, at ang mga babae ay mangagpupuno sa kanila.'

"Iyan ay isang mataas na pamantayan na itinakda sa atin ng ebanghelyo. Ang hindi nagbabagong Kristiyano ay hindi lamang bata kundi isang marangal na nilalang kay Kristo Hesus. Siya ay isang hindi nagkukulang na liwanag upang ipakita sa iba ang daan patungo sa langit at sa Diyos. Siya na kumukuha ng kanyang buhay kay Kristo ay hindi magkakaroon ng pagnanais para sa walang kabuluhan, hindi kanais-nais na mga kasiyahan ng sanlibutan."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 88.

# *Biyernes* *Setyembre 20*

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Ipaliwanag ang katotohanan sa Bibliya tungkol sa karaniwang tinatawag na apoy sa impiyerno.**
2. **Anong himala ang ginagawa ng Diyos sa gitna ng di-namamatay na apoy na iyon?**
3. **Paano ko mapalalalim ang aking karanasan bilang Kristiyano, at bakit ito kinakailangan?**
4. **Ipaliwanag ang mga panganib ng pagtitiwala sa isang makalaman na bisig tungkol sa kaligtasan.**
5. **Anong mga hakbang ang dapat kong personal na gawin para mas masusing tumutok sa walang hanggan?**

# Nagsusumikap Hanggang sa Wakas

**SAULUHING TALATA: "Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipagingat kayo, baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mangahulog kayo sa inyong sariling katiyagaan. Datapuwa't magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailan man. Siya nawa." (2 Pedro 3:17, 18).**

"Walang pagpapabanal sa Bibliya para sa mga nagtatapon ng bahagi ng katotohanan sa likuran nila."—*The SDA Bible Commentary,* [E. G. White Comments], vol. 7, p, 947.

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Acts of the Apostles,* pp. 557–567.

## *Linggo* *Setyembre 22*

**1. AKTIBONG PINABIBILIS ANG HAKBANGIN**

**a. Dahil sa pagtanaw sa pangkatapusang apoy, ano ang panawagan sa atin na dapat gawin? 2 Pedro 3:12.**

"Ngayon, bago ang pagdating ng Anak ng tao, ang walang hanggang ebanghelyo ay ipangangaral 'sa bawat bansa, at lahi, at wika, at mga tao.' Pahayag 14:6, 14. Ang Dios 'ay nagtakda ng isang araw na Kanyang hahatulan ang sanlibutan.' Gawa 17:31. Sinasabi sa atin ni Kristo kung kailan magsisimula ang araw na iyon. Hindi Niya sinabi na ang buong mundo ay mahihikayat, kundi na 'ang ebanghelyong ito ng kaharian ay ipangangaral sa buong mundo bilang saksi sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayon ay darating ang wakas.' Sa pamamagitan ng pagbibigay ng ebanghelyo sa sanlibutan nasa ating kapangyarihan na mapabilis ang muling pagbabalik ng ating Panginoon. Hindi lamang tayo dapat tumingin kundi pabilisin ang pagdating ng araw ng Diyos. 2 Pedro 3:12, margin. Kung ginagawa ng iglesia ni Cristo ang gawaing itinalaga sa kanya ayon sa iniatas ng Panginoon, ang buong mundo sana ay nabigyan na ng babala noon pa, at ang Panginoong Jesus ay dumating na sa ating mundo sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

Ang mga naghihintay sa Panginoon ay nililinis ang kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan. Sa mapagpuyat na pagbabantay pinagsasama nila ang masigasig na paggawa. Dahil nalalaman nila na ang Panginoon ay nasa pintuan na, ang kanilang kasigasigan ay binubuhay upang makipagtulungan sa mga banal na kinatawan sa paggawa para sa kaligtasan ng mga kaluluwa."—*The Desire of Ages,* pp. 633, 634.

## 2. ISANG KAHANGA-HANGANG PRIBILEHIYO!

**a. Paano ng bawat isa sa atin mapapabilis ang pagbabalik ni Kristo? Eclesiastes 11:1, 2, 6.**

"Si Kristo ay ibinigay sa iglesia ang isang sagradong utos. Ang bawat kaanib ay dapat maging isang daluyan kung saan maipapahayag ng Diyos sa sanlibutan ang mga kayamanan ng Kanyang biyaya, ang hindi masaliksik na kayamanan ni Kristo. Walang ibang higit na ninanais ang Tagapagligtas bilang mga kinatawan na kakatawan sa sanlibutan ng Kanyang Espiritu at Kanyang katangian. Wala nang ibang higit na kinakailangan ng sanglibutan kundi ang pagpapakita sa pamamagitan ng sangkatauhan ng pag-ibig ng Tagapagligtas. Ang buong langit ay naghihintay para sa mga lalaki at babae kung kanino maaaring ihayag ng Diyos ang kapangyarihan ng Kristiyanismo.

"Ang iglesia ay ahensya ng Diyos para sa pagpapahayag ng katotohanan, na binigyan Niya ng kapangyarihang gumawa ng isang natatanging gawain; at kung siya ay matapat sa Kanya, masunurin sa lahat ng Kanyang mga kautusan, doon ay mananahan sa kalooban niya ang kadakilaan ng banal na biyaya. Kung siya magiging tunay sa kanyang katapatan, kung pararangalan niya ang Panginoong Diyos ng Israel, walang kapangyarihan na makakatayo laban sa kanya.

"Ang kasigasigan para sa Diyos at sa Kanyang layunin ay nag-udyok sa mga disipulo na magpatotoo sa ebanghelyo nang may napakalakas na kapangyarihan. Hindi ba ang isang katulad na sigasig ay dapat mag-alab sa ating mga puso ng may determinasyong ipahayag ang kuwento ng tumutubos na pag-ibig, ng tungkol kay Kristo at Siya na ipinako sa krus? Pribilehiyo ng bawat Kristiyano, hindi lamang para maghanap, kundi pabilisin ang pagdating ng Tagapagligtas."—*The Acts of the Apostles,* p. 600.

**b. Paano inilarawan ng Diyos ang Kanyang layunin para sa atin? Awit ni Solomon 6:10; Awit 60:4.AWIT 60:4.**

"Ang katotohanan at kasinungalingan ay malapit na sa kanilang huling tunggalian. Tayo ay humakbang na sa ilalim ng sagisag na namantsahan ng dugo ng Prinsipe Emmanuel, . . . sapagkat ang katotohanan ay magtatagumpay."—*Christian Service,* p. 77.

"Kung isusuot ng iglesia ang balabal ng katuwiran ni Kristo, na hihiwalay sa lahat ng pagkaka-ugnay sa sanglibutan, nasa harapan niya ang bukang-liwayway ng isang maliwanag at maluwalhating araw. Ang pangako ng Diyos sa kanya ay mananatili magpakailanman. Gagawin niya siyang walang hanggang kadakilaan, isang kagalakan ng maraming henerasyon. Ang katotohanan, na dumaraan sa mga humahamak at tumatanggi dito, ay magtatagumpay. Bagama't kung minsan ay tila may pagkaantala, ang pag-unlad nito ay hindi kailanman napipigilan. Kapag ang mensahe ng Diyos ay hinaharap ng may pagsalungat, binibigyan Niya ito ng karagdagang puwersa, upang ito ay magkaroon ng higit na impluwensya. Pinagkakalooban ng banal na sigasig, hahawiin nito ang pinakamalakas na mga hadlang at magtatagumpay sa bawat balakid."—Ibid., p. 601.

## 3. KALAKASAN AT PAG-ASA

**a. Ano ang nagbibigay ng lakas sa bawat mananampalataya na nagnanais na isagawa ang misyon ng pagliligtas ng kaluluwa? Isaias 53:11; 2 Corinto 5:14, 15; 12:9.**

---

"Mayroong mga pagpapagal at tunggalian, pagtanggi sa sarili at mga lihim na pagsubok sa puso, para sa ating lahat na haharapin at titiisin. Magkakaroon ng kalungkutan at pagluha para sa ating mga kasalanan; magkakaroon ng patuloy na pakikibaka at pagbabantay, na may halong pagsisisi at kahihiyan dahil sa ating mga pagkukulang. . . .

"Hayaan ang pag-ibig ni Kristo ang pumilit sa atin na maging lubos na mahabagin at magiliw, upang tayo ay makapagdalamhati sa mga nagkakasala at sa mga tumalikod sa Diyos. Ang kaluluwa ay walang katumbas ang halaga. Ang halaga nito ay matatantya lamang sa halagang ibinayad upang matubos ito. Kalbaryo! Kalbaryo! Kalbaryo! Ang makapagpapaliwanag ng tunay na halaga ng kaluluwa. . . .

"Kung walang kapangyarihan ng biyaya sa puso, na tumutulong sa ating mga pagsisikap at nagpapabanal sa ating mga gawain, mabibigo tayo sa pagliligtas ng ating sariling mga kaluluwa at sa pagliligtas ng mga kaluluwa ng iba. Ang sistema at kaayusan ay napakahalaga, ngunit walang dapat makatanggap ng impresyon na ang mga ito ang gagawa ng gawain nang walang biyaya at kapangyarihan ng Diyos na kumikilos sa isipan at puso. Ang puso at laman ay mabibigo sa pagganap ng mga seremonya, at sa pagsasakatuparan ng ating mga plano, nang walang kapangyarihan ng Diyos na magbigay ng inspirasyon at lakas ng loob na magsagawa."—*Testimonies for the Church,* vol. 3, pp. 187, 188.

**b. Bakit ang pag-asa ng walang-hanggan ay lubos na nakapagpapasigla? 2 Pedro 3:13; Awit 149:4.**

"Ang maaamo ay 'mamanahin ang lupa.' Dahil sa pagnanais na itaas ang sarili kaya't ang kasalanan ay pumasok sa mundo, at nawala ang kapangyarihan ng ating unang mga magulang sa napakagandang lupang ito, ng kanilang kaharian. Ito ay dahil sa pagtanggi sa sarili na tinubos ni Kristo ang nawaglit. At sinabi Niya na tayo ay dapat magtagumpay tulad ng ginawa Niya. Pahayag 3:21. Sa pamamagitan ng pagpapakumbaba at pagsuko sa sarili maaari tayong maging mga tagapagmana kasama Niya kapag 'mamanahin ng maaamo ang lupa.' Awit 37:11.

"Ang lupang ipinangako sa maamo ay hindi katulad nito, na pinadilim ng anino ng kamatayan at ng sumpa. 'Tayo, ayon sa Kanyang pangako, ay naghihintay ng bagong langit at ng bagong lupa, kung saan nananahan ang katuwiran.' . . .

"Walang kabiguan, walang kalungkutan, walang kasalanan, walang magsasabi, Ako ay may sakit; walang mahabang hanay sa paglilibing, walang pagluluksa, walang kamatayan, walang paghihiwalay, walang mga wasak na puso; ngunit naroon si Jesus, nandoon ang kapayapaan."—*Thoughts From the Mount of Blessing,* p. 17.

## 4. ISANG MAHALAGANG PANAWAGAN

**a. Ano ang binibigyang-diin ni Pedro sa kanyang sulat—at bakit? 2 Pedro 3:14.**

---

"Hindi natin nalalaman balang araw kung gaano kalakas ang ating pakikitunggali sa susunod. Si Satanas ay nabubuhay, at aktibo, at araw-araw ay kinakailangan nating taimtim na tumangis sa Diyos para sa tulong at kalakasan upang labanan siya. Hangga't si Satanas ay naghahari ay may sarili tayong kailangan supilin, mga pagdurusa na dapat mapanagumpayan, at walang lugar sa pagtigil, walang punto na mararating at masasabing lubos na nating naabot.

"Filipos 3:12: 'Hindi sa ako'y nagtamo na, o ako'y nalubos na: kundi nagpapatuloy ako, baka sakaling maabot ko yaong ikinaaabot naman sa akin ni Cristo Jesus.'

"Ang buhay Kristiyano ay patuloy na pasulong. Si Jesus ay nakaupo bilang isang tagapagdalisay at tagapaglinis ng Kanyang bayan; at kapag ang Kanyang wangis ay ganap na nakita sa kanila, sila ay mga dalisay at banal, at handa na para sa paglilipat. Isang dakilang gawain ang hinihiling sa Kristiyano. Pinapayuhan tayo na linisin ang ating mga sarili mula sa lahat ng karumihan ng laman at espiritu, na ginagawang lubos ang kabanalan sa pagkatakot sa Diyos."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 340.

**b. Bakit mahalaga ang pagtitiis sa ating pagpapakabanal? 2 Pedro 3:15, 16; Lucas 21:19.**

---

"May mga bagay sa Banal na Kasulatan na mahirap unawain at, ayon sa wika ni Pedro, na ang mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na nakikipagbuno sa ikapapahamak din nila. Maaaring hindi natin, sa buhay na ito, maipaliwanag ang kahulugan ng bawat talata ng Kasulatan; ngunit walang mahahalagang punto ng praktikal na katotohanan na magiging maulap sa misteryo. Kapag dumating na ang panahon, sa probidensya ng Diyos, para ang sanglibutan ay masubok sa katotohanan para sa panahong iyon, ang mga isipan ay gagamitin ng Kanyang Espiritu upang saliksikin ang mga Banal na Kasulatan, kahit na may pag-aayuno at sa panalangin, hanggang ang kawing sa kawing ay mahanap at maiugnay sa isang ganap na kadena. Bawat katotohanan na direktang may kinalaman sa kaligtasan ng mga kaluluwa ay gagawing napakalinaw na walang kailangang magkamali o lumakad sa kadiliman.

"Habang sinusunod natin ang dugtong-dugtong na propesiya, ang inihayag na katotohanan para sa ating panahon ay malinaw na nakikita at naipapaliwanag. Tayo ay may pananagutan para sa mga pribilehiyong ating tinatamasa at para sa liwanag na sumisinag sa ating landas."—Ibid., vol. 2, p. 692.

" 'Sapagka't ito ang kalooban ng Dios, sa makatuwid baga'y ang inyong pagpapakabanal.' 1 Tesalonica 4:3. Ito ba ay inyong kalooban din?"—*The Acts of the Apostles,* p. 566.

# Huwebes Setyembre 26

**5. MATATAG SA PAG-ASA**

**a. Paano tayo pinayuhan ni Pedro sa mapagpuyat na pagtitiyaga? 2 Pedro 3:17.**

"Ang mga tagubiling nakasaad sa salita ng Diyos ay hindi nag-iiwan ng puwang para makompromiso sa kasamaan. Ang Anak ng Diyos ay nahayag upang mailapit Niya ang lahat ng tao sa Kanyang sarili. Siya ay naparito hindi upang payapain ang sanlibutan sa pagtulog, kundi para ituro ang makipot na landas kung saan ang lahat dapat maglakbay na sa huli ay makakarating sa mga pintuan ng Lungsod ng Diyos. Ang Kanyang mga anak ay dapat sumunod kung saan pinangungunahan Niya ang daan; sa anumang pagsakripisyo ng kaalwanan o makasariling pagpapakabuyo, sa anumang pagsisikap sa paggawa o kahirapan, dapat nilang panatilihin ang patuloy na pakikipaglaban sa sarili."—*The Acts of the Apostles,* p. 566.

**b. Sa pagtatapos ng sulat, ano ang huling panawagan ng apostol? 2 Pedro 3:18.**

Ang iyong mga kasalanan ay maaaring maging parang mga bundok sa iyong harapan; ngunit kung ipagpapakumbaba mo ang iyong puso at ipapahayag ang iyong mga kasalanan, nagtitiwala sa mga merito ng isang ipinako sa krus at muling nabuhay na Tagapagligtas, Siya ay magpapatawad at lilinisin ka sa lahat ng kalikuan. Ang Diyos ay hinihiling ang iyong buong pagsunod sa Kanyang kautusan. Ang kautusang ito ay ang alingawngaw ng Kanyang tinig na nagsasabi sa iyo, Mas Banal, oo, mas magpakabanal pa. Naisin ang kapuspusan ng biyaya ni Kristo. Hayaang mapuno ang iyong puso ng matinding pagnanais para sa Kanyang katuwiran, ang gawain na ipinapahayag ng salita ng Diyos ay kapayapaan, at ang epekto nito ay katahimikan at katiyakan magpakailanman.

Habang pinagninilayan mo ang mga kayamanan na ito ay darating ka sa pag-aangkin ng mga ito at ihahayag ang mga merito ng paghihirap ng Tagapagligtas, ang proteksyon ng Kanyang katuwiran, ang kabuuan ng Kanyang karunungan, at ang Kanyang kapangyarihang iharap ka sa harapan ng Ama 'nang walang dungis, at walang kapintasan.' "—Ibid., pp. 566, 567.

# Biyernes Setyembre 27

**PERSONAL NA MGA KATANUNGAN PARA SA PAGBABALIK-ARAL**

1. **Ano ang nagpapatunay na ang ating kasigasigan ay talagang bubuhayin?**
2. **Anong praktikal na mga hakbang ang maaari kong gawin upang mapabilis ang pagbabalik ng Panginoon?**
3. **Sa kabila ng lahat ng pambu-bully at pananakot, sino ang magmamana ng planetang ito?**
4. **Bakit kinakailangan kong maging seryoso sa proseso ng pagpapakabanal?**
5. **Habang nakikita ko ang lalim ng aking napakalaking kasalanan, ano ang dapat kong gawin?**

# Mga Handog sa Unang Sabbath




## Hulyo 6

para sa Chapel, School, at Office sa Liberia
(see p. 4)

## Agosto 3

para sa GC Education Department
(see p. 25)





## Setyembre 7

para sa Angolan Union Headquarters
(see p. 46)